

AGUIAR

Nangalunod sa Katihon

1911

TN-2

“LA PERLA”

Gawaan ng Tinapay at Matamis.

Nagbibilí ng mga biskotso
at ng sarisaring “CANDY”
at “JALEA”. Nagkagan-
tingpala sa mga Tangha-
lan sa Hanoy nang 1902
at San Luis (E. U.) nang
:—:—:—: 1904. :—:—:—:

Liwasang Santa Cruz Blg. 96-98

[MAYNILA]

“LAS ISLAS FILIPINAS”

MALAKING ALMASÉN

— NG —

SARISARING DAMIT AT MAGAGAN-
DANG MGA BAGONG LITAW

NI

Valle, Evangelista at Tanjoco

ESKOLTA, 101, BINUNDOK.

EL HOGAR FILIPINO SAMAHAN NG PAGPAPAGAWA : : AT PAGPAPAUTANG. : : ESCOLTA, 24.

LUPONG PAMUNUAN	Puhunang natatala.	Puhunang naikalat.	Pautang na may sangla al laang ipagpagawa.
Pangulo	31 Agosto	₱1,436,400	₱239,130.00
Antonio R. Roxas.	₱215,800		
Pangalawang Pangulo	Mga aksiyon.		
Manuel Earnshaw.	<p>NARARAPAT SA LAHAT. Ang mga aksiyong pangkaraniwan para sa mga may kaunting natitipid (mula sa ₱1.00 isang buwan) na ibig makatipon ng isang puhunan. Ang mga taning aksiyon at hirang para sa mga naghahangad na ang kalahati o maliliit nilang puhunan ay magtubo ng isang tiyak at mabuting pakinabang na babayaran tuwing ikatlong buwan at walang pangnanib na malugi palibhasa'y ang nabayaran na, sa alin mang klaseng aksiyon, ay maaaring kunin na di magkakaroon ng ano mang bawas.</p>		
Ingat-Yaman	Mga pagpapautang.		
Enrique Zobel.	<p>SA MGA PAGPAPAGAWA. Sinomang may isang bakuran sa Maynila, na may mabuting katibayan ay maaaring makautang ng isang halagang katamtaman sa kanyang halaga upang doo'y makapapakagtayo ng bahay.</p>		
Mga tagapamahala	<p>MGA PAGSASANGLA Ang naghahangad ng salapi na may isang bahay sa Maynila na may mabuting katibayan ay dapat suriin ang ayos ng aming mga palakad, Ang may mga bahay na nasasangla ay dapat din namang magkuro sa aming mga patakaran tunay na salungat sa mga sanglang tinatawag na «pacto de retro».</p>		
José Rosales.	<p>Sa lahat ng mga pagpapautang ay magbabayad ng isang maliit na bahagi ng utang at ng tubong buwanan, at tumatagal ang panahon ng pagbabayad ng 10, 15, o 20 taon, ayon sa hulog, na mangyayaring bayaran ang kabuoan ng utang o kaya'y untiunti kung siyang ibig.</p>		
Mariano Limjap.			
F. C. Fisher.			
Eduardo Soriano.			
Gerente			
Antonio Melián.			
Mga tagatanggol			
Haussermann;			
Cohn & Fisher.			
Orense at			
Gonzalez Diez.			
Mga arquitecto			
Ramón de Irureta			
Goyena.			
Francisco Perez			
Muñoz.			
Mga tagasuri ng cuenta			
Fleming, Percy,			
Smith & Seth.			

Ang mga pagpapautang namin ayon sa taning patakaran ay lumalabas sa huli ng pagbabayad na isang tubong katumbas lamang ng walo sa bawat isang daan sa loob ng isang taon.

Ang mga alituntunin at anomang bahay na pagpapaliwanag ay ipagkaloob sa aming tanggapan sa lahat ng araw, mula sa ika 8 hanggang ika 12 ng tanghali at mula sa ika 2 hanggang ika 5 ng hapon. Sa mga araw ng linggo ay mula sa ika 9 hanggang ika 11:30 ng umaga.

NANGALUNOD SA KATHAN



Eleonora T. Reyes 1917.

FAUSTINO AGUILAR

NANGALUNOD SA KATIHAN

(NOBELA)



MAYNILA

Limagan ng "CULTURA FILIPINA"

Dang Cabildo, 191, Loo ng Maynila

1911.



Grad

PL

6058.9


A28

N137-

1911

Bohr

PAGTATAPAT



Sa kaibigan ko at kasamang FER-
NANDO M.a GUERRERO, politiko at
makata.

May nilalayon ang aklat kong ito?

Walang nilalayong anó man?

Ako mang sumulat ay di makapagsabi: kung minsá'y máipalagay kong mayroón at kung minsá'y mawika kong wala namán kahi't bahagya.

At sa pag-aalinlangang ito'y lumálabas ang NANGALUNOD SA KATIHAN. Isáng lakás ang nagtulak sa akin: ilarawan kung maáari ang BUHAY sa mga dahon ng isáng aklat, paris ng kinágawian na sa isáng magandang babai ó sa isáng labanáng madugo na ginágawa sa pangalan ng pagkakásulong, sangkalang tadtaran ng sama at buti, ng pagbuo at paggiba.

Nguni't ang BUHAY at PAMUMUHAY ay nápakamahiwigang talagá kaya hindi ko masabi kung ang layon ko'y naganáp sa aklat na itó ó akó nama'y nabigo, ng pagkabigong kahiya-hiya.

Sa anó't ano ma'y nariyan ang aklat: bilád sa bala na at laán sa kahi't sino.

F. AGUILAR.

Maynila 12 Hunio 1911.





I.

—Ay hirap!

—Dumaing na namán kayó.

—Mangyari'y hindi na kayo naawa.

—Katunakás ninyong tao'y naghihintay kayo ng awa. Kung kayo sana'y maysakit.

—At maysakit lamang po ba ang dapat kawàan?

—Talagá!

—Kayá palá singtigás ng bató ang inyong pusò.

—Singtigás pa po ng bakal ang inyóng sabihin!

—Lalò ninyo akóng pinapagtitiyagá kung gayon.

—At bakit po?

—Mangyari'y magiging mapalad akó kung inyong ibigin na.

At ang salitáa'y nápatigil. Ang dalawang nag-uusap ng ganitó ay isáng dalaga at isáng binatà.

Ang dalaga ay magandá, may kainamang tindig may timbang na pangangatawán at kulay kayumanggi. Bagong bukad na bulaklak sa kaparangan, dahong murà ng makahiyá na nakikipagngitian sa hamóg ng umaga.

Ang binatà ay kayumanggi rin, katatagán ang

taás, maaliwalas ang noó, m̄ga buháy ang titig at ang m̄ga bisig ay banát sa paggawá. Bayani n̄g kabukiran, matigás na mulawing katalamitaman n̄g m̄ga ulap.

Noó'y isáng masayáng hapon n̄g gapasán.

Ang malamig nang sikat n̄g araw, ang paláy-paláy na han̄ging nagbubuhát sa dí kálayuàng m̄ga bundok at nagpapagalaw sa malalagông dahon n̄g kahoy, ay nagpapasayáng lalò sa masiglang kilusán n̄g m̄ga nagsisigapas. Halòhalò ang m̄ga babai't lalaki, ang m̄ga batà't matandá, ang m̄ga dalaga't bagong tao.

Sa dako rito'y waláng imikan, sa dako roo'y tawanan at sa dakó dakóng iyon pa ay dí fising binatà ang nagsasamantala hangga't pumuputol n̄g m̄ga uhay upáng kausapin ang kaníkaniláng kasi, na kung hindi sa gayóng m̄ga pagkakataón, ay mutyáng pinagfingatan n̄g m̄ga aná't iná, kayamanang násususi n̄g makapitó.

Ang sálitáng naputol ay nagpatuloy na namán, makalipas ang iláng sandali.

—Patáy n̄gá namán ó himalá ang hindi umibig-ang sabi n̄g binatá.

—Nakátutuyá yatà kayó—ang sagót n̄g dalaga.

—At bakit po?

—At hindi ba pagtuyá ang inyong sinabi?

—Kung dí sana katotohanan.

—Katotohanang anó?

—Na patáy ang dí human̄gà sa inyong karilágán at himalá ang dí mabihag n̄g inyong m̄ga titig.

—Siyá na nḡâ kayó.

—Inauutos ba ninyong ako'y tumigil na?

—Aywán ko po.

—Talagáng kayó nḡâ palá ay malupit.

Ang dalaga'y nápatitig sa kausap. Itó nama'y nagpatuloy.

—Oo kayo'y malupit dahil sa ako'y inyong pinasasakitan.

—At kayó ba'y pinápalò ko?

Hindí nḡâ, datapwá't sa mḡa pagdaíng ko'y hindí man lamang kayó mabalino.

Ang dalaga'y hindí sumagót, yumukò nḡ ka-untí at may dinampot na isáng uhay na hitík sa nagpipintugang butil. Ang binatà namá'y nagpatuloy sa paggapas.

—Sawíng palad nḡâ namán palá akó—ang pariníg sa dalagang na sa kanya lamang likurán—lulubugán yatà akó nḡ araw na kalong nḡ ka-lungkutan.

—Ang mamàng itó kung anó anó ang pinag-sasabí.

—Bakit pô?

—Mangyari'y hindí ang paggapas ang iniyong harapín at kung anó anó ang iniyong sinásalitá. Bakâ kayó'y mápansin tulóy ni Don Hasinto.

At sa pagsasabi nḡ ganitó nḡ dalaga ay may itinurò.

Sa malayò nḡâ namán, sa isáng poók nḡ kiná-lalagyan niláng bukid na dí maliparáng uwák, doón sa lilim nḡ isáng mahabàng hanáy nḡ mḡa

kawayan; ay nátatanaw ang tikas n̄g isáng nakakabayo. Siyá ang Don Hasinto na itinurò n̄g dalaga.

—Si Don Hasinto pô ba?—ang sagót na patanóng n̄g binatà—akó namá'y hindi na niyá mápapansin marahil. Siyá ay marami nang ginhawang nilalasp, kayá dí na mápupuná ang isáng paris ko na bago lamang dumuduláng n̄g saringinhawa, tikis n̄gá lamang na kayóng dináraingán ko ang hindi na nahabág.

—Kayó ang may kasalanan.

—At kasalanan palá ang umibig?

—Hindi n̄gá pô.

—Ay alin ang ipinagkasala ko kung gayón?

—Ang inyong pagkakamali.

—Kamalian palá ang umirog sa isáng nálalaman kong tipon n̄g lahat na kabaitan.

—Ako'y inyong ibinúbuyó.....

—At napalagáy pa akóng mánunukso n̄gayón.

Isáng malakás na tilí ang ikinatigil na biglá n̄g pag-uusap niláng dalawá. Ang karamihan man ay nápatigil din sa kaniláng ginágawá.

Ang tumilí ay isáng dalaginding na nakákita n̄g ahas daw malakí sa tabí n̄g isáng pilapil. Ang bigláng pamamarák n̄g kaniyang m̄ga pisn̄gi ay nagpapakilala n̄g dináramdam na malaking takot.

—Pagkalakí—ang bahagyá nang náibigkas na m̄ga salitá—diyan ko nákita, diyan—at itinurò ang tabí n̄g isáng pilapil na malapit—huwag kayóng dádati huwag—ang awat pa sa m̄ga kasama

Lalò pang natigilan ang lahat at hindi ñlan ang walá nang kakisápkisáp nᅡ pagkatitig sa paligid nilá. Bakit isá pang matandáng babae, ang sa pag-aalalang baká may matuká ang ahas ay malakás na nagsabi nᅡ ganitó:

—Talasan ninyo ang mᅡa matá at baká waláng anó anó'y tukáin na lamang kayó.

Sa gayóng pagkatigagal nᅡ lahat ay isá lamang ang nakapanᅡahás lumapit: ang binatang ayaw kahabagán nᅡ kaniyang pinipintuhò,

—Saan mo ba nákita?—ang malakás na tanóng sa nahihintakutan pang daláginding.

—Doón, anya, doón—at ang tabi rin nᅡ pilapil ang itinurò.

Ang binatang ay lumapit. Parang hindi nála-lamang may kamandag ang ahas, parang sa kanya'y waláng anoman ang tuká nitó. Ang mᅡa babai ay nagsisipagkurús, nᅡuni't isá namán ang sinisikduhán nᅡ dibdib: ang dalagang may pusóng bakal.

Sangigláp lamang at ang ahas na malakí, na dapat pagtalasan nᅡ matá, ay huli na at hawak nᅡ binatang. Waláng nápanood ang lahat kungdi ang maliksing pagyukó nitó at ang pamumulupot namán noon din nᅡ ahas sa nakaunat niyáng bisig.

Ang lahat ay nápataká.

—Tawák yata itóng si Pedro ang sabihanan nᅡ lán sa mᅡa gumágapas.

—Inakú, at anóng lakí nᅡá palá, gahinlalaki

na, susmaresep!—ang sabi nã isáng matandâng babae kung nagkataón pala'y namatáy itó—at itinurò ang dalaginding na lalò pang namutlá nã mákita kung gaano kalakí ang ahas.

Ang pagkakatigiláng iyón ay nápansin ni Don Hasinto. Hindí nákailâ sa kanya ang pagkakaguluhan nã m̃ga kasamá, at ang ginawâ'y pini-lantik ang mabikas niyáng kabayo.

—Bakit kayó nagsitigil, anó ang nangyayari?—ang tanóng malayôlayô pa.

—Itó pú bang ahas na muntí nang makatukâ at hinuli ni Pedro—ang sagót nã isáng matandâng lalaki.

—Tingnan ko nã.

Si Pedro ay madalí namáng lumapit at ang ahas na patáy na ay ipinakita kay Don Hasinto.

—Malaking ahas itó, paano ang iyóng ginawâng paghuli?

—Akin pong sinunggabán sa liíg—ang sagót nã binatâ.

—Mabuti't hindí ka kinagát.

Kinuha noón din ni Don Hasinto ang ahas at pagkatapos ay lumayô na.

Ang m̃ga kasamáng nagsisigapas ay nagpatu-loy sa kaniláng ginagawâ, bagama't ang kaniláng m̃ga salitâan noon ay náhinggil na lahát sa ginawâ ni Pedro. May ilán pa na upáng malibáng marahil sa kapagurang dináranas, ay umalala nã lahát na m̃ga pangyayaring dahilán sa ahas ay kaniláng nápagkita. Marami nã ang

nakahuhuli rin namán ng ahas, nguni't bihirà ang may katapanḡang paris ng kay Pedro na para lamang dumampot ng isáng sangḡang tuyò.

Samantalang nápag-uusapausapan ang kanyang ginawâ, siya namán ay na sa isáng sulok ng tubígan at kaúkausap din ang dalagang may pusòng bakal na hindi na naawâ.

—Nálalaman ba ninyo aling Lusía kung bakít napahuli sa akin ang ahas?

—Bakít ngâ pú ba?—ang usisà ng tinanóng, kayò marahil ay may tigalpò ó bulong na ginamit.

—Akó pò'y hindi mapamahin at di akó naniniwalà sa mḡa tigalpò.

—Hindi raw, kung walà ba kayóng kalaruan ay magagawâ ninyo ang gayón.

—Ang lakás lamang po ng pagibig ang nagpatapang sa akin.

—Nakú, itóng si mang Pedro!

—Ayaw palá kayóng maniwala: walà akóng binanggít na pangalan kung hindi ang inyo aling Lusía bago ko dinampot ang ahas.

—Talagá bang ako'y inyong ininis?

—Si aling Lusía namán maanong paniwalan ninyo akó.

—Siyána ngâ lamang kayó.

—At tototohanin ngâ yatà ninyo ang pag-apí sa akin.

—Hindi na akó nakikipagusap sa inyo.

—Sino ang aking dárainḡan kung gayón?

—Anóng malay ko sa inyo, di kayó ang bahalà.

—Akó palá'y inyong pinababahalàan.

—Abá opò—at ang dalaga'y nápatinģin sa kasap.

—Kung gayó'y pahintulot na ninyong kayó'y aking pāglingkurán?

Nāpanģiti lamang ang dalaga nģuni't hindi tumugón.

—Kung gayón palá'y pahintulot na ninyóng kayó'y aking ibigin?

—Maanong siyana kayó mang Pedro, pati nģ pag-iwan ninyó nģ uhay ay nákalibangān tulóy!

—Siya nģā namán palá, kundanģa'y hindi na kayó naawà.

—May palay ba namáng náisaing agad nang di muna binayó—ang biglāng náitugón nģ bini-bini. At aywán kung sa pagkapahiyá, pagká't ibinilad sa hindi panahón ang nilalamán nģ kaninyang pusò, ay umalis sa likurán ni Pedro at lumakip sa ibāng pulutóng.

Nálabi si Pedro sa pagaagamagam.

Pinagwawaring mabuti ang kahulugán nģ gayóng mģa salitá. Hindi pa siyá hirati palibhasà sa pagbasa nģ mģa hiwagà nģ pusò, ay di mawatataswatan kung anó ang nilalamán nģ gayong mģa sinabi ni Lusía.

Alangāng pakahuluganan nģ isáng pagpapaasa at lalò pa manding-alangān na ipalagáy namáng pagtatakwil.

At sa kináaisip n̄ ganitó'y sumagi sa kanyang gunitá ang alaalang baká siya ay pinaglalarúan ni Lusía. Baká pa ito'y mayroón nang katipán. Nahabag tulóy sa kanyang sarili: náramdamang tila isáng malaking bató ang umiinis sa kanyang pusò.

Siya n̄gá ay may m̄ga dalawanpùng taón nang mahigít pa marahil, ayon sa sabi n̄ isá niyang áli na siyáng kinátitirhan. Noon pa raw panahón ni kápitang Markos sa Balingkahoy nang siya'y ipan̄ganák, ang bilang n̄ taón ay di na náaa-lala n̄ kaniyáng áli, n̄uni't sa m̄ga panahón na niyáng nalalakaran ay di pa nagdaranas n̄ gayon kataimtim na damdamin.

Isáng bagong dahon n̄ aklat n̄ Buhay ang nang m̄ga sandalíng iyón ay tinútunghan niya. Kaikailan ma'y hindi tumatibók ang kanyang pusò na paris n̄ patgibók n̄gayón.

At si Lusía, ang magandang sampaga sa nayon n̄ Dapdap, ay siyáng sanbí n̄ m̄ga bagong damdamin na nagpapasukò n̄gayón sa kanyang pusò at kalooban.

Si Lusía ay anak n̄ mag-asawang sina mang Goryo at aling Mena, m̄ga taong walá mang kaya sa buhay ay di na namán huhulí sa kaniláng m̄ga kanayon. Silá ay m̄ga kasamá ni Don Hasinto, at siyá man namán, si Pedro, ay kasamá rin. Siláng lahát na sa Balingkahoy, matan̄gi ang ilán, ay pawàng m̄ga kasamá n̄ Don Hasintong itó, na sariling katawán at panápanahón lamang, kung

gayóng m̄ga araw nḡ pag-aani, umuuwí sa Balingkahoy. Si Don Hasinto ay palagì sa Maynilà, dito may iláng bahay na malalakí na pinaupahan at isáng kinátitirhan na sa pagkamaaliwalas at gandá ay tila bahay-hari.

Kung sa urìng itó nḡ pagkakasamá titingnan, siya ay hindí na máaalanḡán sa talà sa Dapdap. ¿Nḡuni't kung dahil sa kagandahan ni Lusìa'y magkátaóng may ibáng pinápanukalà ang kanyang m̄ga magulang?

Natigilan si Pedro nang itó ang mágunitá. Kung bakit ba mapamihag na totoo ang dilag ni Lusìa!

Sana'y tahimik siyá at waláng gambalà kung ginágalugad ang m̄ga kagubatan sa pagaalagà nḡ m̄ga kalabáw nḡ panginoón!

Sana'y waláng ligalig ang kanyang pusò, na kung m̄ga sandalìng nagaanyaya ang kaparanḡan sa paglasáp nḡ aliw, ay waláng nalalakasáng awitin kundí ang dilág lamang nḡ m̄ga batisan, ang kagandahan nḡ m̄ga burol, ang huni nḡ m̄ga ibon sa kakahuyan.

Nḡuni't nḡayón ang lahat ay napawí at waláng nagliliwanag sa kanyang m̄ga mata kundí ang magandang mukhá ni Lusìa, ang katamisan nḡ ugali nitó, ang kahihinán nḡ kanyang m̄ga kilos.

At si Lusìa namán yatà ay dí mātututong mahabág, kaniya nang sinamuan, pinagmakaawàan ay dí man lamang nabalino.

Siya nḡa kayá ay may pusòng bakal?

Ganitó ang sabi n̄g dalaga, n̄guni't hindi ba totoo namán na waláng matimtimang babai sa mati-yagâng lalaki?

At sakâ kung ang bató, gayóng matigás na ay naáagnas sa isá-isáng paták na tubig, ang pusò pa kayá n̄g tao na maalam dumamdám, ang dí sukat asahan sa pagkaawà?

Marahil namá'y hindi siyá lubhâng mahabág sa panḡingibig na iyón. Sapagká't si Lusía ay dí magsasabing waláng palay na náisaing agad kungdí talagáng dumiriníg sa kanyang m̄ga pagsamò.

Ang katuturán marahil n̄g gayóng m̄ga salitá ay pagsubok lamang sa kanyang inahihibik na pagsintá, pagtikim sa katibayan n̄g kanyang loob at hindi paglalapat n̄g pintó gaya nang inakalà sa m̄ga unang sandalí.

May maáasahan siya kay Lusía. Ikinukubli lamang nitóng dí sasala ang m̄ga niloloób dala n̄g impok na kahinhinán, n̄guni't sapilitang kung siya'y magtitiyagá ay may tatanawing gin-hawa.

Isá niyáng katoto sa nayon nina Lusía, ang palaging kináringgan n̄g m̄ga sabing ang babai raw mahirap pasagutín ay siyáng tapát kung umibig. Kung ito'y totoo si Lusía ay máibibilang na sa may m̄ga pusòng matibay, pagká't hindi nang hapong iyon lamáng pinagpahiwatigan n̄g kanyang pag-ibig. Matagaltagal na ring ang kanyang alindog ay sinásambang parati, n̄guni't

hindí na nagkapalad minsan man na máturang maligaya. At nang hapong iyon pa, bilang nápa-bago sa m̄ga panagót ni Lusía ay walâ siyáng ná-watasan kung hindí ang palay ay di raw náisasa-ing agad.

Maliwanag n̄gâ na ang gayo'y pagpapatís pa n̄g matagál.

At siya, si Pedro, ay magpapakadagi sa ano m̄ng tiñsin, huwag lamang na dí sa hulí ay matamó ang matamis na oó n̄g dalaga.

Ang oó ni Lusía! Dalisay na tubig sa kanyang pagkauhaw, n̄gití n̄g ligaya sa kanyang m̄ga katiisan!

Hinanap tuloy ni Pedro kung násaan si Lusía. Na sa ibáng pulutong n̄gâ at doón namumulot.

Nároón at payukông dumárampot n̄g m̄ga uhay na naiwan n̄g nagsisigapas, parang talà sa gabing madilím, tila bulaklak na namumukod sa kari-lagán.

At sa paghan̄gâ ni Pedro sa kagandahan ni Lusía, gandáng pinadadakilà pang lalò n̄g kanyang pag-ibig; ay náalala tulóy na sa boóng bayang iyon n̄g Balingkahoy ay isá lamang ang kanyang mákakamukhá: ang Birhen niláng pintakasi.

Oó, si Lusía ay singgandá n̄g Birhen na dí mi-minsang inakyat ni Pedro noóng siya'y batà pa, sa kinálalagyang trono kung dumarating ang m̄ga araw n̄g pagdiriwang, upáng malapitan lamang ang kanyang gandá na tila nan̄gun̄sap.

N̄guni't magíng dapat n̄gâ kayâ siya kay Lusía?

Itó nḡâ ang dī niya masabi, itó ang kanyang álahanín sa tuwituwí na at tanóng na hindí masagótsagót.

Kung anó anó na tulóy ang náisipan. Dumulóg na sa mḡa ibinabalitang marurunong gumayuma upang mapasukò lamang ang katigasán nḡ binibini, datapwá't walá siyáng nápalá. Isá sa mḡa matatandang nádulugan niya, ang pagkatapos dalhan nḡ inuyat na bagong hanḡò at mapanḡakúan nḡ kaunting kuwalta, ay walang inihatol sa kanya kung hindí ang pagtitiyaga raw.

Mulá nḡ araw na iyón ay dī na niya pinagkaabalahán ang gayuma at umasa na lamang sa sariling punyagí. Náririnig niya na ang katamanán daw ay siyáng matibay na kalasag sa panḡinḡibig at tumalagáng magmátamán, magtiyagá at magtiís nḡ anó mang pasakit huwag lamang na dī ibigin ni Lusía.

Sandalí tulóy nápatigil sa paggapas at diwà'y sa kapaguran ó sa kaibigán namáng makásagid man lamang sa pulutóng na kinálalagyan nḡ dalaga ay napatunḡo sa kubong sa may gitná nḡ tubigan ay niyúyungyunḡan nḡ dalawang duhat na malagó.

—Bakit Pedro, uuwí ka na ba?—ang tanóng nḡ isáng manggapas sa pulutong ni Lusía.

—Hindí finom lamang akó.

Ang dalaga ay nápatinḡin sa binatà, at sa pagkakatinginan niláng iyón na sásandalí lamang

ay naghinhawahan ang loob ni Pedro, parang siyá'y nápaakyat na sa langít n̄g kaligayahan.

Ang tingin n̄g babaing inírog. Tipán n̄g pag-asa, kabán n̄g aliw, buhay sa naghihingalô.

Nang magbalík si Pedro sa kanyang ginagawá ay waláng isinásaloob kundí kung anó ang kahulugán n̄g pagkakatingin sá kanya ni Lusía. Mapunğay, waláng kisap, parang may ibig sabihin, tila may ibinabadya.

¿Pagkaawà na kayâ ang gayon?

Maano na n̄gá!

Walá na siyáng kinasasabikán kundí ang maligayang sandalí na ipag-aari sa pusò ni Lusía.

Ang pusò ni Lusía! Pusòng matigás, singtigás n̄g bató kundí man n̄g bakal, datapwá't hindi sasalang mayaman namán sa m̄ga damdaming katugón n̄g kanyang kagandahan at hinhin.

At ang makapaghari sa pusóng ganitó ay di na makamimithí pa n̄g ibáng kapalaran.

Hindí na, sapagká't walá nang kapalarang dadakilá sa maturang iníbig. Ganitó ang kanyang palagay kayâ bihiráng gabi ang di ipinanapanatan sa bahay nina Lusía, isáng bahay na ipit at mabikas tanawín, na nalilibiran n̄g m̄ga ilang-ilang. Doó'y nananakali siyáng ang dalaga'y dumunğaw at mabigyan man lamang n̄g magandang gabi.

Kung sa iláng araw na iyong itatagal n̄g paggapas sa malaking tubigan ni Don Hasinto ay di niya mapatatangô si Lusía ay walá nang masa-

samantalá pang pagkakataón. Sa pagpupunlá na n̄ palay kung bagaman, sa m̄ga palusong na bihibihirà namáng mangyari.

At ang paggugunitâ n̄ ganitó ay malaking pasakit sa kanyang loob.

Nakáisip tuloy n̄ isáng laláng: lalapit siyá sa pulutóng na kinálalagyan ni Lusía at doó'y makikisindi kunwari.

Gayon n̄gâ ang ginawâ. ·Dahan dahang lumapit at dumudukot kunwâ n̄ sigarilyo.

—Kay dalás mo namáng mauhaw Pedro—ang birò n̄ isáng manggagapas n̄ mápansing ang binatà ay lumalapit—iinóm ka na namán ba?

—Hindi, makikisindi lamang akó—ang pangiting tugón.

—Diyán ka magtanóng n̄ apóy sa aking m̄ga mámumulot.

—Tila may kahulugán ang paguusap ninyo—ang saló n̄ isáng matandáng babae. Kung pakiramdaman ko ba'y hampas iyan sa kalabáw na sa kabayo ang latay.

Si Lusía ay namuláng biglá. Narandamang siyá ang pinatatamàan at nápatitig n̄ matagal kay Pedro.

Itó nama'y lumayô agad: parang náwatasan na ang kahulugán n̄ gayóng titig ay isáng paguutos.

Kayâ nang magbalik sa pinanggalingán ay lalò pa manding sakmal n̄ m̄ga pag-aalinlangán, lalò pang hindi magkantututo at úlikulik ang loob.

—Talagá n̄gâ yatàng inaalat akó—ang may hi-

nagpis na salitá, at parang pagbubuntó n̄g kan-
yang sukal n̄g loob ay malakás na itinawáy ang
panggapas.

Mayâmayâ at nang magtatakip-silim na lamang
ay naguwian na ang lahat. Kaníkanyang pulu-
tóng, kaníkanyáng subaybay sa kaníkaniya na-
máng *bató* ang ginawâ n̄g m̄ga binatà.

Sa paglalakaráng iyón na puspos kasayahan, si
Pedro ay nagkapanahóng makalapit kay Lusia.

—Tunay n̄gâ bang ako'y sa pagluhà na lamang?

—Itóng si mang Pedro, hindi ba sinabi ko na sa
inyong waláng palay na náisaing agád?

—Totoó na n̄gâ po n̄guni't ako'y pinapaguulik-
ulik n̄g inyong sinabi.

—Sukat na raw pô ang katagâ sa mabuting umu-
nawà.

—Sa makatwid palá'y dapat na akóng umasa.

—Abá at kay layò agad n̄g inyong pinagdalan
sa aking sinabi.

Ay anó po ang máipakakahulugán ko kung
gayón?

—Dí kayó ang bahalà!

—Pinabahalàan na namán ninyo akó, at kung
pakahuluganan ko namán ang inyong m̄ga salitá
n̄g ayon sa aking napagaabót ay kayó ang una-
unang nápapataká.

—Mangyari'y.....

—Mangyari'y anó po?—ang maagap na putol n̄g
binatà.

—Aywán ko ba sa inyo.

—Pagbibigay kapangyarihan na namán sa akin ang inyong isinagót.

—Ay anó ba ang inyong ibig?

—Na ako sana'y inyong tapatín.

—Si mang Pedro, tila hindi ninyo nálalaman iyóng salawikaíng ang dí nagpagod magtipon ay waláng hinayang magtapon.

—Ang ipinagkakaganitó ko po'y udyok nã dalisay na pagsintang alay sa inyo nã aking pusò.

—Nagpalalò na namán kayo.

—At ang palagáy pala ninyo'y nagbubulaán la mang ako?

—At hindi yatà?

Si aling Lusia naman, ayaw nang maawà sa akin ay ayaw pa rin yatàng manalig na ang pag-ibig ko'y dalisay, wagás at waláng ikinúkubling pagbubudhi.

—Máisusumpâ ba ninyo ang ganyan?

—Sa nãalan po nã nanúnungong langit na sumásaksi sa ating pag-uusap.

—At mahihinãan ba kayóng pananagót nã langit na iyan sakalìng tumalikod kayó sa inyóng sumpâ?

—Lamunin akó nã lupà kung gayon.

Ang dalaga'y sandalìng napatigil. Napagwarì-warì ang matagal na nãá namáng paglilingkod ni Pedro, ang maramíramí na niyáng pagsubok na ginawâ upáng matarók ang kalooban nitó at sa tuwì namáng gagawín ay waláng nadadamá kundì isáng pusòng punò nã pag-ibig, isáng kaloobang talagáng tapát at isáng kaugaliang marangál.

Sa isáng lalaking paris ni Pedro, ang kanyang too ay hindi mapapadiwarà, at ang m̄ga salitáng *umasa kayo* ay halos nabuka na lamang datap-wa't nakapagpipil pa rin at nagkasiya sa hindi pagkibô.

—Aling Lusia—ang salitá n̄g bagong tao—katapusáng luhog po, ako'y inyong tapatín: buksan ninyo sa akin ang langit ó ibulid ninyo akó sa bangin n̄g m̄ga kahirapan. Anó mang ihatol ninyo'y aking igagalang, hindi ko kayo masusuwáy dahil sa kayo'y aking sinísinta.

—Saká na pô sa paguusap natin ulí mababaitid ninyo ang aking pasiya.

—Kamatayan pô kayá ó kabuhayan?

Ang pag uusap nilá'y naputol na biglá. Dumarating ang iná ni Lusia, na sapagká't ginabí ang anak ay napilitang sumalubong.

Si Pedro ay lumayô na hindi náwatasan ang isasagot n̄g dalaga kung anó.

Datapwá't nálabi namán sa pagasang máka-usap lamang niya ulí ang dalaga ay mababaitid na rito kung siyá'y mapalad ó kung waláng dapat asahan.

—Saká ha raw sa pag-uusap namin, kung gayo'y sasandalí na ang aking ipagtitiís.

At sa pagasa ni Pedrong iibigin siya ni Lusia, ay nakiníkinita ang pagtatamó n̄g dakilàng palad na maging katali sa buhay ang dalagang lalòng mahinhin at mabaít sa boong Balingkahoy.

II.

Payapang nakasandig si Don Hasinto sa kanyang uupán. At ang pinagmamasda'y ang maputing usok na umaalimpuyó ng tabako niyang hinilitit. May ilang araw na siyang nalalayó sa Maynilá at tila dinádayo na ng kanipán.

Kay lungkot ng kabukiran. Tila parating libingan lalo't gabi at nababalot ng dilim ang lahat ng bagay. Kung maiwan lamang niya ang pagpapaani ay iniwan na sana. Kinabukasan din ay aalis upang magbalik sa masayang Maynilá, na mula sa malayó ay nagaan yaya sa kanya, parang isang magandang babai na may mga tinging kaakitakit.

Kundaogan lamang at siya'y nag-aalalang mawalan ng malaki kung hindi'y kailan ba niya maisip ang tumirang ilang araw sa kabukiran. Isa lamang sandali na ikalayó niya sa Maynilá ay katumbas na ng dalawang hakbang na patungo sa hukay, ayon sa kanyang akalá.

Ang Maynilá ay kabuhayan, at ang bukid ay sa mga natutuyó lamang nababagáy. Sa bu

kid ang isipa'y nákakatulog na parang mantikà. Nguni't sa Maynilà ió sa Maynila!

Hindi niya madalumat kung bakit may m̄ga tao paris halimbawà n̄g kanyang m̄ga kasamá, na nakatitiis sa buhay-kabukiran. Sa m̄ga taong itó ay walá na yatàng ibáng ligaya kung hindi ang mabuhay na payapà, at parang hindi nababatid na ang buhay ay pagkilos at pagpupun-yagi.

At si Don Hasinto ay nápapan̄gití n̄g n̄giting may pagdustá sa m̄ga taong iyon na waláng inaarìng langit kundí ang nakalililim lamang sa kanilá at waláng nákikitang ibáng bagay máliban sa isáng hanay na bundok sa dakong silanganan at ang malagóng kahuyan sa kani-lang paligid.

Kaawawang m̄ga tao!

Sa m̄ga taong itó, ang patakbo pa n̄g kanyang isipan, ay nákakailá ang lahat n̄g m̄ga kaluwagan sa bagong pamumuhay. Parang ang panahó'y nagdaraan lamang sa kanila at hindi nagbabago.

Dapat sisihin ang kinabatunang hilig na masagwáng pagkapit sa matatandáng kaugalian. Hindi ang buhay na iyóng payapang payapà, tahimik na tila balong n̄g tubig, ang nababagay kalasagin sa bagong panahóng itó.

Kung nababatid lamang nilá ang kahulugán n̄g buhay!

At sandalíng nápatigil sa mataós na pagku-

kurò. Isáng makapal na bugá n̄g usok ang tila ipinagpakilala n̄g kanyang kayamutan sa gayóng pag-iisá.

Kung nakapagdalá man lamang n̄g ilang aklat. Di may nábasábasá sana sa gayóng m̄ga sandali na ikinapag-aakalang bihirá ang nakabatid sa tunay na kabulugán n̄g buhay.

N̄gumit siyá ay talagáng di nagdalá n̄g isa man lamang. Paano'y kakaunti namán ang masasabing tunay n̄gáng aklat: karamiha'y tuhogtuhog na kaululang nakasusuyang madali, kundi man kawilkawil na *karunun̄gang* nakalilitó.

Nang araw na iyón ay tumanggap siyá n̄g ilang liham na buhat Maynilá. Lahat ay nagbabalitá n̄g ginawang sayawan sa bahay n̄g m̄ga Perez, na dinaluhán n̄g lalóng piling m̄ga tao. Siya lamang, si Hasinto 'ang walá, bagay na dinandam n̄g marami. Masayang masayá ang sayawang tumagal na magdamag at ipinagkapanahong minsan pa na ikakilala sa karunun̄gang makipagkapwá n̄g m̄ga anak na dalaga n̄g may bahay.

Iyón n̄gá lamang: hindi nagkáisá ang kanyang m̄ga kaibigan tungkol sa kulay n̄g sayang suót n̄g isá sa tinurang m̄ga binibini...

At si Don Hasinto'y nápahikab tulóy. Tunggak din namang m̄ga kaibigan iyon, na magbalitá lamang ay di pa maalam.

Gayón man ay untiunting binuó sa kanyang

gunìguni ang dí sasalang nagíng ayos n̄g sa yawang ibinábalitang nápakaringal daw.

iSayang at siya'y walá! Walá at na sa kabukiran, tila isáng tapon, parang na sa gitná n̄g dagat na waláng mátanaw kundí langit lamang at tubig.

Mabuti't iláng araw na lamang marahil ang kanyang ipagtatagál sa gayóng kalagayan. Ka-kaunti na ang nálalabing gapasín, na kung pasisiglasiglahán pa ay lalóng mápapadalí.

At ununat sa pagkakaupô na ang titig ay pina-galá sa maaliwalas na tanggapan n̄g bahay na kinálalagyan niyá.

Kay lakí n̄g bahay na iyón!

Tulad sa isáng kombento patí n̄g pagkakayari. Makakapal na bakod na bató ang sa labás n̄g daán ay tila kutang naghahamón sa m̄ga ka-away. Ang m̄ga durungawán, ang ayos n̄g m̄ga silid, ang m̄ga haliging nagtatabaan, ang hagdang malaki at may baytang na malalapad, ang maluwang na alhibe, ang tabas n̄g bubóng, lahát nang ito'y pawang ubanin kung itutulad sa m̄ga bagong bahay n̄gayón na maáliwalas, mapalamuti at mariringal.

Sa bahay na itó siya lumakí, sa bakurang itó nápaon ang kanyang inunan at ang sa kanya mang m̄ga ninunò.

Patí n̄g hangíng nálalangap doon ay nagpa-pagunitá sa kanya n̄g matátamis na m̄ga alaala n̄g kainusmusán. Sa tanggapan ding iyón, noóng

araw, at sa tuwìng siya'y magbububhat sa Maynilà na punò ang dibdib n̄ m̄ga ganting-palàng nátamo sa paaralan; humáhalík n̄ kamáy sa kanyang iná, samantalàng mayluhà itó sa matá at ginúgunitá ang kagalakang sana'y tatamuhin n̄ mabait niyang asawa kung nákita ang gayóng m̄ga pagtatagumpay n̄ kaniláng si Hasinto.

Ang kanyang amá ay nárinig na lamang na nagn̄angalan ding Hasinto, bagama't kung tagagin sa Balingkahoy ay si kapitang Sintó.

Sa makapal na ának ni kapitang Sindong, ang nunò pa n̄ kanyang m̄ga ninunò, ának na nagkakapuring kábilangán n̄ di fisáng pañ ay walá nang nálalabi kung hindi siyá. Siya na lamang na n̄gayo'y nag-aari n̄ malalakíng lupaín sa Balingkahoy at nang maraming m̄ga bahay óapahan sa Maynilà na nagpapanhík n̄ m̄ga apat na libong waláng pin̄gas sa loob n̄ isáng buwán.

May isáng aklat siyáng kinábasahan na di umaano'y nakaw ang pag-aari. Psé! Hindi lamang nababatid n̄ sumulat n̄ ganitong kaululán kung paanong hirap at kasipagan ang ginugol n̄ m̄ga nátuturan n̄gayóng may pagaari. Parang ito'y kabibi lamang na nádadampot sa tabíng dagat! Parang hindi kailan̄an ang maraming pagbabatá bago makapagtipon.

At kundi'y 'nároon ang kanyang m̄ga ninunò na makapagsasabi kung gaano ang tiniís muna bago nangagsilaki.

Ang m̄ga larawan niláng nagsabit sa m̄ga haligi, ay nagbabadya na dinanas nila ang lahát bago nangápatanghal. Ganitó ang sinásabi n̄g m̄ga balát niláng sangáng sa araw, n̄g kaniláng m̄ga bisig na tila batibot na kawayan sa titigás at n̄g kaniláng m̄ga tindíg na parang ubod n̄g mulawin sa ipinalihiwatig na katibayan. Ang m̄ga larawang iyo'y nagpapakilala n̄g pagdumog sa kasipagan, makapagpalakí lamang n̄g kaniláng napasimulán na.

Kung siyá man n̄gayón ay di humáhawak n̄g araro at waláng gawá kundí mag-utos ay sapagká't may katwiran namán sa ganitó. Ang panginoón, ay talagáng dapat mag-utos: ito'y hindi máipag-aalinlangan.

Saká sa kanya namán, nátuturan mang panginoón, ay walá nang sukat idaíng ang kahi't sino maging ang kanya mang m̄ga kasamá. Ang kanyang iná n̄g nabubuhay pa ay nagkakaloob n̄g hati sa m̄ga kasamá, n̄guni't ang ganitóng palakad ay kanyang binago at ginawá na lamang katlô, sapagka't napagkuròkurò niya na ang puhunan ay mahalagá kay sa pagod.

Walá siyáng inaaligatá kundí maingatan ang ganáng kanyá.

At hindi maingatan lamang kundí mapalakí rin namán. Madalás n̄gáng sa ikabubusóg n̄g kanyang kasakimán sa yaman ay ginagamit ang paggagá, n̄guni't itó kung nababalabalan n̄g pagpapakunwarí ay tinátawag na kabanalan. Ilan

nang bukid na kahanggá ang náipupunô sa kanyang malalawak na lupaín, sa kaparaanang itó at gayon ma'y mabait kung tawagin siyá n̄ boong Balingkahoy.

Ginágawâ niya ang lahát nang itó, sapagká't ang pamumuhay n̄gayó'y mahál; at hanggang nápapamahál ay katangítangì ang may ikinasusunod.

Halimbawâ: kailanġan niya ang magkaroón n̄ magagandang kabayo.

Kailanġan niya ang m̄ga sasakyang magarâ.

Kailanġan niya ang m̄ga alila.

Kailanġan niya ang isáng bahay na mainam.

Kailanġan niyáng gumugol upáng mápatanghal.

Kailanġan niya ang gumayák na mabuti at magsuót n̄ lalòng m̄ga mahal na kayo.

Kailanġan niya ang gumamit n̄ m̄ga pahiyás.

Kailanġan niyáng magkaroón n̄ m̄ga kalunyah pagka't itó'y inilalakí pa n̄ kapurihán.

Sa isáng sabi ay kailanġan niyang sundin at pakibagayan ang m̄ga ugali, hilig at palakad sa buhay na dulot n̄ kabihasnan. Bakit sa m̄ga ugali, hilig at palakad na itó siya nahubog. Kung saán ang hapay ay doon ang buwal, anáng kasabihán at ibigin man ay walá siyáng lakás na makapagbagong buhay pa.

Ang m̄ga kailanġang itó, hindí kalabisán gaya nang patotoó n̄ m̄ga mainggitin, ay náidudulot lamang n̄ salapí.

At siyá, na may baka namáng gatasán, may batis na mákakatúlan kailanma't ibigin ay waláng katungkulang humawak n̄ araro at magpakapagod pa.

Pagpapagód na rin ang umayos n̄ m̄ga kanyamanang pamana sa kanya n̄ masisipag na sinundan sa ának ni kapitang Sindong.

Palad niyang talaga ang magtamasa. At yamang itó ang iniaatas n̄ tadhanà, ay ano't magtitimpi?

Lalò namáng alanġán sa kanyang tayô, ang di matutong lumasáp n̄ ginbawa at aliw gayóng may pilak at sakâ sigla n̄ katawáng ipinagkakaloób n̄ kanyang dádalawampú't pitóng taóng taglay.

Kayá siya'y nápapatakáng madalás kung mágunitá ang katimpiang loob sa m̄ga anyaya n̄ Buhay n̄ kanyang m̄ga ninunò.

Ang m̄ga taong iyón ay paris din namán n̄ kanyang m̄ga kasamá na di nakabatid sa tunay na katuturan n̄ buhay. Kahabághabág na m̄ga ninunò niyá na may ikakakaya naman ay waláng ininóm sa kanilang m̄ga pagkakatwá at piginġan kundí ang palasak na anisado sa takalang isa't isá.

Nangagíng binatà silá at inubanan na di nakatikím n̄ kahit simsim man lamang n̄ *chiontri*. Maanong nakákita sila kahit balot n̄ pangmahal na taong *Chateau-Iquem*. At ang *barón de Pauillac*? Ni sa panaginip!

Kaawawàng m̄ga matatandá niya, na kanya

namáng iginágalang pagká't nanġátutong magbandá nġ pilak at kayamananang ikinasusunod niyá nġayón sa anó pa mang pitahin.

Ang pilak, ang kayamanan! Pakpak na ikinasasapit saan man ibigin, susing pangbukás nġ pintóng nápipinit man nġ boong tibay.

A, namatáy at namatáy ang kanyang mġa ninunò na dí man lamang nakatawid sa ibang mġa karagatan. Nanġápabaón sila nang dí nakaratíng sa Paris, sa malaking bayang pugad nġ sarisaring alíw at kaligayahan. Hindi man lamang nákita ang *Canpos Eliseos*, ang naglalakihang *bulevard* na pinaglalagusánan maghapon nġ laksá laksáng tao.

At lalò pa manding hindi nasubok ang idinudulot na kaligayahan nġ isáng paligòng ginamitan nġ mġa piling pabanġo. At ang mġa paghahapunang kasalo nġ masasayáng *cocotte*? Ang ganito'y hindi nálasap nġ kanyang mġa ninunò!

Sayang nġ pilak na nagdaán sa kaniláng mġa kamáy. Kung silá'y inianák sa mġa panahóng itó ay nanġakabatid sana na ang tao nġayón kundí rin lamang sa malalaking kabayanan ay dí maáaring mabuhay. Kayá siya, si Hasinto, ay waláng sawà sa mġa paglalakbay at paninirahan sa masasayáng bayan nġ matandang Europa. Ang tunay na anak nġ mġa panahóng itó ay nakababatid na ang buhay ay nauuwí sa paglasáp nġ lalòng maramiing kaligayahan.

Maliban pa sa rito ay walá na. Sa mabuting palad ng katauhan ay nagdaán na ang mga panahóng ang tao'y hindi maalam magbayan. Ngayóng ang lahat ng mga kaluwaga'y nabibilí ng salapi, anó't hindi sasamantalahín ang mga araw na maiksi namáng talagá? Bakit ang buhay naman ng tao ay sa labí ng hukay natatapos. Sa dako roón ay walá na, kundi ang pinangangarap ng mga paniwaláing isá pa raw bagong buhay.

—Há! há! há! bagong buhay ang tawang mag-isá ni Don Hasinto. Kung totoo ang ganitó, ay ano't di magmadali ang tao ng paglipat sa bagong buhay na iyan upáng makakawalá na agad dito sa kung tawagi'y bayan ng luhà at mga hinagpis? Iyan ay kalakal lamang ng mga parè.

Siya ngá ay ibá: waláng pinagpupumilitan kundi mabuhay nang matagal at sa gitná ng maraming ginhawa.

Mag-asawa?

Kaululán! Sinabi ng isáng pantas: imay kasama kang babai? Huwag mong kalilimutan ang pamalò.

At saká ang pagaasawa raw naman ay pagtapos lamang sa mumunting kaululán upáng ang mga kaululáng ito'y maging mabigat na tanikalá sa habang buhay.

Hindi ang mga paris niya na nagaakaláng ang kalayaan ng sarili ay hangíng di maáring kulungín ang dapat mapasingkaw sa pagaasawa.

Gawin na ng ibá, ng mga di nagpapahalagá

sa kaniláng sarili ang bagay na itó, at siyá ay mamámalagì na lamang sa pag-iisáng katawán, malayàng parang ibon, harìng ganáp na ganáp n̄g anó mang ibigin.

Hindí sapagká't walá siyang pusò na maalam guniliw. N̄guni't sa kanya ang pag-ibig ay *libangan* lamang na ipagtatamasa n̄g aliw. Sinísinta niya ang babae, hindí sapagká't itó'y tampok n̄g pamamahay kundì sapagká't isáng laruang babasagin. At walá na. Itó ang kanyang pag-ibig.

Manghimasok sa politika?

Lalò pang kaululán. Ang nakikíalám sa m̄ga sigalutang ganitó ay hindí nakatatalastas na ang panahon kung makaraán ay di na babalik uli. Sayang pa ang m̄ga araw at sandalíng kanyang ikaáabala, na máiuukol halimbawà sa pagpapagandang lalò ang kanyang m̄ga kukó sa daliri n̄g kamáy!

Kung sa bagay ibigin lamang niya ay waláng di sa pagkátanghal at pagdakilà. Kung ang m̄ga *ampaw* ay nan̄gápapataás, siyá pa ba namang may dunong, may pilak at nakababatid sa lalòng mahihirap na súliranin n̄g buhay ang di mapasataluktok?

Ang gayo'y magagawá sa sangkisáp man. Napakapaniwaláin ang bayan!

N̄guni't ayaw siyáng talagá. Ayaw sapagká't ang kanyang m̄ga butó na singlatâ n̄g basahan, ang kanyang m̄ga litid na parang sutlá

kalambót ay handá lamang sa paglasáp ng aliw, hindi sa paglalayag sa masigwáng karagatan ng politika. Harapín na itó ng may ibig. Sa panood lamang ng mga nangyayari ay nababago't na siya, manghimasok pa kayâ?

Bakit siya namá'y naniniwalà na kundí sa tulong ng mga amerikano ay waláng mangyayari. Kulang ng lakás, walá pang kaya ang bayan at kung бага sa batà ay nangangailanngan ng gabáy. Paanong paglakad na mag-isá kung ganitó? Kundí man máparapá sa paglakad ay sáplítang mababalian. At dahil dito'y mabuti na ngâ ang katayuan ngayón, walá nang kasingbuti, sa ilalim ng isáng kapangyarihang mapagkandili, marunong at mapauubós.

Na hindi ganitó ang pag-aakalà ng bayan?

Psé! Ang bayan ay talagáng waláng namuwanngan, at saká tsinong ulol ang magpapakiníg sa mga hiling ng isáng batà? At ang bayan ay para ring batà: hindi naáalaman ang makasasamâ sa kanya.

Na dahil sa mithí ng bayang siya'y magsarili ay hindi na miminsang naghimagsik tuloy?

Kayâ ngâ ba siya'y ayaw na ayaw na ang mga mithing ganito'y siyang káhimalingnan ng bayan, dahil ngâ sa mga paghihimagsik. Paano ang kanyang yaman, ang kayamanan ng mga pinagpalà?

Kakilákilabot! Paano siyá kung mawalán ng bakang gatasán?

At sa pagkabigla ni Don Hasinto ay náita-pon tulóy ang tabakong hinihitít.

May mġa nagsasabi sa kanya na ang pana-ho'y hindi dapat sayanġin at kabít ang pag-kakinatawán ay usiging mátamo. Bakit pa? Hindi na itó kailanġan sapagká't dahil sa kanyang pilak ay siya ang hari at panginoón, hindi lamang sa Balingkahoy, kundi sa boóng lalawigan man. Ang ibigin niya ay nangyayari, sa kanya ang lahat ay nakayukô, waláng di náiuutos, waláng di napapangyayari.

Ang ganitóng katayúa'y mahigit na makálilibo sa maturang punò. Ang kapangyarihang paris nġ kanyang hawak ay kapangyarihang Diyós. At ang mġa katanġiang itó na náibibigay lamang nġ salapi ay di nátuklasan nġ kanyang mġa ninunò.

Kaawáawáng matatandá!

At sandalġ nanunġaw.

Ang halimuyak nġ mġa bulaklak parang na galing sa ibabá at iniwawasiwas sa kanya nġ mabining simoy nġ hanġin, ay ikinagunitá sa dalagang nákita nġ hapong iyon.

Nang siyá'y lumapit sa mġa kasamáng gumágagapas, upáng alamín kung ano't nanġag sitigil sa ginágawá ay may namatán siyá na isáng dalagang marilag.

Anák-bukid palibhasá ay di lubháng maki-nis: walá nang mġa katanġian nġ isáng baing nakababatid na siyá'y magandá at hina

hangàan. Nguni't ang di nḡa kakinisang itó, ang kawalán nḡ mḡa katanḡiang pinag-aaralan namáng talaga; ay siyáng iginágandá nḡ kanyang nápagmasdan.

Tagá Balingkahoy kayá ang dalagang itó? Kung tagaroon din lamang ay sápiritang mákikilala niya: kinabukasan din ay ipagtatanóng.

Ipagtatanóng? Hindi kailanḡan at saká hindi namán nábabagay.

Sa anó't anó man ay di mawawalán nḡ pagkakataóng ikákikilala sa dalagang itó. Maraming kaparaanan ang magagawá na di pa mapapansin nḡ ibá, sapagká't kahiyâhiyá namán kung mapag-alamang siya, si Don Hasinto, ay tila náububuyo sa isáng taga bukid pa namán.

Bakit ang kanya namáng pagkábuyó'y ano pa: birò kung sanlan totohanan kung tamàan.

Kung tila man nakaliligalig sa kanya ang larawan nḡ babainng iyón ay dahil sa parang nilalik ang mḡa bisig na nágbibilugan at nápakainám ang tabas nḡ mḡa bintí. Ang mḡa kagandahang itó'y siyáng nápansin agad, at nḡayón sa panunungaw ay tila isinúsurot sa kanyang mḡa matá.

Sa isá lamang malayóng bayan na kanyang narating may nákitang gayon din kagandang tabas na pangangatawán nḡ babai: ang mḡa *chochara* sa Roma. Waláng pinagibhan ang tindig, ang bikas, ang maringal na tabas nḡ mḡa bisig at bintí nḡ dalagang kanyang

nákita sa pagaani, sa tindig namán at tikas nḡ mḡa babaing itó, na doon sa bayang luklukan nḡ Arte, ay madalás gawing huwaran nḡ lalòng mḡa bantog na pintor.

Ibá nḡa lamang ang kulay: ang mḡa *chochara* ay mapuputí at ang kanyang nakita'y kayumangging kaligatan. Nḡuni't hindi ba ang lalòng kaayaayang sandalí sa maghapon ay ang umagangumaga pagka't may álanganing kulay at nag-aanyaya sa pangangarap? Ganitó rin namán ang kulay kayumanggi. Pang-akit-pusò dahil sa katamisang taglay, kulay na anak nḡ liwanag at dilím kayá maringal at kahanḡahanḡa.

At sa kanyang dibdib na dí maalam masiyahán ay nanugad ang isáng pananabík.

Kasabikáng makapagpatid-uhaw sa batisang iyon na may tubig na dalisay. Pananabík na udyok nḡ kagutuman niyang parati sa lahat nang nábabagong alíw.

Hindi nḡa pag-ibig ang nagtutulak sa kanya. At saká kailan man ba nama'y nátuto siyang umibig, na paris nang inilalarawang madalás nḡ mḡa makatà?

Kung gayón man ang tinátangká ay sapagká't batid niya na ang tinapay kayá masaráp kanin ay kung bagong hanḡò, at ang bulaklak namán kayá mabanḡó ay kung bagong buká lamang. Ang paglasap nḡ alíw, gaya rin namán nḡ ibá pang bagay, ay dapat ihanap nḡ pagkakataón.

Na kung sakâsakali ang kanyang gagawin ay paghamak sa puri, pagwawalat n̄g kaligayahan at pag-apí sa isáng mahinà?

Ang lahat nang ito'y m̄ga katwirang inaamag na. Hindi na dapat ipaglinḡong-likod n̄gayón, at lalò pa n̄g isáng paris niya na naniniwalang sa buhay na itó, ay may m̄ga kakaning talagá at may m̄ga tagakain namán.

Dí kasi n̄gáng siyá ay dí magpapakaulól kung dahil lamang sa dalagang iyón na dí pa man nákilala kung sino.

Ang lagáy noón ay ibig lamang makátikim n̄g pagkaing bukid, hindi sapagka't suyá na sa masasaráp na pagkain sa kabayanan kundî talagang ang karununang kumain ay na sa pagtikim n̄g ibát ibáng lutò.

Ang m̄ga paraán sa pagdaraos n̄g kanyang akalà ay madalí, lalò pa kung ang dalaga ay anak n̄g sino man niyang kasamá sa Balingkahoy.

Sayang namán n̄g kanyang pagkapan̄ginoón sa boóng Balingkahoy kung ang náisipan ay dí másagawá.

Kung sa lalóng matitibay na kutà na nababakod n̄g susonsusóng sandata ang kanyang pagpupumilit ay nagtagumpay, sa isá pa kayang paris n̄g iniisip salakayin hindi manalo?

Balintunà na ang kanyang pagka Don Hasinto kung sa labanang itó pa mapahiyá. Ibigin lamang niya ay walang dí sa pangyayari. Itó

ang totoó kayâ waláng kulang kundì bukhín lamang ang bibig.

—Oo, waláng pagsala—ang náulit tulóy ni Don Hasinto na umalis sa durungawan, at parang nápataka sa gayong pagkaabala n̄g kanyang isip sa isáng dí man nábabagay papagbitbitin n̄g saya n̄g kanyang m̄ga kalunyâ, ay umupó uli at isáng tabako na namán ang hinitit.

Ang kanyang m̄ga kalunyâ: magagandang lahát, pawàng pilì at isá lamang sa kanilá ay katimbáng na n̄g sampú, maging sa karilagán, maging sa nagugugol. Lalò pa sa nagugugol, kayâ namán ang halagáng takdá ni Don Hasinto sa kaniláng lahat ay sanglibong piso isáng buwán.

At sa pagkaalalang itó sa kanyang m̄ga kalunyâ ay nagunitâ tulóy na dalawang araw na n̄gá palang tinanggap niya ang liham n̄g isá sa kanila at hindi pa nasasagot.

Napilitan tuloy lumapit sa isáng mesa, na sa ayos at kulay ay napagkikilalang singtandâ marahil ni Padre Turibyo, isá sa mararangal niyang sinundan sa lipi ni Kapitang Sindong. Sumulat at matapos ilagdâ ang kanyang pangalan sa ibabâ n̄g m̄ga salitáng: *isáng yakap na mahigpit, minámahal kong Leonila*; ay tatawátawáng nagtingdig at tinun̄go ang silid na hihigán. Siya'y pagod na pagód sa pagkakapan̄gabayo at ang ginawâ'y humigáng patuluyan.

Tiningnan n̄gá lamang muna n̄g boong pag-ibig

ang magagandang kukó n̄g kanyang m̄ga daliri. N̄guni't nang magpipikit na lamang n̄g matá, ay kung ano't ang dalagang nákitá sa pag-aani ang siyá na namáng nagunitâ.

—Pati sa pagtulog ko'y nakaáabala ang dalagang itó. Hintay ka, bukas na bukas din ay magkakaalám tayo.

At natulog na parang isáng banal na iginágalang n̄g tao at pinagpapalâ namán n̄g Diyós.



III.

Pagkágising ngâ'y sumakáy sa kabayo at tinunġo ang gapasán.

Ang maayang simoy ng umaga, ang sinag ng araw na bahagyâ nang makapamusót sa masinsin din namang ulap at ipinagkakakulay gintô at batóng makináng ng mġa paták ng hamog na nagkalat sa lupà; ay bahagyâ nang napansin. Ang mġa kagandahang taglay ng gayong sandali, na nagiging mayamang batis ng mġa makatà, ay di man lamang nakapukaw sa kanyang damdamin na sapupo ng ibáng mġa akalà at lumilipad sa ibáng mġa paláisipán.

Naiisip na kulang pa rin ang kanyang mġa lupà. Malalawak na bahagi sa karatig, na ari ng iláng walá namang mapubunan, ang noó'y náisip niyang kunin kahit sa anong paraán. Ang lupàng iyón na matigás at mabató ay di kayâ masasamantalá sa pagtataním ng mage?

Ang himaymay nitó ay sáplítang magkakahalagá sa mġa araw na hinaharáp at alin mang pagkakataong ikikita ng salapí ay di dapat sa-yangin.

Sa dako roón pa ay may mġa pitak ding

hindi pinakikinabangán. At lalò pa manding mahihirap ang may-ari. Ang bahaging itó namán ay mapatatámnan ng kakáw ó kape, dalawang kailangan sa buhay na araw araw ay lalóng nagiging pilak.

At saká ang libis ng kabundukan, na sa dakong sisikatán ng araw ay siyang pinakahang-ganan ng kanyang malawak na lupaín ay mapagpupunlaan namán ng niyóg. Ang kalibkib ay mahal din at palibhasá'y kailangan sa maraming mga hanapbuhay ay di sasalang itatabá pa ng kanyang bakang gatasán.

Saká sa kapatagan namang nátatanaw na maíilit sa isang nagkakautang sa kanya ay makapag-iisip pa ng ibang mga pananim na paki-kinabangán. Susubukin niyang dagdagan ang bilang ng kaniyang mga kalabaw upang malinang na buong buó ang kanyang lupa. Ang mabuti kayá'y bumili ng mga bagong sangkap sa pag-sasaka. Mga apat na ararong pinalalakad ng apóy ay sapat na marahil sa kanyang mga inaakalà.

Siyá nga pala!

Iyon ang lalóng mabuti at kung makitaan ng bisà ang paraang itó ay saká namán magpatayó ng malaking kamalig na mapagkakabayán kung ang tubó ang siyang marapating ipunla muna.

At mayroón pa siyang náisip: ang mga kabundukang kanyang nátatanaw ay di dapat ba-

yàang magíng kublihan na lamang n̄ m̄ga usá at baboy-damó. Sa m̄ga kabundukang sinabi ay sápiritang ipagtutubò n̄ malakí ang paghahayop.

Libolibong ulo ay mapawawalan dóon na m̄ga iláng taón lamang ay magiging laksá na.

Ang salapíng ipapanhik n̄ ganitó ay hindi kákauntí. Lalò siyáng lálaki, lalòng mápapataas pag nagkatoón at masusunod pati n̄ pinápan̄garap na pagbabahay sa Paris, sa gitná n̄ maraming kaligayahan at pagpapasasà.

¡Magbahay sa París!

At lalòng nagtining sa kanyang loob ang náisipang pagkuha n̄ m̄ga lupàng karatig, at pagpapalinis n̄ talagang kanya na maáaring pakinabangán.

Hanggang sa náisipan tulóy na pagbabalík sa Maynilà at matapos ayusin ang kanyang m̄ga singilin sa m̄ga páupahang bahay ay magsadyá sa Hapón. Ang bayang itó na bantog sa m̄ga pananím ay kápag-aaralan niya n̄ maraming bagay na sukat pakinabangán pagdating n̄ araw. At hindi lamang itó. Ang Hapón ay totoóng pinagtatakhan at nagiging pangánib na n̄gayón n̄ m̄ga bayang putí dahil sa kanyang m̄ga kalakal na untíuntíng nakapapasok sa malalaking pámilihan n̄ Sandaigdig.

Bákit dí niyá sisikapin, gayóng may mágugugol, na mapagaralan ang lihim n̄ ganitóng pagdakilà n̄ Hapón? Hindi na dapat sabihing ang

gagawing ito'y sa nais na lalòng maparami ang kanyang kayamanan. Kundí rin lamang sa kapakinabangáng sarili ay dí naman niya ugali ang kumilos.

Na ang nárarapat at lalòng katwiran ay isagawâ ang mġa inaakalàng itó upáng pagkatarpos ay ipamulat sa bayan? At dahil sa anó?

Upáng maturan, bang nakatupad sa kanyang katungkulan, upángmāsabi bang nakagawâ siya ng magalíng?

Itó ang malaki nang kaululán. Ang tunay daw kaawhan ay dapat simulán sa sarili, at kung ito'y totoó, anót unahin ang sa ibá?

Guminhawa lamang siya ay sukat na. Ang ibá, ang bayan ay lumanġóy ng kanyang paglanġóy. Kadalasan daw na ang mġa nanunubós ay siyang nápapapakò gaya ni Kristo, at siya'y ayaw namang mápatulad dito, kahit sebihing ang gayo'y malakíng kapurihán.

Kapurihán, kapurihán: hindi ba ito'y usok lamang na napápawì, buláng natutunaw, hangíng nagdaraán? May naáalala siya na nagsabi ng ganitó.

Kayâ siya'y papa sa Hapón upáng dumuláng ng nagiging kakulangan sa kanya at tapús.

Sabihin pa, kung makarating na sa bayang iyon ay dí namán pawàng ukol na lamang sa pagkabuhay ang haharapín: ang paglasáp ng aliw ay siyáng una sa lahat.

At ayon sa sábihanan ay sa Hapón lalòng

nababatíd kung anó ang ligaya. At doón din daw naman may taglay na mġa katanġian ang paglasáp nġ alíw.

Saká na itó masusubok kung katotohanan ó hindi, nġuni't sa samantala ay ang kanyang *sini-gang bukid* ang haharapin. Mabuti na rin nġa na bago dumulóg sa mayamang pigíng na pagpapasasáan sa Hapón ay mamulutan muna. Lalò siyáng mananabík, lalòng matatakamtakám.

At ang pagpapatakbo sa kabayo ay tinulinan pa mandin.

Malayólayó pa sa pool na pinag-aanihan ay nakátanaw na nġ maramíng tao. Sa masid ba niya'y lalòng dumami ang mġa mánamulot at nanġambá sandali na baká mabawasan nġ malakí ang dapat sumampáng palay. Nġuni't sa dami nġ máaani, ang gayo'y parang marahang kurot na hindi pa mamulá. At sa kasiyabáng loob ay malumanay na pinatigil ang kabayo sa tapat nġ isáng pulutóng nġ-manggagapas.

Ang nagkasabaysabay halos na: *magandang araw po* nġ mġa nálalapit sa kanya ay sinagot nġ isáng tanġo nġ ulo, samantaláng ang titig ay nakapakò sa dalagang kanyang hanap na naroroon nġa palá.

—¿Nasaún si Igé?—ang tanóng.

—Nároon pó. Hóy, paring Igé tinátawag ka pó ni Don Hasinto—ang sigáw na malakás nġ pinagtanunġán.

Si Igé, na sa sulok nġ isáng malaking tubigan

ay may kinakausap na isáng tao, ay patakpong lumapit. Ang iba'y nangagsilayô. Sandali siláng nagusap at pagkatapos mabigyan n̄ isáng papel na dadalawahin si Igê, upáng ipasigarilyo sa m̄ga tao ay pinapihit ni Don Hasinto ang kanyang kabayo.

N̄gayô'y nalalaman na niyá kung sino ang dalagang iyón. Taga Dapdap palá at anák ni Goryong Dupil, at nilalangit daw ni Pedro, isa rin niyáng kasamá.

—Dupil, Dupil—ang sabi habang nagpapatakbo na tila may malaking bagay na ginúnitá. —Hintay ka, aking áalalahaning mabuti.

At si Don Hasinto'y untiunting nawawalá sa kalawakan n̄ bukid, hanggang sa nang mápalayô nang lubhá ay nagíng tila kaputol na basahang putí na lamang sa tanáw n̄ m̄ga kasamá, na nangagpapasalamat namán dahil sa kagandahang loob na ipinakita n̄ panginoón.

Sa iniwan niyáng tubigan ay nagsisimulá namán ang masiglang paggapas. Ang dati ring kasayahan n̄ sinundang araw ay siyáng mapupuná.

Parang ang kasipagan n̄ nagsisigapas ay nag-uulol hangga't tumátaás ang araw.

Sa isáng tabí ay nagkapanahón na namáng magusap si Pedro at si Lusía. N̄guni't ang pag-nusap nilá n̄gayo'y ibá na sa kahapon.

—Makaáasa na n̄gá ba akó?—ang tanóng n̄ binata.

—Isáng salitâ ako mayroón—ang sagót nḡ dalaga.

—At akó nama'y ísang pag-ibig.

—Bakâ hindi?

—Panahón ang magsalitâ.

—Salamat kung gayón!

—Gigiliwin kita habang buhay.

—At ikaw nama'y pagtatapatán ko.

—Málabi tayo sa ganitóng sumpâan.

—Oo isinusumpâ ko!

—Ako ma'y sumusumpâ!

—At kung ang isá sa ati'y maglilo?

—Huwag magdaáng palâ sa buhay.

—Siya nawâ—ang pakiayong lubhâng dakilâ nḡ binibini.

Bigláng nápatigil ang kanilang pag-uusap. Hindi sapagka't walâ na siláng máipahayag na mḡa salitâ kundi kapwâ nilâ nilálasap ang kaligayahang dulot nḡ gayóng sandalî na lubhâng dakilâ sa buhay.

Kay Pedro ay nag-ibâ ang lahat. Sa pakiwarî niya pati nḡ mainit na mḡa sinag nḡ araw ay umaawit nḡ aliw, ang mḡa bulaklak-parang ay lalòng bumanḡó at ang mḡa uhay nḡ palay na bitik sa nagpipintugang butil ay naging tangkay nḡ mḡa sampaga.

Kay Lusía ay isáng bagong pintô namán ang nabuksán. Ang pusò niyang matagál nang pinatitibók nḡ pag-giliw sa lalaking tinanḡi sa ibâ, ay lalò pa manding nagtatalik nḡ gayóng mḡa.

sandalí sa waláng kahulilip na kaligayahan.

Mulá ngayón at sa hináharáp ay may isáng dibdib na siyang mápagtatapatán ng lalóng mga lihim na akalá.

Siya'y waláng kaalialinlangang napao kay Pedro. Nálalaman niyang itó'y may mahal na ugali, may isáng pusóng marangal na totoóng mayaman sa mga dakilang damdamin. Bago siya tumangô ay nag-isipisip muna. Saksi ang di niya pagkakatulog ng nagdaang magdamag.

Ibig pa ngá sanang subukin ang binatà, tingnan kung itó ngá'y matimtimang umibig, nguni't napagkurò namang ang tapat na paggiliw ay maramdaming talagá at para ring talulot ng bulaklak na waláng itagal sa pasakit ng isáng kamay na waláng pitagan.

At saká ang di nagmaliw na mga pagsamò ng binatà ay talaga namang sukat nang ikahabág ng sino man. Sinabi ngá niyang singtigás ng bakal ang kanyang pusò nguni't iyon ay birò lamang, hindi dináramdam na talaga.

Pagtutulak ng bibig at pagkabig ng dibdib: sa ganitó lamang nauuwì ang kanyang pagtitigás-tigasan kunwá, ang kanyang mga pagtangi at iniwasiwas. Ang katotohana'y matagal nang ininis lamang sa kanyang pusò ang sigaw ng pag-ibig.

Kung siya ma'y nakapaghintay hanggang sa mga sandaling iyon ay sapagka't nálalaman namán na ang waláng pagod magtipon ay waláng

hinayang magtipon. Puri n̄g babae ang sagot na oo; at sinadyâ ang gayóng pagpapasakit kunwari kay Pedro. Sinukat muna kung ang kalooban n̄g binatâ'y mapagtataguang kaban, at n̄gayóng matalós na walâ siyáng sukat ipan̄ganib ay niluwagan ang kanyang m̄ga damdamin, pinalayâ ang tibok n̄g pusò at gumalang sa anyaya n̄g buhay.

Siyá n̄gayo'y mapalad na; ang kanyang hináharap ay di sasalang puspos na n̄g aliw, nasasabugan n̄g ligaya at nagtitipán n̄g maraming biyayâ.

At upáng mápanuto ang kaniláng pagsisintahan ay hihingin sa binatâ na magpasugò sa kanyang m̄ga magulang. Káunannahang nais niya na ang pag-iibigang ito'y ipagkapuri n̄g kanyang ama't iná. Siya'y minamahal nilá at sa pagmamahal na ito'y katapatang loob naman ang ibig ibayad.

At sakâ lalòng mabuti kung máipatalastás sa kanyang ama't iná ang ganitóng pagmamahalan nila ni Pedro. Lalò pa siláng maluluwagán sa m̄ga pag-uusap at walâ namáng máisusurot sa kanya ang sino't alin man.

Hindi kabaitan ang maglihim lalò pa't sa m̄ga pinagkakautangán n̄g buhay. Bákit kanya namáng tinatandátandâan ang lagìng pahiwatig n̄g kanyang iná na siya'y magsabi lamang ay waláng di sa pag-ayon. Paano'y katutubò n̄gá namán ang pag-big, hindi damdaming nalilikhá

at hindi rin namán náipipilit, kundî kusà at malayang sumisibol.

At itó ang nayari sa kanyang kalooban. Pag-sabihan ang binatà upáng magpahiwatig sa kanyang mġa magulang.

Si Pedro ay patuloy nġ paggapas. Tila sa mġa ugát niya'y ibang dugò ang tumátakbo, parang ibáng lakás ang nagpapagaláw sa kanyang katawán. Kaikailan ma'y hindi siyá sumigla nġ gayón. Paano'y ang tanġing kaligayahan sa buhay, ang pinakananais na palà sa kanyang mġa pagsusumakit ay nátamó rin.

May kasintahan na siya nġayón, may mápagtatagurián na siyá nġ marubdob na pag-ibig.

Pati lanġit sa kanyang pagkamalas ay nakanġiti at may ibáng liwanag. Oo, hindi gayón ang lanġit na datidati'y kanyang náikikita. Noóng araw ay pawàng mġa pananabik ang lamán nġ kanyang pusò, pawàng hirap at kasakítan nġ loob ang kaulaulayaw, nġuni't nġayo'y hindi na. Pati nġ kanyang karálitáan ay inari tulóy kayamananang waláng katumbás. Ang pag-ibig ni Lusía ay siyá niyáng kayamanan, siyang buhay at lakas, siyang lahat.

Hindi na siya dadalawin nġ lungkot. Ang hapis ay dí na magpapatanaw sa kanya nġ masunġit na mukhá. Isáng bagong buhay ang kanyang lalasapin, ang katiyagáan nġa palá nama'y batis nġ maraming ginhawa.

Hanggang sa humapon at mag-uwian ang mġa

nagsisigapas ay walang napag-uusapan ang dalawá kundí ang kanilang pag-iibigan. Sa paglalakarán ay dí iisa ang nakapansin ng gayón katamis na pag-uulayaw, nguni't walá isa mang napataká, pagka't talagang sa gayon dapat matapos ang isang pagsintang dalisay na gaya nang kay Pedro.

—Susundin ko ang iyóng pita—ang sagot nitó sa isang mungkahì ng dalaga. Walá kang utos na masusuway kung kayá ko rin lamang—ang dugtong pa.

—Mapagtamanán mo kayá ang ganyang mga pagbibigay-loob sa akin?

—Ang pag-ibig ko'y dí maalam sumawá.

—Salitá mo lamang iyan.

—Oo ngá Lusia, aking ipinangangakò.

—Hindí lahat ng pangakò ay natutupad.

—Hindí lamang mga Lusia ang napapanangkuan, kayá nasisirá marahil.

—Bulaan!

—Mákikita mo rin.

—At kung mabulaanan ka sa iyóng mga sinásabi ngayón?

—Bago mangyari ang ganyan ay patáy na muna akó.

—Diyatà?

—Umasa ka!

At isang pagkakanngitiang sakdal tamis, parang ngiti ng mga talá, ang naging wakás ng kanilang salitáan.

Naghiwalay siláng kapwà lugód na lugod at nangálabi sa pagasang may bukas na dapat hintin.

Isáng bukas na kaayaya, magandang tulad sa bukang-liwayway, maliwanag na parang langit sa katanghalian.

Nang manhik si Lusia sa kanilang bahay ay di inabot ang amá.

Walá at ipinatawag ni Don Hasinto, ang sabi nã kaniyang iná.

Mayámayá namán si mang Goryo ay dumá-rating na kinálalarawanan sa muhá nã taglay na kagalakan.

—Bakit ka ba ipinatawag, anó ba ang sinabi sa iyó?—ang usisà nã asawa.

—Halika rini't aking ibabalitâ—at ang asawa'y niyayâ sa loob.

—Nalalaman mo'y may bagong m̃ga akalâ si Don Hasinto, kanya raw iniisip na dagdagan ang m̃ga pananim dito.

—Siya nãâ naman—ang pakli nã asawa.

—Ibig daw niyáng magpapunlâ nã niyog, kapé, kakaw at abaká. Sayang daw ang m̃ga palanas ditong hindi natatamnan. Nakákaisip pa ring maghayupan, pangagaling daw niyâ sa Hapón.

—Sa Hapón, saan bang dako ang Hapón?

—Aywan ko ba, hindi ko na náitanong. Pag-dating ko roo'y sinalubong akó nã boóng lugod, itinanong kung akó nãâ ang tinátawag na si

Dupil, at n̄ isagot kong oo, ay sinabing akó raw palá ay pinagkakautangān niya n̄ loob. Bago ipinaalala ang pagkakapagligtas ko noóng araw sa kaniyang amá n̄ kami'y barangin sa Pinaghampasan. Natátandáan daw ang sinásabi-sabí n̄ kaniyang iná noóng siyá'y batà pa na m̄ga pagpuri sa aking katapatáng loob sa kanilang maganak at dahil daw sa ginawá kong iyón ay di niya akó dapat limutin. —Kay buti ni Don Hasinto!

—Talaga n̄ng mabuti, at náito pa ang sinabi sa akin. Akó, anya, ay nangangailangān n̄ isang tao na mapagkakatiwalān ko habang walá pa ang aking m̄ga ipapupunlá. Siyá ay magpapalinis sa m̄ga pook na aking sinabi, at kayo na pinagkakautangān ko n̄ loob ay siya kong napili na gawing katiwalá.

—Siya n̄gá ba? ang salitá ni aling Mena.

—Oo, at sa katunaya'y may sahod na akóng tatlompung piso isáng buwan mulá ngayon.

—Nakú, siya n̄gá ba?

—At hindi iyan lamang. Bukod sa ginágawa akóng katiwalá ay pagkakalooban pa raw akó n̄ halagáng isáng salapí sa bawát niyóg na aking mapalakí n̄ sandipá, kung sakaling dumating na rito ang m̄ga punlá.


—Kung gayo'y pasisimulān mo agad ang pagpapalinis?

—Oo at kung mangyayari'y bukas na bukas din.

Ang salitâang ito'y hindi náririnig ni Lusía. Siya'y na sa labás at naglulutò n̄ hapunan. Sa haráp n̄ apóy ay ginuguniguní kung anó kayâ ang ginagawâ ni Pedro n̄ gayóng m̄ga sandalí. Marahíl ito'y nakapaghapunan na, marahil naman si Pedro ay nag-aalalá rin sa kanya, kay Lusía.

At ang dalaga'y napanġití na tila napapataká sa kapangyarihang napakalakí n̄ pag-ibig.





Sisya'y na sa labas at nagluluto ng hapunan.....

(Dehong 56). - LARAWAN NI JORGE PINEDA.

IV.

Yao't dito si Don Hasinto na walang kápalagyan. Kaáalis lamang ni Goryong Dupil at may pinagusapan ngá silá.

Noón lamang siya nagdaranas ng isang sukal ng loob sa di pagtatamó agad ng pinipita. Kung si Lusía man lamang sana ay babaing kabayanan, matalino at may kabatirán sa buhay, ay oo pa. Makaabala man sa kanya ay hindi kailangan. Nguni't isá pa namang taong bukid, isang di man nakaánagnag ng kabihasnán, walang kaya at bahagyá nang nakababatid kung siyá'y anó!

Kundangá'y dahilán kay Dupil. Kung bakit ba ang Goryong itó ang naging amá ni Lusía. Nápaibá lamang at sana'y nasubok, kung siyá, si Don Hasinto ay marunong magpaliban ng mga tinátangká.

Ngayón at sapagka't si Goryong Dupil ang kanyang kákabakahin ay napilitan tulóy siyang gumamit ng laláng. Patí nang di na kailangang

gawin kung ibá lamang ang nákatagpô, ay ginawá tuloy.

Ganitó ma'y dí lubhâng nagsisisi, sapagká't umaasa namáng sa huli ay siya rin ang magtatagumpay.

Sa pain niyang inilawit ay kumagát ang matandá. Ang ganitó'y isa nang mabuting pangita: kaunting higit na lamang ang kakailangánin at ang lahat ay mangyayari.

Kung sa bagay ay isá lamang paglalakô ang kanyang sinabi kay Dupil. Anó bang utang na loob na tinátanaw.

Si mang Goryo ngâ, ayon sa sabi ng kanyang iná, ay siyáng nagligtás sa buhay ni kápitang Sintó. Itó raw ay may nákausapín noóng araw na isáng may mğa lupà sa Balingkahoy. Walá man sa katwiran si kapitáng Sintó, palibhasà'y malakás at masalapí ay siyáng nagtagumpay.

Ang mğa lupàng pinagisipan niyáng gagahín ay malakí, at kayâ ngâ pinagbudhian ay upáng maparami ang mğa kayamanan niyá. Isáng araw na patunõ sa tinurang lupà at nang dumating sa isáng pook na Pinaghampasan kung tawagin, ay dinaluhong si kapitáng Sintó ng iláng sandatahán.

Ang nagsidaluhong ay pasugò palá ng kanyang kaalit, ayon sa napaglinaw pagkatapos, at nangtatatalagáng utasín si kapitang Sinto. Matapang man itong lalaki ay nasindak din ng gayong mğa sandali. Mabuti na lamang at ka-

sama niya si Goryong Dupil na sumapiling agad n̄g kápitan n̄g mákitang ito'y na sa pan̄ganib. Sandali lamang ang itinagál n̄g kaniláng paglalaban, halos sasangiglap, n̄guni't sa una pang sandali'y nákitang nakalalamáng si kapitang Sinto at si Dupil. Itó'y katimbang n̄g dalawa katao sa liksi at katapan̄gang ipinakita. Kayá bukod sa hindi nasunod n̄g m̄ga nagsiharang ang kaniláng pita, ay nan̄gagtakbuhang pa mandin. Si Goryong Dupil n̄gâ ay nahirapan at nagkasugat pa sa isáng balikat, n̄guni't ang ganitó ay hindi kailan̄gan, dahil sa náiligtas naman si kapitáng Sinto.

At sa m̄ga namana ni Don Hasinto sa kanyang m̄ga magulang, ay kasama ang m̄ga lupang sinabi.

Sa tuwing isasalaysay n̄g kanyang iná ang pinagdaanang itó n̄g kanyang amá ay walang pinakakapuripuri kundi ang katapan̄gang ipinamalalas noón ni Goryong Dupil.

At sa pagkagunitá ni Don Hasinto sa ganitóng bagay ay napigil tulóy sa inaakalà. Náisaloob na ang m̄ga paris ni Goryong Dupil ay di maáaring paglaruan. Ang isáng tao, na kung napapanahó'y hindi maalam manghinayang sa buhay, ay talagang di madaraan sa gabasa.

Dapat munang paglalan̄gan, akiting antiunti, bago kung náwiwili na ay saká'gawin ang ibig. Samantalang hindi pa, ay mapan̄ganib na sila'y galitin, sapagka't ikapapadiwarà n̄g anomang tinatangka kung hindi man lúbusang ikábilad n̄g nais

na gaya nang sinísimpan niya kay Lusia ay dapat itagò.

Kung ang utang na loob lamang dahil sa pagliligtas ni Goryong Dupil sa kanyang amá, ay ano ba't ikapipinsalà ng kanyang mithi. Matuluyang mápahalò ang balát sa tinalupan ay di siyá úrong. Kung ngayón man ay tila humihimpil sa kanyang paglakad ay hindi sapagka't hapò na: sinusukat lamang ang taás at tibay ng muog na pinakatanggulan ni Lusia.

Kayá ba ang kanyang ginawá ay painan ng pilak ang amá ng binibini. Sa paraáng paris ng kanyang násisipan na untiunting silawin sa gintò ang matandá, ay walang di sa pagkasunód ng kanyang pita.

Maghihintay ngá lamang ng panahón nguni't kung inín ang sinaing ay saká lalóng masarap.

Ang kanya lamang dináramdam ay kung bakit tila ang dalagang iyon ang siyáng mápatangì sa ibá. Siyá pa namang isa lamang taga bukid!

At sa samá ng loob ni Don Easinto ay isáng upán tuloy ang nasagasa sa kanyang pagyayao't dito.

Kung gayón din lamang ang mangyayari ay mabuti pa ngang siya'y magbalik sa Maynilà.

Lalò na niyang kinasusuyàan ngayón ang kabukiran. Ang tangká sana ay hinting matapos ang paani.

Batapuwa't siya ay taong di mapagbatá at

dí maalam maghintay, at baká kung hindi lumayô roón ay kung anó pa tulóy ang maisipan.

Siya ngá, dapat lumayô muna: ganitóng talaga ang nagpapaamò.

Ang kauntí pang nálalabi sa mnga ánihin ay máipagkakatiwalá na kay Igé, sa mabaít na alagad na papapatay na muna bago maglingíd sa panginoón.

Pababayàan munang umunlad ang binhing iniwan kay Goryong Dupil at kung mapipitasán na ng bunğa ay saká niya pagbabalikan. Walá na siyang gagawin pagkatapos kundí sumungkit.

Na dahil sa násisipang laláng ay makagugugol siyá ng tatlompung piso isáng buwan?

Ay anó? Itó'y para lamang pagpapalabás ng patubùang salapi. Hangga't nagtatagal ay lalóng dumárami at palibhasà sa pamumuhunang iyon ay walá namáng lugi, malaki man ang magugol, ay dí niya panghihinayangán.

—Sino ang magsasabi—ang may buntong hini-
ngang salitá—na akóng itó ay matutunawan ngayon ng utak dahil lamang sa isáng Lusía?—
at sa sukal ng kalooba'y nápaupó sa isáng sopá.

Matagál na hindi nakakibò. Ang kanyang isipan ay kung saan saan nápatungo.

Tila isáng pangarap ang kanyang napagsasapit, na kailan ma'y hindi inasahang mangyayari. At dahil pa namán sa isáng babae na bukod sa waláng muwáng ay maralitá at anak

lamang nã isá niyáng kasamá. Kung nápaibá man lamang sana ay di pa lubháng kahiyá-hiyá.

Kung minsan nãa namán ang kapalara'y tiwalí. Hindí nãa palá pawàng katamisan na lamang ang nálalasang sa buhay. Kung kanyang gunitáin nãayón ang kadalihan nã pagkakuha sa maraming babai na tipon nã sarisaring dilag ay lalò pa manding nagnãngitnãit.

Walá siyáng karaniwang gawin kundi salapian ang mãa magulang kundi man pagkagagakagalitín ang magkakasama sa isáng bahay, upang samantalahín ang mãa samaan nã loob pagkatapos.

Iyon nãa lamang: sa mãa pinagdaanan niyang itó na naálala nãayón ay walá ang isáng Goryong Dupil, na kung warín niya'y hindí namán makakaing buò.

Nãuni't dárating din ang araw at waláng di sa pagkasunod ang kanyang mithí.

—Hangga't pinaghihirapan ay lalóng masarap kanin—ang kanyang násabi tuloy—at akó namá'y makapaghihintay pa.

Haharapín na nãa tulóy nã totohanan ang pagpatunã sa Hapón. Sa unang bapor na aalis ay sasakay siyá, mangyari ang mangyayari.

Pagbabalik niyá rito ay di namán sasalang bandá na ang lahat. Si Goryong Dupil ay wilingwilí na at si Lusía ay dudukuwángín na lamang.

Sayang nḡâ kung sa bagay. Ang dapat sana'y nḡayón din, nḡuni't ang bató ay talagáng matigás at dapat hinting maagnas na muna nḡ tubig.

—Nḡuni't malakí namáng kahihiyán ang nangyaring itó sa akin—ang náisaloob.

At noón di'y náramdamang ang dugó niyá'y tila sumúsubó. Siyá ay may pilak, iginágalang at pinipintuhò. Gasino na ba sa kanya si Goryong Dupil at ang sumisinta kay Lusiang si Pedro?

Ang mabuti pa yatà'y gahasàin si Lusia. gawán nḡ isáng laláng at sundin ang kanyang pita. Walá rin lamang silang magagawá at mḡa taóng dungô, paris din nḡ kanyang mḡa magulang.

Kung sa pag-usig ay lalò pa manding walá siyáng dapat ipag-alala, sa mabuting kapalaran niyá'y sapól na lahat ang mḡa makapangyarihan at kung may manghás mang kumandili sakali kay Lusia, ay mapapabingít naman sa pagkasawí.

Anó nḡâ ba't siyá'y natitigilan, ay gayóng magagawá namán nḡ waláng liwag ang kanyang akalà? Isa ba namáng bagay na madali ang paghihirapan pa?

Katawatawa na namáng totoo kung siyá'y maghihintay pa. Hindí ang mḡa paris niya ang nakapaghihintay, ang naghihintay ay ang mahihinà lamang nḡuni't ang mḡa paris niyá'y hindi.

Sayang n̄g kanyang matalinong isip, sayang n̄g kanyang pilak, sayang ang kanyang gintô kung sa ganitô lamang nápakadaling gawá ay mag-uulikulík pa.

Yamang kailan̄gan ang paggahasà ay itó ang kanyang gagawín.

Magdaóp na ang lan̄git at lupà kung ito ang kailan̄gan, n̄guni't ang pag-urong ay dí niya magagawá. Hindí, sapagká't ito'y laban sa dati niyáng ugali at labág sa kanyang m̄ga tuntu-ning pagtapos agad sa anómang máisip.

Oo n̄gá, kanyang gagahasàin ang dalaga.

N̄guni't nang yaringyari na sa kalooban ang ganitóng akalà ay nagunitáng kung sa m̄ga araw na iyón lamang ay walâ pang sukat tanawín sa kanya si Goryong Dupil at maliwanag namáng ang waláng tinátanáw ay dí marunong magpakundan̄gan. Bákit dí muna siyá magsuksok n̄g may sukat tingálin bukas makalawá?

Ang utang na loob na kikilalanin sa kanya n̄g matandâ sa m̄ga hinaharáp na araw ay siyáng tanikalâng ikatatali n̄g m̄ga bisig nitó kung makáisip man n̄g paghihigantí.

—Kung siya'y nakikinabang sa akin ay mapipigilan namán sa anómang nasàing ikapapa-hamak ko. Itó'y waláng pagsala.

At matapos pang mag-alinlan̄gan sandalí ay ang unang náisip na n̄gá ang minabuti.

Nang gabing iyón si Don Hasinto ay paya-

pàng nákatulog. Nahirapan pa sa paggising ng ika 8 na ng umaga ay gayong iniisip na ang paguwí sa Maynilà mapaumaga lamang.

Tinotoó ngâ ang ganitóng tangká. Nagagahan lamang at matapos ipatawag si Igê upáng paghabilinan ng ilang bagay na nauukol sa palay pang nálalabi, ay ipinahandâ na ang kanyang m̄ga damit.

Makakalahating oras lamang ay lumakad na. Marami pang m̄ga kasamá, kabilang na si tandâng Goryo, na naghatid sa kanya hanggang sa himpilan ng tren. Malayôlayô na si Don Hasinto ay nápag-uusapan pa ng m̄ga naiwan ang kanyang kabutihang tao at pagkamabaít.

—Alín—ang sabi ni mang Goryo sa iláng kaharáp—kung ibáng mayaman iyan ay dî tayo pakikisamahan ng paris ng kanyang pakikisama.

—Siya ngâ po—ang pakiayon naman ng m̄ga kaharap.

At ang m̄ga taong naghatíd kay Don Hasinto, ay nagkahiwaláy upáng patungo sa kanikaniláng gawâ.

Sa samantala'y binábalangkas namán ni Don Hasinto ang kanyang gagawín sa Maynilà sa m̄ga iláng araw na kanyang ikatitigil dito.

Sa bahay ni Leonila siya matutulog ng gabing iyón. Nakápangakò siya rito sa kanyang huling sulat na ipinadalá at masamang hindî tumupad. Sa kinábukasa'y dadaló sa lahat ng m̄ga lupong kaugalian niyáng daluhán.

Maghahandog n̄g isáng pigíng sa m̄ga katapatang-loob niyáng katoto, sa pangalawáng araw, at sa ibá pang susunod ay makikipagkita namán sa iláng m̄ga ának at kaginoohang hindi nangásulatan sa hulí niyáng pagkatirá sa bukid.

Ang lahat nang itó'y magagawâ namáng maluwág pagka't gasino na ba ang magugugol na panahón sa pag-aayos n̄g kanyang m̄ga singilin, siya namá'y may isáng katiwalâ tungkol sa bagay na itó at waláng gagawín kundî mag-utos lamang.

Kayâ makakayanan pa rin ang pagpapasayáw sa maringal niyáng tahanan, pasayáw na ibig sana niya'y humigít sa nábalitang ginawâ sa babay n̄g m̄ga Perez.

Pagpupumilitang sa kanyang pasayáw na inakalâ ay dumaló ang lalóng m̄ga pili, ang lalóng m̄ga tanyag at kilalâ.

Sa kanyang bahay kung magpasayaw siyá ay talagáng gayón: maringal, lahat ay dakilâ at waláng pangalawá.

May ikinakakaya rin lamang ay ibig niyáng walâ nang máipintas ang kahit sino.

Sa pasayáw na itó ay madadahilán ang kanyang pagpasa Hapón, bagama't ang tunay na adhikâ ay hindi itó kundî máipakitang minsan pa ang kanyang pagkabukás na palad at kaalamáng magdulot n̄g isáng gabíng maligaya sa maraming m̄ga kaibigan.

Ang lahat nang ito namá'y magagawâ sa loob lamang n̄g isáng linggó at upáng huwag mainíp

sa paghihintay n̄g unang aalis na bapor na pa-
tungo sa Hapón.

Taglay sa isip ang m̄ga akalàng itó na si Don
Hasinto'y nasok sa masayáng Maynilà.

Hindí pa man nakapagpapahingá ay dí na iisa
ang dumalaw sa kanya at naghandog n̄g bating
maligaya dahil sa gayóng pagdating.

May m̄ga nakápansin sa kaunting pagkatupók
sa araw n̄g kanyang balat, mayroón namang
nagsasabi na tumabâ raw sa dati, at mayroon
pang nakahahalatâ n̄g tila raw kaunting lungkot
na nálalarawan sa mukhá n̄g bagong datíng.

—Sabihin pa ba, m̄ga kaibigan—ang náisagot
na lamang ni Don Hasinto. Mapalayô ba na
mán akóng iláng linggó sa Maynilà, ay saán ako
dí dadalawin n̄g lungkot?

—Marahil n̄gâ'y mahirap ang mag-isá anó—ang
pakí nang isang kausap.

—Walâ nang kasing hirap. Nasubok ko rin ang
katotohanan niyóng nábasa ko, aywán kung saán,
na dí umano'y walâ nang mahirap bathín paris
n̄g pag-iisá.

—Mabuti't nakapagtiís ka.

—Anó namá't hindi matitiís itóng kasumayá
sa bukid—ang agaw na sagót n̄g isá.

—Aywán ko n̄gâ ba sa inyo, n̄guni't sa aki'y
walâ nang masayá na paris nang kabayanan.

—Siya n̄gâ namán—ang pakiayon ni Don Ha-
sinto, samantalàng lumálapit sa télépono, pag-
ka't may tumatawag.

—Anó po ang atin?—ang tanong n̄g binatà sa naghilhintay.

—.....

—A, ikáw palá, kararating ko pa lamang.

—.....

—iOoi

—.....

—iOo!

—.....

—iOo!

—.....

—iOo!, hanggang ikasiyam n̄g gabí.

—.....

—Mamayâ na kitá sasagutin.

At nagbalík sa kinálalagyan n̄g m̄ga dalaw sa kanya na nan̄gakápakinig n̄g gayóng salitâan.

—Tila kung sino ang iyong kinausap—ang birò n̄g isá.

—Hindî namán, isá ko lamang kaibigan iyón.

—Ang akalà ko'y narito na kaming lahat na m̄ga katoto mo.

Si Don Hasinto ay nápan̄gití na lamang. Huwag mang mag-usisà, ay napag-aabot na niyá kung anó ang kahulugán n̄g gayong m̄ga salitá, at huwag mang magsabi, ay nahuhulàan na rin namang talagá n̄g kanyang m̄ga katoto na si Leonila ang kanyang kapanayám sa télépono.

Nagkan̄igan pa siláng sandalí n̄g kanyang m̄ga panauhin at nagtagayán pa mandin n̄g wiskey at soda.

Hindi namán natagalá't napag-isa si Don Hasinto. Nag-utos sa kanyang katiwalà sa bahay na huwag siyáng ipaghandâ ng hapunan.

—Uhû, sasalakay na namán itó—ang náisaloob ng pinagsabihan.

At ang hinalang itó ngâ namáy natupad:

Bago pa lamang nagtatakip-silim ay sinakyan ni Don Hasinto ang kanyang automobil at kinábukasan na umuwi

Nang makaraán ang ganáp na isáng linggo, ay nápalathalà na lamang sa lahat nang mnga pahayagán ang kanyang pag-alis na tunõ sa Hapón, sabay sa pagbabalitâ ng maringal na sayawang ginawâ sa kanyang bahay.





V.

Katanghalian kung sa sikat n̄g araw
Pamumulaklak kung bagá sa halaman.

Sikat n̄g buwan sa gabing tahimik.

N̄giti n̄g m̄ga bituin sa malinis na kalan̄gitán.

Ganitó ang katulad n̄g pag-íbigan ni Pedro at ni Lusía. Sa unang sandalí n̄g kaligayahan ay sumunod ang m̄ga araw na ipinagtalík nilá sa waláng pan̄galawáng pagtatamasa n̄g aliw.

Waláng langit kay Lusía kundí sundin si Pedro at walá namán itóng aliw kundí mapagbigyang loob ang kanyang kasi.

Magkatanawan lamang silá ay nagkakatalastasan na n̄g m̄ga niloloób. Waláng pagkaka-taong dí ang dulot sa kanilá n̄g gayóng pag-namahalan ay m̄ga sandalíng matatamis sa buhay.

Lalò pa nang si Pedro ay makapagpasugò na sa bahay n̄g m̄ga magulang ni Lusía.

Ang m̄ga magulang nito ay dí namán pinag-

hirapang kausapin. Lubhá pa si tandang Goryo. Lalaki palibhasà ay nakaunawà agad na ang pagsisintahang iyon ay di dapat hadlangán. Bakit ngâ ang paghadlang sa pag-íbigan ng dalawáng pusòng búsóg sa mga ginintuáng pa-ngarap, ay di magagawâ ng sino mang may kaunting isip.

At sakâ siyá namá'y nagdaán din sa pag-kabinatà, at kanyang natatalós na walá nang mahirap supilin kundí ang pagibig. Hindí siyá, na amá pa namang nagmamahal sa anák ang magnanais ng kasawíán nitó. Kung siyá'y magtitigastigasan pa ay mápapalagay na waláng pusò, matutulad sa isáng maramot na nga-yo't náhilingâ'y lalòng nagkakait

Huwag na lamang másabi na kung náppita ang darak ay mahal pa sa bigas, ay napao na ngâ sa mga namanhík.

Si Pedro namán ay kanyang kilalá. Patí likaw ng bituka nitó, gaya ngâ ng kasabihán, ay kanyang nababatid at saan man humagilap ay waláng máipupulà sa puri ng napasasakop sa kanyang bakuran.

Isáng bagay ngâ lamang ang maipipintas kay Pedro: ang kahirapan.

Datapwá't sila man namáng maganak ay mahirap din at mabuti na ngáng ang kanyang minú-mutyáng bunsô ay mákasingpalad ng isáng tunay na kauri.

Lalò namáng tiwali kung ang kanyang tum-

baga ay ihalò sa gintò. Malapit pang mawalan nŅ halaga sapagka't magiging baluán.

Si aling Mena lamang ang nagpabayag nŅ iláng pag-aalinlanŅan, nŅni't sumangayon din. At iná palibhasà na tunay na tanggalan nŅ anak at magalanŅin sa matatandang kangalian ay nagmungkahing ang mabuti'y magkaroón nŅ sarili ang mŅga batà. Isáng bahay na papanhikan sa halimbawà ay di namán nánabigatin marahil nŅ kanyang nánananganŅin.

Ang mŅga pinintakasi bitò ay sumangayon. Kung iyon lamang ay masusunod. Si Pedro namán ay natatalagá sa labat alangalang sa pag-ibig kay Lusía.

Walá na namáng hiniling si aling Mena, na nag-aakalang ang gayón ay pagsubò na rin kay Pedro.

Pagkatapos at nang magkásarili siláng nag-asawa, ay pinasalamatán pa at pinatò ang kabaitan nŅ kaniláng anak na natutong magparanŅál sa kaniláng katandáan.

Kanilá na nŅga bang sinásabisabi na ang kahihinán niya ay ipagdaraáng palà nŅ magulang!

Tunay nŅga na kung dumating ang araw, ang kaniláng mutyáng anak ay mápapawalay sa kaniláng piling. At ang ganitò'y masakit sa ka-looban nŅ sino mang natuturang anak at ina, datapwát nagkaisá namán sila sa pagsasabi na talagáng ang gayó'y hindi maiwasan. Isáng bagay pa ang kaniláng ikinasisiyáng loob: na

si Lusia namán ay talagáng maipakikisama na sa ibáng tao.

Matiisin sa hirap, mulat sa paggawá, datihang magbatá, marunong kumalapá at dí mahilig sa m̄ga bagay na waláng kabuluhán. Anó pa ang iibigin? Isáng panahón ngá'y náisaloob nilá na ang bugtóng na anák ay dapat magkaroón ng isáng kapalarang nábabagay sa kanyang kagandahan, nḡuni't napagkuròkurò pagkatapos na lalò namáng mahirap ang magkaganitó, pagkát ang kagandaha'y kumúkupas at parang kulay nḡ m̄ga sampaga na madaling mapawì.

Mabait lamang at marangal ang mákatagpò ni Lusia ay mabuti na. Lalò pang ipagdurugò nḡ kaniláng kalooban kung sa paghahanḡad na si Lusia'y mápatampok ay isá lamang mapagbalát-kayò ang mákatalì sa buhay.

Itó ang tunay na kasawian kung siyang mangyayari.

Kayá sila'y malugod na sumang-ayon sa ganitóng atas nḡ kapalaran. Bakit napaghalatá pa nḡa sa m̄ga sagót nḡ dalaga nang itó'y kanilang usisain, na ang pag-ibig niyá kay Pedro ay hindi pagkabiglá lamang kundi dinaramdam na talagá.

At mulá nḡ araw na iyón ay lalò niláng minahál si Lusia, lalóng dinagdagán ang paglingap dito upáng huwag másabi na pagkasuyà ang isinangayon nilá, kundi ang malinis na adhikáng makatulong sa ipagiging mapalad nḡ anák.

At mulá rin namán nḡ araw na iyón si Pedro ay maluwág na nakapanhik sa bahay nḡ kanyang kasi at malayàng náipahayag dito ang lahat niyang mḡa panukalà sa hináharáp.

Siya'y waláng ibáng adhiká kundí ang ipagkakapalad ni Lusía.

Sa ikasusunod nḡ ganitóng nais ay duduláng nḡ ginhawa nábabaón man sa lupà, aarawin patí nḡ gabi upáng ang bunḡa nḡ kanyang pagod ay maihandog sa paanán nḡ babaing kinákasi.

Walá siyáng kayamanan kundí ang kanyang bisig, dapuwa't malaki namán ang pagnanais na maratíng ang tinutunḡo, at sapat nang kalasagin ang ganitó sa binábantáng pagsalunḡa upáng makaratíng sa tugatog.

—Hindí ang lahat nang ninais ay natamo— ang madalás ipakli nḡ dalaga.

Ang ganitó'y sinásangayunan ni Pedro, nḡuni't ang pusò niya at kaloobang mapagtamán ay dí pinápanawan nḡ pag-asa. Waláng naghanap na dí nakakuha at kung ito'y totoó, siyá man namán kahi't maralitá ay makapaghahandog din nḡ kaligayahan sa piniling magíng kasama babàng buhay.

Kanyang náririnig sa Simbahan sa tuwíng may paríng mangangaral na ang mḡa gawáng mabuti ay pinagpapalà nḡ Diyós. At siyá, na dahil sa pagibig kay Lusía ay waláng inaadhiká kundí pawáng kagalingán at ikápapaanyé nḡ kaniláng palad na dalawá, ay dí maáaring

huwag magtamó ng kaunting kaluwagan. Magiging alangán namán kung sa wakás ng kanyang mga pagpupunyagi ay walang maging palá kundí kasawian at pagkaparool.

Ang ganito'y hindi man lamang dapat na isipin. Silang dalawá ni Lusía ay magiging mapalad gaya nang pagiging mapalad ng iba. Hindi namán silá mapapatangi marahil sa karamihan. Ang ibig niya'y isa lamang namang buhay na payapa sa piling ng babaing iniilog.

At saká kaunting kaluwagan sa buhay: iyón bagang huwag¹ masakóp ng iba kundí magkasarili at huwag mapanghimasukan ng sinoman. Ang mga nais bang ganito'y hindi namán kayá maluwag tupdín?

—Dí kasí lalò't pagpupunilitan—ang naisagót ng dalaga.

Kung gayo'y sápilitan silang magiging mapalad—ang náisasaloob namán ni Pedro. Paano, nga'yón pa man ay pinagaaralan na niyá ang mga bagaybagay na kakailanganin.

Halimbawá sa paghamap ng halagang maipagpapatayó ng bahay. Mga isang daang piso marahil ay sapat na at ang ganitóng halagá kung ibig ay mautang kay Don Hasinto. Datapuwat nágugunitá niyá na kung itó ang gaganin ay para na ring isinanglá ang kanilang hinaharap ni Lusía. Para na ring ipinangutang ang kanilang sukat maging palad sa mga sunód na panahón. At ganitó ang mangyayari

palibhasà'y kakatwâ ang mġa palakad na sinúsunod sa pakikisamá, na kung minsan, ang utang na kasinghálagá nġ kailanġan niyá, ay nagiging tanikalġng dġ na makalas, pataw na inilulubog nġ kapalaran nġ dġ iisang'ának na marálitá.

At ayaw siyá na ang pinakagigiliw na si Lusía ay mápapain sa isáng kapanġanibáng paris nitó. Ang ibig niyá'y makápagtayó nġ isáng tahanang waláng pabató, ayaw siyá nġ isáng tahanang may ibá nang panginoón kapagkaraka.

Kayá ba iniisip na pa sa Maynilá at humanap nġ mágagawán. Ang balitá niyá at higing-higing, sa Maynilá ay lubháng marami ang ká-papasukang mġa hanap-buhay.

May pagawáang bumábayad nġ piso magha-pon, may apat na piseta at kababáan ang tatlo. Sa makatwid mapagtiísán lamang niya ang mġa isáng taón ay makapagiimpok siyá nġ mahigít pa sa kinákailanġan, makababalík sa Balingkaho-y at taás ang noóng makahaharáp kay Lusía, upáng ihandog dito ang kanyang pag-ibig.

Siya nġa palá, isáng taón lamang na pagkalkalayó sa kinákasi, isáng taóng pagkauhaw sa mġa titig nitó, isáng taóng pagtitiís at magbubukang-liwayway na sa kanya ang kapalaran.

Bakit dġ idáraos ang akalġng itó, kung siyáng magiging batis nġ kanilang ginhawa?

Kung ang paglayó munáng itó ang nababanggit nġ binatá, si Lusía ay dġ makakibó. Kinálala

rawanan lamang sa mukhá n̄g isáng kalungkutang hindí ugali at nápapabuntong hiningá. Sumisikdo pa tulóy ang dibdib.

Aalis si Pedro! At paano siya? Sa paggunitá n̄g mangyayari ay dinádaig na parati ang kanyang pusò n̄g malakíng kapighatian. Kung magkágayon na'y mamúmuhay siyá sa hinagpis, kákaulayawin ang m̄ga kahirapan n̄g loob at palagìng kakasamahin ang pangun̄gulila. Hindí yatà niya mapapayagan ang tangká ni Pedro.

Kayá gayó'y paluluhain siyáng palagì n̄g káaalala, patatan̄gin n̄g kasabikán sa iniiróg at dahandahang utasin n̄g kalungkutan.

Si Pedro namán ang natitigilan kung marinig ang ganitóng m̄ga binibigkas n̄g kanyang kasi. Mahapdí n̄ga namán ang magkalayô. Siyá ma'y nahihirapan din. Ang kanyang dibdib, sa tuwìng itó ang mágugunitá, ay parang sinisigwa, tila karagatang inúunós na sandalí ma'y hindí mátiwasay.

Siyá pa namá'y namihasa na sa m̄ga pakikilayaw ni Lusia! Kung mapa sa Maynilà, at hangga't walá pang naiimpók, ang m̄ga sandalí niyáng dáranasin ay magiging masaklap, ang kabuhayan niyá'y kakandungin n̄g lungkot na waláng kahulilip.

Sápilitang magkukulimlim ang maaya niyáng kalan̄gitán. Hindí sapagka't magtataksil si Lusia, hindí. Ang ganitó ay dí man lamang niyá inaakalàng mangyayari, n̄guni't mapapalayô siyá

sa kanyang minumutyá, at matagal ding lulu-
bugán n̄ araw.

Ganító ma'y walâ namán siyáng magagawâ.
Sápiritang lalagukín ang gayóng mapaít na ka-
tás n̄ makabuhay, sapagka't kailan̄gan n̄ ka-
niláng katiwasayang magkasi.

Ang kaunting pagtitiis kung ipagtatamó n̄
ginhawa ay dapat tanggapín. Kung minsan ang
kapalara'y nagmamasungít na talagá upáng pa-
tanaw na nakan̄giti pagkatapos.

At ang m̄ga may layòng inúusig na paris ni-
láng dalawa, ay dapat matuto n̄ pagtitimpi,
mag-aral makiugali sa m̄ga atas ng kapalaran
Ito ang kaniláng katungkulan.

Ang isáng taón ay gasino na ba lamang.
Sa matuling takbo n̄ panahón ang dalawáng,
taón ma'y para lamang sangkisáp.

At saká kung gayón namang matibay ang
sumpáan nilá na sino mang maglilo ay huwag
magdaáng palá, ay dí na lubháng kasakitsakit
sa loob ang pagkakalayô.

Paano't paano man ay mákapagsusulatán silá.
Kung silá'y magkakasulatang madalás ay para
ring hindi nagkakalayô. Paanhin ma'y kagin-
hawáhan na rin ang kahi't sa balitá'y magka-
talastasan silá.

Tungkol sa ibáng bagay pa ay saká na pag-
fisisipin. Ang totoóng kailan̄gan at dapat ga-
wing madali ay ang pagpasa Maynilà upáng
humanap' n̄ mápagkakakitaan.

Araw araw halos ay itó ang isinásamò ni Pedro kay Lusía. Nguni't palaging nakatatag-pò ng kaparaanan ang dalaga upáng pigilin si Pedro.

May panahón pang máiaalis. Mápaibáng araw man ay dí siyá magigipít at kung pinipigilan man si Pedro ay sapagka't untiunti pa lamang hinhimok na makisangayon sa gayóng pinápanukalà ng kasintaban ang kanyang pusóng umi-irog.

Hindi ang pagibig na paris ng sinisimpan niyang taós sa pusò ang maáaring gahasain. Ang mga pagibig na ganitóng hindi bunga ng pagkakataón kundi wazás ng isáng matimping pagkukurò, ay mahirap pasangayunin sa ano mang bagay na nagkakahulugán ng ipagpipig-hatí.

Kanyang pinupuri at minamadakilà ang mga layon ni Pedro. Ibá na ngá namán ang waláng álalabanín, ibá na ang malayá. Kung mangungutang kay Don Hasintó ay, sapilitang may pagbabayaran at ang ganitó kailan may magigát sa pamumuhay.

Ganitó lamang namán ang kanyang naririnig sa matatandá at dí sasalang kayá nilá nasasabi ay sapagka't napagdanasan na.

Kaugalian nang sa mga napagdaranasan sa buhay nátututo ang tao, at maano ngang mapagtamanán din ng kanyang irog ang lahat nang binábanta.

Kung itó ang sumasagila sa kanyang gunitá ay halos minámaluwág ng kalooban ang pagpayag na si Pedro ay umalís, nguni't kung bibigkasín na lamang ang pagpapahintulot ay saká namán tumututoí ang kanyang pusò na nahihintakutang mangulila.

At gayón ang nangyayari: palagìng pagtatalo ng isipan at pusò, palagìng pagbabatakán ng kalooban at kaluluwá.

Samantala'y laló namáng nápatimò sa kalooban ni Pedro ang kanyang náisip gawín, lalo't pinagkukurò ang mga kagalingang ibubunġa.

Sa kaniláng pagsasalitáan ng mga araw na sumunod ay itó ang ipinalatá sa kanyang mga pangungusap.

Hindí kagalingan lamang niláng dalawá ang ipinagpupumilit, kundì ang sa magiging bunġa man ng kaniláng pagiibigan. Sa mga supling na itong larawan din ng kaniláng sarili ay di na dapat ipamulat ang marawal na kalagayan ng isáng kasamá. Dapat pagsumíkapan, at ito'y isáng katungkulang banal, na sa kinábukasa'y may mápanghinularan silá na mabutíng gawá ng mga magulang. Sa ganitó'y magkakaroon silá ng mararangal na damdamin at mangatututo namáng magsikilos nang tungo sa ipagkakaroon ng isáng katayuang lalò pang maginhawa.

—Luwagán mo ang iyóng loob ng pagpapahintulot sa akin—ang násasabi ng binatà,

—Kung siyá mong ibíg ay ikaw ang bahalà—
ang náipakling minsan nǎ dalaga—nalalaman mo
namang ang nilolóob mó'y siyá ko ring niloloob.

—Salamat, nǎuni't ang ibig ko'y ikatwá mo
sana ang aking pagalís, nang kung mápalâyô man
ako'y maging aliw ko namán ang pagguguni-
táng kálooban nating dalawá ang siya kóng si-
nunod.

—Maiaalis mo ba namán sa akin ang pag-
aalala?

—Hindí ko namán sinásabing huwag mo na
akóng alalahanin. At saká makaya mo naman
kayâ ang ganito?

—Talagáng hindí pagka't aking ikamamatáy.

—Lalò mo akóng pinaáasa sa katibayan nǎ
iyóng pag-ibig.

—At akó namá'y sa pananalig nǎ lubós na
lubós sa iyó.

Isáng mabining simoy nǎ hanġin ang buhat
sa labás nǎ durunġawá'y nagkalat sa loob nǎ
bahay nǎ masansang na halimuyak nǎ kalapit
na mǎa ilang-ilang.

Ang magkasi ay nagkatitigán at magkahawak
ang kamáy na tila may mahihiwagàng lihim na
pinagsusumpaanan. Sa gayóng kaayaayang san-
dalí ang mǎa isipan nilá'y naġlarô sa mayamang
lanġit nǎ mǎa panġarap. Dito naghudyatan ang
kaniláng mǎa kaluluwá upang umawit na sabáy
nǎ matamís na kundiman nǎ pag-ibig na wagás,
dalisay at singurí nǎ ġintô sa kalínisan.

Maanong ang kaniláng buhay ay sa gayon na lamang mamalagi: sa pagnamnam n̄g masaráp na pag-uulayaw n̄g kaniláng m̄ga pusò.

—Ikaw bá'y matatagalán doon—ang nang makasandalí'y náitanóng n̄g dalaga.

—Hindí naman, pagpupunilitan kong makabalik na madalí, pagka't dí ko maáatim ang mápalayô nang matagal sa talà n̄g aking pag-ibig.

—Tunay kayâ?

—At nagaalinlanġan ka bá?

—Sino ang nakaaalám n̄g mangyayari bukas.

—Nagsasalob ka n̄g isáng bagay na kailanma'y dí ko gagawin.

—Ugali't salitâ.

—Si Lusia namán, hangga n̄gayón bá'y pinasasakitan mo akó?

—At bakit ka nagsalitâ n̄g ganyan?

—Mangyari'y tila ipinalalagáy mong marupok ang aking pag-sinta.

—Hindí namán nápakarupok, n̄guni't hindí na namán titibay pa marahil sa aking pag-ibig sa iyo.

—Mapagbigyang loob lamang kita'y sásabihin kong oo na n̄gâ.

—At hindí ba siyáng totoó?

—Ang alín?

—Na kung sa tibay at tibay n̄g pagsinta ay talagáng dí mo akó mapagpapalalúan.

—Kayâ palá ang isáng mithí kó'y hindí mo na pinahalagahán.

—Anóng mithí?

—Malilimutín ka palá.

—Hindí ko na magunitá; ipaalala mo n̄ga sa akin.

—Huwag na at dí rin lamang mangyayari.

—Kundi ko n̄gá káya ay walá akóng magagawá.

—Káya mo n̄guni't talagá kang nagmamaramót.

—A, naalala ko na—at si Lusía'y bigláng na-patungó na dí nakatitig sa kausap.

Isáng halík, isá lamang namán, ang hinihi-n̄nging iyon ni Pedro. Parang baon sa kanyang pag-alis, pinakaalaala n̄g kaniláng pagsisintahan.

Ang isáng halík ay karaniwan na sa m̄ga nagkakamahalan. Tunay n̄gá at ang ganitóng mithí ay tila pagdungis sa kalinisan n̄g kanyang pagmamahal kay Lusía, n̄guni't imay iba pa ba namang matapús na sanglá na gaya n̄g isáng halík?

Kanyang nábabatid na kung aariin din lamang ay hindí dapat dungisan datapwá't nápakatagal ang panahóng ipagkakalayó nilá, nápakahabà ang m̄ga araw na dí nilá ipagkikita, at ang isáng bagay na gaya nang kanyang hininingi ay maáring nang ipagkaloob.

—Talagáng maramot ka—ang sabi ng binatá. Ayá't náhahalatá ko na naman sa maaya mong mukhá ang pagtanggí ñhindí ba?

—Sa nápakabigát ang iyóng hinihingí.

Mabigat sa áyaw, n̄guni't magaan sa may ibig.

—Palagi mo akóng ginigipit Pedro.

At ipinalalagay mo paláng ako'y tampalasan?

—Hindi naman gayon!

—Ay bakit isáng hamak na kagagawán ang ipinararatang mo sa akin?

—Násabi ko ang gayón pagka't tila ako'y hindi mo minámahal.

—At bákit?

—Paano'y ibinubunsod mo akó sa kamatayan.

—At akó ba'y waláng pusò upáng gawin ang iyóng sinabi?

—Mangyari'y tila kamatayan ang iyóng hinihingi sa akin. Kung pagiliwan kita sa iyóng pithaya ay di ikaw rin ang unaunang magsasabi na marupok palá ang aking pag-irog?

—Kailan ma'y hindi ko mahihinuhâ ang gayón pagka't nanánalig akóng ikáw namá'y walá nang ibá pang iníbig kung hindi ako.

—N̄guni't kung mangyayari ang iyong pita, ay ipalagáy mo pa kayáng karapatdapat akó sa iyóng pagmamahal?

—Lalò kitáng pakákaibigin Lusia, sapagka't nátuto kang tumugón sa dalisay kong pag-irog.

—At hindi pa ba makasisiyáng loob sa iyó ang matibay kong pangakò na kitá'y hindi lili-mutin?

—Huwag mong sabihin ang kasyaháng loób

lamang. Akin pa n̄ḡang ikinadadakilà ang turing ná ako'y iyóng iníbig n̄gunì't lalò ko namang ipagiging mapalad ang minsang pagtatamo sa iyó n̄ḡ isáng bagay na paris n̄ḡ hinihingī ko'y nagkakahulugán n̄ḡ isáng pagsupil mo sa iyóng sarili.

Si Lusia ay biglang natigilan. May katuwiran n̄ḡa si Pedro, datapwá't may dapat lingapin sa hulí, may kapurihán síyáng mahahamak na dapat pangalagaan.

Ganitó ma'y nápakahirap tumanggi sa mithi n̄ḡ kanyang minámahal. Sinisinta niya si Pedro n̄ḡ boong pusó at ang m̄ga dandamin nitó ay kanya rin namang dandamin, at ang m̄ga sákit n̄ḡ loob ay kanyang kasakitan.

Nagtatalo ang kanyang isip: kung tumanggi ay magíging maramot, at kung pumayag ay magíging abâ. Ang mabuti'y huwag paoo. Nagwalâng kibó na lamang, yamang sí Pedro ay di pa rin namán áalis.

Saká na ísipin kung anó ang lalòng mabuti. Oo n̄ḡa sakâ na.

At pinagpumilitang ang pag-uusap nilá'y mápabaling sa ibáng bagay na nátutungkol man sa pag-ibigan nilá'y hindi lamang sa hinihingī n̄ḡ binatà.

Itó namá'y hindi nagpumilit na gaano. Sakâ na niya úsisàin ang gayón, may m̄ga araw pa rin lamang na magdaraán sa kaniláng dalawá.

At parang pinag-isá ang kaniláng pagpapali-

bang itó na ang pag-uulayaw ay nápatungō sa bangóng masangsang nṅ ilangilang, sa kisáp nṅ mṅa talà, sa ningning nṅ mṅa bituin, sa liwanag nṅ palabàng buwan.

—Tingnan mo ang tatlong talàng iyan na nag-kakalapit, parang nagsisipanaghili sa iyong kagandahan—ang sabi nṅ binatà. Sa haráp mó'y tila waláng anó man ang kaniláng liwanag.

Si Lusìa ay nagpawalawala at kunwa'y hindi nakáririnig.

—At ang bituing iyón?—ang patuloy ni Pedro—nag-iisá sa malayò, parang lumuluhà at umaawit nṅ mapanglaw na kundiman. Iyón ang mákakatulad ko kung mapawalay sa iyóng piling.

Si Lusìa ay dī rin sumásagot.

—At náikita mo ba ang ulap na iyang mulá sa hilagà'y untiuntíng umaakyat na tila pasugò nṅ sakunâ? Kung anó ang lungkot sa pagkukulimlim nṅ masayáng liwanag ay siyá namáng lungkot at mṅa katiisang babathín ko bago má-turang ikaw ay akin nang lubós na lubós.

Ang dalaga ay waláng ring imík.

—Kay habà pa nṅa palá nṅ aking ipagtitiís, maglalamay pa akó nṅ matagal, nṅuni't tanglaw ka namán sa aking paglakad at umáasa akó sa pagkakapalà. Isáng bagay lamang ang minimithi ko: ang pagibig mo sana'y huwag babawiin upáng magkaroón nṅ kabuluhán ang aking buhay.

Si Lusìa ay nápatitig sa nagsasalitá. Ang binatà naman ay dī na nagpatuloy: kanyang ná-

basa sa titig na itó ang pangangakóng sa dako
man doón n̄g kamatayan ay sisintahin siya n̄g
dalaga.



VI.

Isáng tren sa ika 6 n̄ hapon ang nilunsaran ni Pedro sa Tutubán. Ang unang ikina-pamulalà ay ang kalakhán n̄ kamalig na kinálalagyan niyá. Malaking dí sapalà ang kamalig na itó kung sa simbahan lamang n̄ Balinkahoy.

At ang pagyayao't ditong kanyang náikikita n̄ maraming tao, ang sigawang nakatutulig n̄ m̄a naghahakot n̄ kasangkapan, ang kalugkók n̄ m̄a gulóng sa matigás na lupà! Lahat nang iyo'y katakataká sa isáng taga bukid, ang lahat nang iyo'y dakilà sa kanyang palagay.

Bahagyá nang makahakbang n̄ pasulóng. Natitigilan siya sa lahat nang námamalas.

¿Anó kayá ang katungkulan n̄ m̄a taong sa pinakapintó n̄ isang mahabang bakod na kahoy ay humingi n̄ kanyang *billete*?

At ang nároong ibá pa, na pawang m̄a mukhang máginoo at parang m̄a may biná bantayán ¿ano namán kayá?

Nápapatigil tuloy sa kinátitingin. Pati n̄ bit bit na isáng takba na kinalalagyan n̄ ilan niyang damít ay munti nang mahulog. Paano'y napasiksik siya sa karamihang tao at sa pagka-

Itó'y dí na halos náalalang may takba ngâ palá siyá.

Nang mápalabás sa daán ay lalò pa manding nápataká.

Gayón palá ang Maynilà! Nakasisindak sa kalakhan. Pagkaluluwáng na mġa daán ang náki-kita niya, na lahat ay matao at punó ng mġa sasakyan.

Ang *tarambiya* ngâ namán pala ay tumatakbo ng waláng kabayo.

At matulin pa yatà kay sa sinakyan niyang tren. Dapat ngâ pala namang pakapurihin ni Igê ang Maynilà, sa tuwing itó ang kaniláng mapaguusapan.

At sa dí mapawing pagkahangâ ni Pedro sa lahat nang bagay na kanyang náki-kita ay dí napapansing siya'y pinagpapanooran na ng mġa tao.

Ang mġa bahay, anóng pagkalalakí pala at sadyâ nang iinam. Ang bahay-parì sa Balingkahoy at ang bahay man ni Don Hasinto, ay dí máitutulad sa kanyang mġa hinahanġaan.

—Itó palá ang Maynila: mġa bahay na malalakí, mġa lansangang maluluwáng at mġa taong yao't dito—ang násabi makasandalí—bago tumakad na dahan dahan, lilingalingâ at dí mġa minsang pinagmuntikanang másagasâ ng mġa kalesa.

May bahay siyang hinahanap ng isáng kaki-tala ng kanyang áli. Ayon dito ay dapat pag-

hanapiu sa daan daw na kung tawagi'y Magdalena.

At pinasimulan na ni Pedro ang pagtatanong kung saang dako naroon ang tinurang lansangan.

—Doon po, sa dakong iyon—ang turò ng unang dinulugan.

At si Pedro'y lumakad na namán na ang náitanong sa sarili ay kung anó kayá ang katuturan ng mga nagbiting bangá na tila salamín naman sa kanyang masjid at nakalagay sa mga haliging bakal.

—Itó ang dí násabi sa akin ni Igé—at lalò pa manding pinaginam ang pagmamalas sa isang bangá na kanyang kinatatapatán. Nakitang ito'y bilog na bilóg at makinis, at sapagka't saan man siyá lumingá ay mayroón, ay napagkurò-kuròng marahil malaking bagay ang mga bangang iyon.

Gumágabi na palibhasá ay lalòng siniglahan ang pagtatanong ng daang hinahanap. Sa wakas ay kanya ring nátagpuan at nakita naman ang bahay na tinitirahan ng kakilala ng kanyang áli.

Napakilala sa may bahay at siyá nama'y tinanggáp nito ng boóng lugod.

—Ikaw palá ang pamangkin ni aling Kuwalaang sabi pa ng may bahay. Pagkalakilakí mo na ngayon amáng, hindi na kita mákikilala kung magkasalubong man tayo sa daán. Tingnan mo ngá lamang namán itóng tao: noóng araw

atóng na kami'y magkákilala nǎ iyóng áli ay muntí ka pang batà, at nǎayo'y bagong-tao ka na. Ay anó ang buhay-buhay ninyo sa Balingkahoy?

—Mabuti po namán—ang sagót ni Pedro—mahirap nǎa po lamang sa pilak.

—Ay atóng! hindi mo dapat pagtakhan ang nangyayari. Dito man ay mahirap din ang pagkabuhay. Kundanǎan nǎa lamang at náririto na, ay talagá namǎng nakasasawà na ang kasalatáng itó.

—Bákit po namán. Walá pong di napagtití-sán ang tao.

—Iyan din nǎa ang sinásabi ko.

—Kung gayon po palá'y mahirap dito pati sa mapagkakakitaan?

—Mahirap kung ang habanǎarin mo'y sumahod nǎ isang takdǎng halagá sa buwan-buwan nǎuni't may kagaanan nǎ kaunti kung ang bisig ang iyóng pupuhunanin.

—Saán po kayá ako makakapapasok kung gayón?

—Ikaw namá'y hirating gumawà nǎ mabigát anó?

—Opo nǎa.

—Kung gayo'y mag-araw ka at madalidali kang makakikita nǎ pilak.

—May kálagyan po kayá'ako?—ang may panabík na tanóng ni Pedro.

—Hindi mawawalán diyan.

Nang gabing iyón si Pedro ay bahagyâ nang nakatulog.

Pinagmumuni ang kanyang gagawin. Siyá'y na pa sa Maynilà upáng dumuláng n̄g kailanngang halagá sa kanyang ipagiging mapalad.

Siyá'y hindi namimili n̄g gagawin: kahit anó at ikíkita lamang ay ikasisiyáng loob na. Bakit kung malaki ang kikitai'y lalò namáng mádadali ang pagbalik niya sa Balingkahoy, upang ialay na kay Lusía ang lahat, ang kanyang puso at kapalaran, ang kanyang puri at pagkatao.

Si Lusía! Kung dahil dito'y kailanngang lumikhá n̄g isáng himalá at kababalaghan, siya, si Pedro, ay natatalagá, magkakapangyarihan lamang.

Ipinangakò, na anoman ang mangyari'y pagpupumulitang mátamo ang kanilang ginhawa, at suhat na itó upáng magbigay lakas sa kanya sa mga inaakalàng gawin.

Hindi, hindi siyá tutugot ano man ang maratng.

Si Pedro'y nalís sa bayang sarili na taglay ang alaala n̄g káunaunahang halik na náidampí sa magagandang pisin̄gi n̄g kanyang irog. Ang halik na iyóng pinaghirapan muna at nátamo n̄g panakáw halós, ay siyang pabaon sa kanya ni Lusía sa pagkakapa sa Maynilà. Iyón lamang at saká ang biling lumiham sana agad, ang pinagkáhiwalayan niláng dalawa.

At siyá, si Pedro, ay natatalagá namang pumasok agad sa anó mang pagkakakitaan, upáng makabalik na madalí at makatupad sa hiling ng iná ni Lusía.

Ang nakahibirap lamang ay di siyá hiratí sa Maynilà, nguni't babalà na. Sa mnga araw na hinaharap ay pag-aaralan niyang untiunti ang mnga kaugalian dito.

Saan bang di ang lahat ay kanyang káminihan.

At hating gabi nang malalim nang máidlip sandali. Sandali lamang namán at agad nágising upáng gunitáin si Lusía.

Inumaga tuloy sa káisisip ng madlang nárapat gawin. At ang nayari sa loob ay samantaláhin ang unang pagkakataóng ikápapasok kahit sa ano, at ang ginawá'y naglakad pagkatapos mag-agahan.

Hindi na ang kalakhan at pagkamatao ng Maynilà ang kanyang hinahangáan kundi ang pinagtatakha'y ang di na niya pagtataká ngayón sa lahat nang nakikita.

Hindi niya mapagkurò kung anó't ang lahat ng kanyang namamalas ngayón ay parang dati nang namamalas. Marahil naging gamót sa kanyang paninibago ang kalakhan ng pagkaibig na mapapasok agad sa isang hanap buhay.

Sa kinálalakad ay nakatagpô siya ng maraming mnga tao na nagsisipaghukay sa gitná ng daan. Ang mnga taong iyo'y nákita niyang nag-

sisipagbukás n̄ malalakí at malalalim na bang-bang. Nakákita pa siya n̄ m̄a putikán at basâng basâ, n̄ m̄a nagbabaón n̄ kahoy at n̄ m̄a naghahakot n̄ lupà na ibinubunton sa isáng tabí.

Sandalíng nápatigil sa panonood at pinagkuròkurò ang marapat gawin. Mabigat na gawàin ang hináharáp na iyon n̄ m̄a taong kanyang nákikita n̄uni't kanya namang makakaya marahil. Sa m̄a nagsisigawá ay marami pa ang payát kay sa kanya n̄uni't maliliksi namang kumilos at tila dí man nagsisipangalo.

Siya pa kayáng may m̄a bisig na baták sa paglilináng n̄ lupà ang dí makakaya?

Waláng dí kinamimihasan ang tao, at sa kaibigáng mápasok ay nan̄abas kausapin ang isáng tao na tila siyang katiwalá n̄ m̄a mangagawàng kanyang pinanonoód.

Matagal siláng nag-usap at si Pedro ay tinanggap naman, kayát kinábukasa'y pinababalik ulí.

Kayâ lamang dí nakágawâ noon din ay sa-pagká't may pagsasanggunian pa ang katiwalá na lalòng nakatataás sa kanya. Ang ipasasahod muna kay Pedro ay tatlong piseta maghapon at bala na'y gagawin. Kung matagala'y sakâ na titingnan kung dapat dagdagan ang bayad na itó.

Si Pedro nama'y sumangayon at saan dí ang ganitong kapalara'y ipagpapasalamat pa niya n̄ labis at labis.

Nagbalik sa tinutuluyang bahay na masayang masaya. Parang ang labat ay nagliwanag sa kanyang tingin at nagkakulay gintò.

Sasahod siya ng tatlong piseta maghapon. Ipalagay ng kalahati ng halagang ito ang makain sa araw araw, ang kalahati ay kanya ng maimpok. At kung mapataas pa ang kanyang kita? Lalong mabuti, lalo ng mapapadali ang katuparan ng kanyang adhika.

At sa kagalakan ng loob ay nakaisip sumulat kay Lusia.

Kanyang ibabalita rito ang nangyari unauna, at ang maluwalhati namang pagdating sa Maynila. Ang kanyang ali ay dapat din namang sulatan at balitaan ng kanyang napagsasapit. Noon niya nakilala ang kahalagahan ng may nalalamang kaunti. Kung magkataong siya ay di maalam sumulat at bumasa, maalab man ang pag-nanais na makipagwatasan sa mga iniirong niya sa buhay ay walang magagawa. Ang di karunungan'y siyang di ikasusunod sa ganitong nais, Kaunti man pala ay kailangan sa buhay. Kung nagkatao'y ipakikisuyo sa iba ang pagbabalita sa kanya pa namang kinakasi ng kagalakang taglay.

Payapang hinintay ang kinabukasan.

Hindi nga namán siya nabigò. Pagkikita nila ng taong kinausap ay binigyan siya kapagdaka ng kasangkapan at pinapaghukay na noon din.

Mulá nang araw na iyon si Pedro ay nápa-bilang sa m̄ga nagsisigawá sa *alcantarilla*.

Lahat n̄g m̄ga kasamaha'y nápapataka sa kanyang kasipagan.

Pati gabi ay inaaraw, makásahod lamang n̄g malakilaki kung araw n̄g sábadó.

Pag ang pinakakatiwalá ay nagtatanong kung sino ang makatatagal na magpatuloy gunawá hanggang sa hating gabi, ay si Pedro na ang unaunang sumasagót n̄g oo.

Kung minsá'y nápag-uusapusan na tuloy ang kanyang tila masagwá na namáng pagsusumisid sa paggawá. Bakit sa kináuisisá n̄g m̄ga kasamahán at sa m̄ga pagsisiyasat na kaniláng ginawá ay napag-alamang si Pedro'y walá namang pinakakaing asawa't m̄ga anák.

Kung mayroon man lamang sana, magsumisid man ay dí kailan̄gan. Ugali't may' m̄ga pinakakain at may m̄ga pinararamtan.

Anó kayá ang kadahilanan n̄g ipinagpapakamatay halos n̄g binatang iyon?

Siláng lahat ay nagkanikanyang tanóng, n̄guni't sa bibig n̄g kanilang hináhangāan sa pagkamatiyagá ay waláng nangabatid na anoman. Ang binatang'y dí nilá kináringgan n̄g kaputok mang paliwanag, bagkus tila sadyang nagmanatipid sa pagsarili n̄g kanyang lihim.

Walá siláng náikikita sa m̄ga kilos ni Pedro kundí ang isáng dí pagdaramdam pagod. Bihirá ang makatútulad sa kanya na pán̄gatawa-

nan kung gumawá at kailanma'y hindi nahalatan ng panglulupaypay.

Kung totoóng pagód na at tila dinadalaw ng hapò, ay náikikita niláng nápapangiti lamang at pagkatapos ay namamasdan na nilang lalò pa manding masigla kay sa dati.

Sa kakaunti pang araw na iginágawá ni Pedro ay totoóng nákasundò na ng katiwalà kayá agad pinasahod ng apat na piseta, ng makaraan ang unang pitong araw. An mga kasamahán niyá'y hindi namán nápataká sa gayong pagkakapagdagdag, sapagká't nauukol na talaga. Kung pagsusuriin pa ngá ay di gayon lamang ang dapat ipasahod, palibhasá'y timbang dalawá si Pedro kung sa kasipagang ipinakikita. Nakaraan ang iláng buwan at ang kanila pa ngang pinagtatakhan ay kung bakit di na nápataás uli ó naging piso kayá ang sahod ni Pedro. Itó ang tunay na kakataka!

Ang di pagmamaliw ni Lusia at ang pagkakatatagpò ng isáng mabuting kaibigang nagnangalang Dimas Ilaw, ay naging sanhi ng malaking kasiyahang loob ni Pedro.

Ngayón ay tunay na siyang mapalad. Unti-unti ng nakapagtitipon ng kailangang halaga na ikasusunod sa namithi ng ina ni Lusia, at saká sa mga pagsulat dito'y napagsasanggunian si Dimas kung minsan.

Ang Dimas na itó ay kapit bahay ng kanyang tinutuluyan. May asawa at mga anak na pawá namang maliliit.

Ang buhay ni Dimas, ayon sa kanyang nabatid pagkatapos, ay totoóng maralitá. Ang babai ay nanánanggapan nē tahí, at si Dimas ay sa paggawâ nē bála na'y ibayad sa kanya kumikita nē kaukauntí.

Ang Dimas na ito ay nakapanġangastilâ nē matatás at madalás niyang makita na kalakalahatíng araw halos sa pagbabasá. Palaging, mġa aklat ang hawak, at totoóng maraming nati-tipon nito sa kanyang babay. Ang sabi nē asawa, ay madalás daw na ang nákiķítang kaukauntí ay sa pagbilí pa nē aklat inauukol, gayong kung minsan, mákain man silá ay walá.

—Sabi ko sa inyo't ang taong iyan—ang wikâ nġáng minsan kay Pedro—ay nakayayamot naman kung magkabilirâ. Walá nang minamahal kundí ang aklat at kaming mag-iináy bahagyâ nang harapín.

Si Dimas naman na nakarinig nē gayon ay nápatawa na lamang na ang sabi:

—Dalawang bagay ang ikinabubuhay nē tao: ang pagkaing isinisilid sa tiyan at ang pagkain nē pag-iisip. At ang una kong binúbusog ay ang isip muna.

—O, narinig na ninyong magmatwid iyan—ang náipakli nē asawa.

Ang katotohana'y hindi namán kayâ nito pinapansin ang mġa hilig at pagkabuyóng iyon ni Dimas ay sapagká't kanyang minámasamá. Kung maminsanminsang ma'y pinangġangahasar.

niyang pagsalitan itó sa haráp n̄g ibáng tao, ay hindí sa pagkawaláng pitagan kundí kanyang inaalala na baká si Dimas ay magkasakit tuloy.

Pagnagkataong si Dimas ang nawalâ sa kaniláng mag-iina, ay para na rin siláng sinakmal n̄g gabing madilim, para na rin siláng napatdan n̄g buhay.

Búkod sa kanyang minámahal si Dimas ay totoong malakí ang náitutulung nitó sa kanilang pagkabuhay. Ang lalóng malakás na pinagkakitaan ni Dimas ay ang m̄ga pagsulat sulat. Hindí iisang kathá niya at m̄ga dulà ang lumalabas sa pan̄galan n̄g ibá. At nangyari pang minsan na sa kainaman n̄g isa niyang dulà ay nápita n̄g nagsipanood na makilala ang kumathá. Si Dimas noón ay na sa loob n̄g dulàan, násaksihan ang pagtatagumpay n̄g kanyang m̄ga akalâ at kuròkurò, narinig ang pagpuri n̄g madlá sa bun̄ga n̄g kanyang pag-iisip, nakita ang malaking kasiglahang loob n̄g lahat at sandaling nakalimot sa kanyang kauntian at pagkamaralitá. Parang nápaakyat sa langít at tila naramdaman pa ang pagaspas n̄g pagkakabunyíng humalik sa kanyang noó. N̄guni't nang totoóng mapilit n̄g paghingí sa kumathá ang m̄ga tao, ay iba ang lumabas at pinapurihan, ibá ang tumanggap n̄g m̄ga pakikilugod, at siya na tunay na sumulat n̄g dulàng iyon ay na sa isang tabi, nakamatâ lamang at kaulaulayaw n̄g kapighatian.

Paano'y hindi na naman kanya ang dulang iyon, pagka't naipagbili, gaya nang madalás niyang gawin. At mulá nang sandaling iyon ay náisumpá ni Dimas na dí na papasukin ang dulaan lalò't kathá niya ang pinalalabas. Hindi kapalaluan ang ganitó, kundí kaibigáng huwag nang sumaksi pa sa m̄ga katiwalian n̄g buhay at sa pagkakamaling madalás n̄g karamihan sa kanyang m̄ga hatol.

Bukod sa paggawá n̄g m̄ga dulá ay may iba pa siyáng pinagkakakitaan. Maraming m̄ga tanghal na maginoó ang sa kawalan na marabil nang panahong mágugugol ay sa kanya napasulat n̄g m̄ga lathalang kadalasa'y hinggil sa lalóng m̄ga dakilang suliraning nangyayari. Siyá nama'y gawá n̄g gawá at saká naniningil pagkatapos. Kung minsá'y m̄ga balak na kautusan pa ang kanyang nasusulat na pagawá namán n̄g iláng m̄ga kagalanggalang, na walá ring panahón.

Ganito ang buhay at pagkabuhay ni Dimas, na maralitá man ay mahal makipagkatoto at mabuting makipagkapwá.

Sa m̄ga unang sandali pa lamang n̄g pagkakapag-usap nila ni Pedro, ito'y totoóng nabibag na n̄g maliliwanag na pangangatwiran ni Dimas.

Tinakhan niya agad ang katalimuban n̄g bagong kakilala, ang kaalamang makibagay sa kinákausap at saká ang pagkamagalang kabít dí singpantay ang kaharap na panoobin.

At dí pa man sila nagkakapalagayang loob, si Pedro ay totoó nang katiwalà kay Dimas na dí lamang sa lahat nang sinasabi kayá niyá hináhangâan kundî sapagká't may mġa pagkukurò namán at palápalagay sa mġa nangyayari, na sa gaya niyáng nababaguhan sa mġa bagay na ito, ay isáng tunay na pagbukod kundî man paglayò sa karaniwan at madalas sundin nġ marami.

Halimbawà, ang Dimas na iyón, sa minsan niláng pag-uusap, ay nakapagsabing siya ay hindi sangayon sa nápakamalulumanay na kaugalian nġ pilipino.

—Ang aral na: kung ibig mong mabuhay ay mag-asal patay ka—ang kanyang sabi ay isang tunay nating kapamahakán. Ang aral na itó ay panupil sa dapat pakapanġalagàng kamahalan nġ sarili. Laban sa aral na itó at kung ako lamang ang masusunod, ay ituturò kong panuntunán nġ lahat ang kasabihang: nġipin sa nġipin at dagok sa dagok. Dahil sa pag-aasal patáy kadalasan tuloy ay pinararaan ang mġa pagkaapí at kadustáan gayóng ang pangaapí gawin man nġ kahit sino ay talagang dí dapat pamalagiin.

Sa Dimas ding ito nakárinig si Pedro nġ mġa ibang kapalagayan at kuròkurò na kailan ma'y dí pa niya naririnig.

Halimbawà tungkol sa pag-ibig sa Bayan. Kakauntí raw, halós galó lamang kung baga sa

bigás, ang nakababatid n̄g tunay na katuturán nitó.

Marami ang nan̄gan̄galakal sa pag-ibig na itó, at bihirà ang nakatatalós na ang kinásasaligan niyá'y ang ganap na pagpapawaláng halagá sa sarili upang ang lahat ay iukol sa bayan. Ang bayan ay hindi ang pook na sinilangán lamang n̄g isang tao, ang bayan ay iyóng bahagi n̄g lupang bukod sa kinákitaan n̄g unang liwanag ay nag-iwi pa sa unang pag-ibig, sa unang pangarap, sa unang tibok n̄g maran̄gal na damdamin n̄g lahat na m̄ga {kalahi. Ang pagibig sa bayan ay hindi sa salitâ lamang dapat ipakita kung hindi sa gawá. Kadalasa'y tinatawag na kagitingán ang m̄ga pakitang-tao na kayá ginágawá'y upang ipagkapuri.

Hindi itó ang tunay na pagibig sa bayan at hindi itó ang kagitingán matatawag.

Ang dalisay na kagitingán ay iyóng paggawá n̄g isáng bagay na kayá ginawá ay sapagka't inaakalang katungkulang gawin, hindi sapagka't may tutubùng ináasahan.

Ang lahat n̄g gawáng udyok n̄g pagnanais na mapatanghal ay hindi pagtupad sa katungkulan. Ang m̄ga gawáng ganito'y paghahambóg, kapalalúan at di dapat purihin.

Kayá si Pedro ay wilíng wilí n̄g pakikipamayam kay Dimas. Sa m̄ga nápu pulot niya rito ay untiunting nahahawì ang kuyap na tumá-

takip sa kanyang isipan at sa pakiwari niya ang lahat ay nagbabago.

Kanyang hináhangàan si Dimas dahil sa karamihan ng nálalaman.

At lalò niyang ikinagigiliw ang kadakilàan ng m̃ga asal nito na lahat ay tungò sa ipagkakaroon ng m̃ga mahal na kaugalian.

Kay Dimas niya natutuhang ang puri ay siyang dapat pakámahalín ng tao. Pag ang puri ang nahamak, ang buhay ay walá nang kabuluhán: ang taong waláng puri ay basahang pamunas, yagit na bagay lamang sa sigá.

At ang kapuriháng itinuturò ni Dimas ay hindi ang násasalig sa masagwáng paglingap sa sarili, kundí ang pagpapakamahal.

Kanya rin namáng narinig sa kaibigang itó na ang unang dapat pag-aralan ng tao ay ang pagkakakilalang siya'y dapat igalang ng ibá, ang pagkakakilala sa kanyang kahalagahan, at ang kaalamáng magbata ng lahat na m̃ga sakunáng katali ng buhay. Ang katibayan ng pananalig sa nilalayon ay nagbibigay lakas at katiyagaán, ang pag-urong at pagbabalinlulót ay kapintasan sa isáng lalaki.

Kapag ang inuusig ay isáng bagay na mabuti, ang m̃ga balakíd at kapinsalaan ay talagáng dapat nang ipakibilang sa m̃ga kaaway na babakahin. Waláng magalíng na akalà na pagdaka'y natamo: ang lalóng m̃ga panubós na aral at adhiká ay nangailanġan muna ng maraming

katiisan, n̄g saganang luhà at dugó, bago pina-kinabanġan.


Talagang katutubong lakad ang ganitó, gaya rin naman n̄g pangangailangang gumibá kung ibig na makapagtayó n̄g bago.

Dahil sa m̄ga katotohanang iyan na di naman maitatatwá, ang pagsusuyó n̄g buhay kung napapanahon at kailangan, ay isang tungkuling di dapat iwasan n̄g kahit sino.

Ang pagpapakamatáy ay di dapat aring isang daín n̄g pagkakabunyi kundì isa lamang ka tungkulan.

Masarap ang mamatáy kay sa maturang api matamis ang libingan kay sa mabuhay na walang puri at dangal.





VII

Ang m̄ga kurò kuròng paris nitò na tuwì na'y miaaral ni Dimas ay unti unting nag-uugát sa isipan n̄g binatà hangang sa kanyang ipaging bagong Pedro na tuloy. Hindi na siyá iyong dating kimí at dun̄gò: parang ang katauhan niya'y nag-iba, at natutong gumiliw sa m̄ga layuning dakilà at mahal. Nabatid n̄g boong linaw na ang kanyang katungkulan ay hindi ang magwalang bahalà kundí tumulong sa ibá sa kanilang m̄ga pagmimithí n̄g ikápapaanyô sa mabuting kapalaran.

Nátuto pa tuloy umanib sa m̄ga kapisanang mangagawà, hindi sapagka't nakayag n̄g m̄ga kasamahán, kundí dahil sa nanánalig siya na ang buhay na dí inauukol sa isáng bagay na dakilà ay kahináhinayang at walang halagá.

Sa isáng sabi ang buhay na ganitó ay dí siyáng tumpak at wastò at hindi pamumuhay tao. Kayá palá kasabihan iyong malalaking kahoy ay walang lilim.

At sa udyok n̄g ganitong m̄ga bagong kurò

at isipan, pati sa m̄ga sulat na ipinadadala kay Lusía ay nakapaglalahad nḡ m̄ga sulira-ning kung minsá'y nagígíng paláisipan tuloy sa dalaga.

Nang m̄ga unang araw ang kanyang m̄ga liham ay pawàng ukol na lamang sa pag-ibig. Nḡuni't sa m̄ga sumunod ay hindi na, bagkus nagtataglay nḡ m̄ga kabaguhang tumutugón na man sa m̄ga bagong akalâ na nápapatanim sa kanyang isip.

Minsan at pagkatapos ibalitâ sa kanyang kasi ang m̄ga kapanglawang sinásakbibi nḡ kanyang pusò dahil sa matagal na niláng pagkalkalayô at di pagkikita ay nasabi ni Pedro ang sumusunod:

«Hindi mo rin dapat kaligtaan pinakamamahaling kong Lusía na ang pagtitiyagá kong itó'y tumutugon hindi lamang sa nais na mapabuti ang ating tayô kung palaríng mapapagtibay ang pinagbuhol nating pagsinta. Kung ito lamang ang magígíng dahilan nḡ m̄ga pagbabatáng tinitíis ko, ay di na ako dapat mamalagi rini nḡ matagal. Ang ibig ko sanang mangyari ay matutuhan ko ang tuway na kahulugán nḡ buhay. Sa aking akalâ ang tao ay na sa ibabaw nḡ lupà hindi upang tumitig lamang sa araw habàng siya'y may hiníngá. Sa aking akalâ ang tao ay dapat gumawâ nḡ lahat na ipagígíng marapat niya sa pagka may isip.

At anó nḡâ ang halagá nḡ isáng tao na wa

lång sinisikap kundí ang kabutihan lamang na sarili? Ang taong ganitó ay di nakatutupad sa kanyang katungkulan. Hindí maipag-aalinlangan na sino ma'y alin ay may dapat pagpumulitang masapit.

Kung iuukol sa kalagayan nating dalawa ang mġa paghabakang itó, ay maliwanag na nagtuturóng tayo ay di dapat na lamang magkasiya sa pag-iibigan, may ibáng bagay pa na lalong dakilà na dapat magíng paraluman ng ating mġa pagsisikap.

At matibay palibhasà ang pananalig ko, ay umaasa namang malao't madali'y matatanaw ko rin ang pagliliwayway ng aking mġa pangarap ngáyón. Ikaw naman sana ay manalig din, pagka't ang katotohana'y na sa pananalig ang katibayan ng lahat.*

Ang mġa liham na ganitó kung natatanggap ni Lusía ay nakalilitó sa kanyang isip.

Totoóng napakalalalim na mġa talinghagà ang pinagsasabi ni Pedro. Diwà'y kung anó anó ang pinagpapapakialaman niya sa pagkakatirá sa Maynilà.

At sa pag-aalaalang baká kung anó pa ngâ ang hinaharap ng kanyang kasi ay minsan taloy sumagot ng may ayók pagsamò.

"Nababatid mong kitá'y ginigiliw - ang kanyang salitá sa isáng sulat, ng paggiliw na di miminsang aking sinumpáan. Nálalaman mo ring pag ang pagibig na itó ang naparam ay

tapós na sa akin ang lahat. Kayâ ang nais ko sana'y umuwî ka na rito sa atin kung maluwag sa iyo ang paguwî. Dito man ay matatagpúan mo rin ang sinabi mo sa aking iyóng adhikâ bago ka umalís, bukod sa kung naririto ka ay dí pa ako mangungulilang paris ngayon, at ang mğa pagaalalá ko ay dí makasisindak sa aking pusò.

Pagkalungkot lungkot nḡ aking buhay Pedro, parang ang mğa gabí ay walâ nang katapusa sa akin»

Ang sulat na itó ay sinagót na madali nḡ binatà. Ipinamanhik kay Lusía na huwag pahinain ang loob, na siya'y pabayâang magmátaman sa inaakalà, at huwag mag-alalá nḡ anó man. Siyá ay uuwî, itó'y waláng pagsala, pagká't siya niyáng nais sa bawà't sandalí, nḡuni't kung ang «landas ay hawí na», at «kung ang langít nḡ kaniláng kapalarang pinapanḡarap na tamuhin, ay walâ nang ulap na sukat tumakip sa maayang sikat nḡ araw».

At si Pedro namá'y hindi nagpapalalò sa kanyang isinagót na itó. Ang katotohana'y lalò niyáng pinakakasipagan ang katawán, lalòng nagsusumisid sa paggawâ, at lalòng naging matalik ni Dimas.

Itó namá'y natutuwâ sa nakikitang anyô nḡ kanyang alagad na si Pedro, pagká't sa pangangarap ni Dimas sa isang bagong buhay at isáng bagong panahón, ay nagpapalagay na mğa

alagad niyang magkakalat n̄g mabuting binhi, ang lahat nang m̄ga katotong kaisá niya sa pananalig at kasangayon sa m̄ga inaadhiká.

At sa kaibigáng maakay na madalí sa mabuting landas si Pedro, ay pinagpapagalán din namang tagalugin, upang mapatanim sa kanyang isipan, ang m̄ga akalà at kuròkurò na sa maraming aklat na pinagbabasá, ay natutunghan.

Kung minsa'y ang ganitóng m̄ga salitâ n̄g isáng bantog na dalubhasà ang kanyang tinátagalog.

«Datidati ang kalakasan ay tinawag na Diyós, bago tinawag na tao, n̄guni't n̄gayo'y ang bayan na»

.....

«Sa matatarik na kabundukan ang lalòng madaling paglakad ay ang magpalipatlipat sa m̄ga taluktók, n̄guni't sa ikagagawâ n̄g ganitó ay kailanġan ang bintġng mahahabâ».

.....

«Ang paglalaban n̄g matuwid ay siyang dangal n̄g m̄ga busabos. Magíng karanġalan sana ninyo ang pagsunod! Maging pagsunod namán sana ninyó ang utos lamang n̄g inyong sarili!

.....

«Dapat mahalín ang katapatang loób at sa katapatang loób ay puhunanin ang dugô at buhay, magíng sa bagay na lalòng mapanġanib».

.....

«Matuto kang huwag pakain, pag nahalatâ mong ikaw ay násasarapán.»

Kung minsá'y isá namáng mainam na bahagi ng alin mang aklat ang tinátagalog, anopa't lahat ng kaparaana'y sinásamantala sa ikababatid ni Pedro ng maraming bagay.

Kung ang m̄ga akalà at kuròkuròng ito ang naririnig ng binatà ay lalò pang nagliliwanag ang kanyang isipan at parang isáng ulap na hangga noó'y nakatatakíp sa kanyang m̄ga matá ang nararamdamang nahahawì.

Kay buti ni Dimas. At kay tiyagáng magakay sa m̄ga bulág na paris niya.

Kung siya lamang ang masusunod, ang kanyang kaibigang itó ay bibigyan ng labat na kaluwagan sa pamunuhay upang makapagpunlá sa lalòng malalawák na lináng ng kanyang m̄ga binhíng sakdal nang bubuti.

Nguni't walá siyáng magagawâ kundi ang humangà na lamang sa taong iyon, na totoóng kahinahinayanngan pagká't dí náwawatasan ng marami. Si Pedro ay nápapahilakbot tuloy kung minsan, lalò't nákikitang ang maganak ay nagdadahóp.

Sa m̄ga pagkakataóng ganitó, ang binatà ay napipilitan tulóy gumawâ ng sarisaring laláng upang masaklolohan si Dimas, na sa pagkikilala nilá ay ayaw namáng pasubok ng kahit anó. Ang tao kung naghilirap ay saká lalòng dapat magpakaranᄁal. Itó ang kanyang paniwalá, at saká sa kanya namán ang kahirapang napagtititisan ay ipinagkakapuri, kayá kung kinakapos

lalò't walâng natatanggap na ano mang pagawâ ay di minsan mang nabighani n̄g pagsasalitâ kay Pedro.

N̄guni't itó'y matalas sa pakikiramdam at agad nakasasaklolo n̄g halos dí man námamalayan ni Dimas.

Ang lalòng hinahangâan ni Pedro ay ang katintimán n̄g asawa n̄g kanyang katoto. Kung ibáng babai ang magdaranas n̄g gayong dálitâ ay walâng kaloobang itatagal, at marahil pagupûin agad n̄g hapis at pagkahabág sa sarili. N̄guni't ang babaing iyo'y hindi, bagkus kung pagwariin niya'y bago at bagong siglá ang isinásalubong sa kung minsa'y sunodsunod na daluyong n̄g kasawíang nagpapalubog sa kapalaran nilang mag-anak.

Mapalad na lalaki ang makatagpô n̄g gayón kabanal na babai!

Maanong itulot n̄g langit na ang kanyang magíging palad, si Lusiang pinaglalaanan n̄g lahat niyang káya at magagawâ, ay magkaroon din n̄g ganitóng katintimáng loob.

At pinagkukuròkurò niya ang m̄ga kaligayahanang dulot n̄g isáng pagsasamang paris nitó na sa kaayusa'y máitutulad sa halamang alagà sa kalanġitáng malinis.

Si Lusia ay dí sasalang mapagtimpí ring gaya n̄g kabiyak n̄g pusò ni Dimas, kanyang naáanagnagan ang ganitó sa m̄ga kilos, sa ugali at m̄ga hilig n̄g loob n̄g kanyang giliw. At

dí pa ma'y nakikinikinitá na ang matahimik niláng pagsusunuran sa loob n̄g isáng tahanang maaliwalas at na sa lilim n̄g m̄ga punòng kahoy. Kanya nang ninanamnam, gayong malayò pa, ang pananaganà sa maraming aliw sa piling n̄g babaing inírog, at n̄g m̄ga anák na magigin bunga n̄g pagbubuhulín nilang pag-ibig.

Kung itó ang nagugunitá, ay inaaring waláng anomang m̄ga kahirapan n̄g loob na tinitis dahil sa pagkakawalay sa piling n̄g kanyang kasi. Ang katotohana'y madalás tuman̄gis ang kanyang pusò, n̄g pagtan̄gis na nápakasaklap, kung pagkurukurúing kailan̄gan niya ang mahabang panahón bago makapagtipon n̄g hináhanap na halagá.

Matagal na rin siya sa Maynilà, hindî na kakaunting m̄ga araw at gabi ang kanyang ipinaliligò n̄g putik sa paghuhukáy n̄g naglalakihang bangbang na paglalagyan n̄g alcantarilla, at walâ pa ring natitipong gaano.

Ang kinikita niya'y bahagyâ nang makasapat sa m̄ga kailan̄gan upáng mabuhay. May pagkain at damit siyang pinagbabayaran at binibili, kayâ tinatangká mang magbukod n̄g malakilakí sa sinasahod kung araw n̄g sábadò ay walang magawá.

Kung sa bagay ang lahat nang matitipid ay kanyang tinipid na.

Bahagyâ na siyang magliwalíw sa m̄ga poók na pagkakagugulan. Maná pa'y mawilihín sa

ang naitatanóng tuloy ni Pedro kung itó ang napag-uusapan.

—Walá ngâ, nguni't ang salaping náipatatalo sa sugal ay hindi naman masásabing tapon.

—At anó kung gayon?

—Para lamang natatagò

—Siya ngâ, natatagò, nguni't hindi lamang makuha kung kailán maibigan.

—Kailangán ngâ lamang na ikaw ay palarin at magtamâ.

—At kung ang guhit mo'y sa pagkatalo na lamang?

—At anó, ibá na lamang ba ng iba ang mananalo?

—Ipalagay na nating hindi, nguni't sa sugal ang isang panalo ay katimbang ng sangdaáng katalunán.

—Hindi rin naman, tingnán mo ngâ ang kasama nating si Andóng dí nang palari'y umalis na tuloy sa hanap-buhay na itong nápakahirap ngâ namán.

At siya ngâ, isá nilang kasamang dati ang pinalad minsan at nakapaghapay ng isáng malaking bangkâ. Kinabukasan din ng gabing manalo siya, ay nagpaalam sa katiwalâ at sinabing ayaw na siyang gumawâ. Nang mga araw na sumunod ay nakita na ng kanyang mga naiwan sa paghuhukáy, na si Andóng ay palaging magarâ, palaging nagkakalesa at yao't ditong tila nápakaraming hináharáp.

Sa sabunġan man kung mákita nila si Andón ay malakás lumarô at animanim kung magdalá nġ manók. May mġa isáng buwan din na si Andóng ay nagtamasa at nagbuhay masalapi, datapwá't dumating ang tadhanang guhit at ang salaping dí niya natutuhang gamitin sa pakikinabangang matagal, ay napawing tila usok, parang tubig na dinalisay na natuyô nang patuluyan.

At si Andóng ay nagbalík uli sa dating tayô: sa walá't walá rin natapos.

Minsa'y dumulog sa dating ginagawán at nagmakaamòng papasukin na uli, datapwá't hindi nagkakailangan nġ tao at siya'y hindi nátanggap.

Mulá noon ay nákita nilang si Andong ay palaging malungkot at galà nang galà, kaginsagina'y nabalitang kadawit sa isáng pagloloobang nangyari, at sa wakás ay sa bilangguan napatambad.

—Paris din ba nġ kay Andóng ang kapalarang ibig ninyong marating—ang naitanong tujoy ni Pedro sa kanyang mġa kausap.

—Magkáganoón ma'y anó: nagtamasa naman, nakatikim nġ saráp.

—Kung gayo'y inyo na ang kapalarang paris nġ kanya. Ang aking masasabi'y walá sa pagkakaroon nġ salapi ang kaligayahan.

—Iyan ang bulaan ka.

—At anó?

—Pag may salapí ay mayroón ka n̄g lahat.

—Tunay, n̄guni't hindi naman salapí na lamang ang ikinabubuhay n̄g tao.

—Aywan n̄gâ ba,

—Maniwalà kayó't may lalò pang mahalaga sa pilak.

—At alín pa?

—Ang puri, ang dangal, na dapat taglayin n̄g isáng tao, Sa gitná n̄g ating kahirapan ay maáaring yumaman tayo kung magpapakarangal.

Ang ganitóng m̄ga pangangawatwiran n̄g binatà ay lalò niyang ipinagiging taong mahiwagà sa palagay n̄g m̄ga kasamahan. Hindi maipagaa-linlangang si Pedro ay talagáng isang tao na hindi pangkaraniwan. Sino ang makatatarók sa kanya!

Napakamalihim na ayaw man lamang magsabi kung anó ang kanyang nilalayon sa pagsusunisid n̄g gayon katiyagá. Parang may inuusig siyang isáng tun̄go, isáng layon na nápakamahalagá at dapat pagpakamatayán. Sapagká't ang katotohana'y pagpatay na halos sa katawán ang kanyang pagsusumigasig.

Si Dimas lamang ang tan̄ging nakababatid kung bakit gayong kasipagan ang pinupuhunan n̄g binatà.

Ang lahat ay sinabi rito ni Pedro pati n̄g kaayawán ni Lusiang siya ay pasa sa Maynilà upáng maghanap

Kundi nãa ba lamang nãpakakailanãan ang ganitó, at saká pinagtamanán namán niya ang pakikiusap sa kinákasi, ay saan siya tutulutan nitóng makaalis na mãa isang taóng mahigít sa Balingkahoy.

Nãuni't nagkakalayó man ay lalóng nagiging kaibigibig, lalóng nagkakawing gintó at lalò niyang pinananabikan si Lusia palibhasà'y dí marunong magkublí nã kanyang mãa damdaming labat ay sumásaksi sa isáng pag-irog na dí kumukupas.

Ang kanyang mãa liham kabi't maiiksi ay busóg naman sa malinis na paggiliw at larawan nã kanyang pusò na sa bawà't sandali'y pinatitibók nã pagsinta!

At sa pagpapahayag na itó nã pag-ibig niyang dí magmamaliw ay nakapagbabalitã pa kay Pedro nã mãa nangyayari sa Balingkahoy.

Sa kãhulihulihan niyang sulat ay sinásabi na si Igé ay gulóng gulo nã pag-aayos sa malaking bahay ni Don Hasinto. Itó raw ay darating na dí magtatagal buhat sa Hapon.

At panginoón palibhasà ang darating, boong Balingkahoy halos ay naghahandã. May nababalitã nang pagsalubong na gagawin kay Don Hasinto.

Tungkol namán sa kaniláng buhay na maganak, ay walã siyáng masasabi kundi ang labat ay mabuti sa awà't tulong nã Panginoong Diyos. Ang kanya nãa lamang amá ay wa-

láng tigil sa pagpapalinis, at n̄gayó'y ang panaan na halos n̄ m̄ga kabundukang kilalá ni Pedro ang siyang pinatatabasán. Ang kadahilanan namán nitó ay ang m̄ga kabaguhang ibig gawin ni Don Hasinto sa kanyang lupà panggaling sa Hapon.

At ang sulat na itó ni Lusía ay natatapos din sa m̄a sabing: «Umuwí ka na rini kung may kaluwagan ka, pagká't ako'y palagìng malungkot, tila ang m̄ga gabi ay dí na matatapos sa akin.»

Ganitóng lahat halos ang katapusán n̄ kanyang m̄ga sulat, na nagiging pangpapasigla pa kay Pedro. Lalò pa nitóng itinatayâ ang kawatán sa paggawâ.

Hindí paman nalilingid sa pinakakatiwalà n̄ pagawáng pinapasukan niya' ang gayong pagsusumipag, at kundí man nadaragdagan ang kanyang sahod ay sapagká't may pagkakataon lamang na hinihintay.

Ang pagkakataóng itó'y dumating din, at isáng araw n̄ sábadò si Pedro ay pinagsabihang mulâ sa susunod na linggo ay sasahod n̄ tatlong salapí maghapon at magíging katiwalà pa n̄ isáng pulutóng na manggagawâ.

Hindí masayod na kagalakan ang tinamó noon n̄ binatâ.

Sa tatlong salapí ay malaki na ang kanyang máitatagò at makagugol man n̄ isáng salapí maghapon ay piso pa ang málalabi.

Ngayón niya masusunod ang dí pinagsawang mithí minsan man na makabalík agad-agad sa Balingkahoy.

Ngayon sila tunay na magkikita ni Lusia upáng huwag nang magkahiwalay kailan man.

A! kakaunti nang m̄ga araw ang kanyang ipag-titiís. M̄ga tatló ó limáng buwan pa marahil at sá-pilitang maihahandog sa babaing nililiyag ang kanyang pangalan, ang kanyang dangal at ang kanyang kapalaran.

Walá nḡa namáng pagtitiís na dí nagkawakás.

At kinágabihan nḡ araw na iyó'y nápangarap tuloy ni Pedro na sa haráp nḡ matandang pari sa Balingkahoy, sa paanán nḡ Birheng kasingganda ni Lusia sa kaniláng simbahan, ay pinagtitiibay nila ang sumpaang sa pag-irog na matagaltagal ding inalagang malinis, maningning at waláng bahid munti man.

Bagong buhay at bagong kapalaran namán ang nagliliwayway kay Pedro.

Kayâ sa dí mapigil na katuwaang nakatitigib noón sa kanyang pusò ay sumulat tuloy na madaling madali kay Lusia.

Násabi pa nḡa na siya ay uwi na sa madaling panahón, upáng ang kanyang sintá'y hangûin sa m̄ga kalungkutan at nang sa likod naman nḡ m̄ga gabi nitóng dí matapostapos ay mapasikat ang kaayaayang liwanag nḡ araw.



VIII.

—Napataas palá ang sahod ni Pedro.

—Oo ngâ kasama. Tatlong salapi na ngayón at ginawa pang katiwalà

—Mapapalarín iyang si Pedro.

—Ang sabihin mo'y mapagpusapusà kayá ga-noón.

—Bákit namán?

—At ano, kundî ba siya'y mapaglangis, ay anó't nápataas na ng ibayo ang sahod ay nagíng katiwalà pa?

—Bakâ naman dahil sa kanyang kasipagan.

—Magtigil ka, at anó ba namang sipag ang ipinakikita niya. Sa gawâ bang paris nitóng ati'y nákilala ang masipag.

—Siya ngâ, anó?

—At tingnan mo't tatlong salapi agad. Kung ginawâ man lamang sanang piso ay wikà kong oo pa, nguni't.....

—Siya ngâ kasama, tila kakatwá ang nang-yari.

—Sabi sa iyo't makapaghibinalà ka tuloy nang dí marapat.

—Bakâ nḡâ dahil sa pagpupusà kayâ siya ná pamahal sa ating ginágawân.

—Maniwalà ka't iyan na nḡâ ang sanhi.

—Tingnan mo nḡâ namán ang tao, anó? Sino ang magsasabing si Pedro, gayong napakabuting makisama, ay magiging pusà nḡ ating ginagawân?

—Kayâ nḡâ ba noon pang araw ay dí ko na ibig ang kanyang mḡa kilos.

—Siya nḡâ ano.

—Ang dapat nḡayo'y magingat tayo.

—At huwag pasubok sa kanya nḡ anoman.

—Ganyan nḡâ ang mabuti.

Ang nag-uusap nḡ ganito'y dalawang kasama ni Pedro, samantalang nagsisipaghukay at may pinalalalim na isang bangbang.

Nang makaraan ang ilang araw ang hinalàng pusà si Pedro, kayâ napataás na biglá ang sahod, ay kalát na sa lahat nḡ mḡa kasamahan niya na datidati'y nagsisihanḡà sa kanyang kasipagan.

Kung ang pagkakataás na lamang ba nḡ sahod ay ano iyón. Itóng ginawâ pang katiwalà, at tila siya na lamang ang mahuhugot sa kaniláng magkakasama.

Masipag nḡâ si Pedro nḡuni't hindi dahil sa kasipagang ito na ipinakikita rin naman. nḡ ibá ay ipakakatanḡitanḡi sa kanilang lahat.

At ang katagalán na niláng dapat pagpalain, saan ipangbabawì kung gayón?

Talagáng si Pedro ay pusà nḡá: ito'y waláng pagsala at parang pinagsumpaanan nilang lahat ang dî paglalapít na paris nḡ dati sa binatîr.

Ito nama'y nakaramdam agad. Hindî nakailâ sa kanya ang nagyayari at ang ginawá'y nagmalas.

Untiunting nápuna na malaki nḡáng lubhá ang ipinagbago sa pakikisama nḡ kanyang mḡa kaibigang dati. Iyong mḡa noóng araw ay kasalosalò sa pinggan kung oras nḡ panananghali, iyong mḡa kahingian nḡ sigarilyo at nákakabiruán pang minsan ay nákita niyáng nagsisilayô.

Matáy mang dalumatin ay dî matuklasan ang sanhi nḡ gayong pagbabago. Siya namán, naging katiwalà man at nátaasan nḡ sahod, ay hindî nagmamaliw, bagkus patuloy sa kapalagayang loob sa mḡa kasama.

Nagunitang baká ang gayon ay dahil sa ilang mḡa pagkukurò niya, lalò pa kung ang sugal ang kanilang nápag-uusapan, na waláng kapangipangimi kung ipahayag sa kanilang mḡa pagsasang-usapan. Nguni't ang palagáy na ito'y dagling napápawi sa kanyang isip, pagká't ang dapat sanang mangyari'y noon pang araw at hindî ngayón na lamang, nápansin ang nápansin niya nḡayón.

Walang pagsala na ang kanyang nararamdamang mḡa kilos na nababago nḡ kanyang mḡa kaibigan ay nagbubuhát sa ibang mḡa sanhi.

At ang pagduláng nṅ sukát magíng dahiláng itó ay madalás na dí ikatahimik. Nangyari pang minsan na patí sa pagtulog ay dí ikina-pagpikít nṅ matá ang mṅa paggugunitá.

Ang lalò pa niyang dinaramdam ay ang madalas mápansing pagbago nṅ pinag-uusapang bagay nṅ kanyang mṅa kasama, kung siya'y nápapalapit. Parang siya na dati'y katoto nṅ lahat ay ipinalalagay nṅayóng ibáng tao kundí man kaaway na dapat paglihimán.

At nang may mṅa dalawang linggo na sa kanyang bagong tungkulin ay hindí lamang gayon ang nahalatá, kundí nasubukan pang siya'y para ring may sakít na ketong na pinakakalayúlayúan nṅ lahat.

Kayá hindí man ugali ni Pedro ay napilitang mag-isáng parati at bumukod sa kanyáng mṅa katoto.

Hindí niya inibig ang ganitó. Sa pusò niya at damdamin kailán man ay dí maáaring sumibol ang pagmamalakí. Maliwanag niyang nababatíd na ang kanyang lakás at ipagkakahalagá ay na sa pakikipiling sa mṅa kauri sa katayuan at sa tinitíis, datapwá't palad yatà niyáng talagá ang magbatá, kayá gayon na ang pagmamasungít sa kanya nṅ kapalaran.

Ibig niyang mag-usisà, datapwá't nag-aalalang baká naman atas lamang nṅ guníguní ang kanyang pinápansin at ang minabuti'y maghintay nṅ mṅa mangyayari.

Sa ano't ano ma'y umaasa siya na ang gayong katayua'y hindi magtatagál. Kanyang nakikita at nasubukan naman na pag nagdilim ang langit at naghari ang kuyap, ay sapilitang sumisigwa kundí man bumabagsak ang malakás na ulán.

Tulad na tulad din ang nákikitang nangyayari sa kanyá at sa m̄ga kasamahan, sa tubig na gináगतun̄gan n̄g atayatay. Malao't madali, kung ang init ay lumabis na, ang tubig ay kumulô at kinakailan̄gang han̄guin.

Itó rin ang mangyayari: ito'y walang pag-sala.

At dí nagkabalà ang kanyang pag-asa. Minsang may lapitan siya dalawang nalilibang sa paghuhukáy ay narinig ang salitang ganitó:

—Liksihan mo sana ang iyóng paghukay.

—At anó pa ba namang liksi ang hinahanap mo?

—Kung sa akin ba'y anó huwag ka mangkumilos. Ang inaalala ko'y baká ka makita n̄g pusà ay mapadiwarà ka.

—At may nagpupusà pala rito.

—Abá, singki ka n̄g palá. Ang bagong pusà ngayón ay iyang katiwalà natin, kayá magingat ka.

Si Pedro ay biglang napatigagal. Iyón palá ang dahilán: siya'y pinagbibintan̄gang pusà, siya pa namán, siyá.

Nang makaraan ang unang sandali n̄g kabi-

glaanan ay munti nang mádaluhong ang dalawa, at sa kagalita'y pagpamukháan sila n̄g kawaláng matwid sa ipinaghihinalá. N̄guni't nakapagpigil, at lumayông dahan dahan na ang tinun̄go'y ang isáng lilim na malapit.

Doo'y nasaklaw na biglá sa isáng pagwawari lamang ang kabigatan n̄g kanyang tayô. N̄gayón niya naliwanagang lahat ang m̄ga bagong kilos at ugaling pinupuhunan sa kanya n̄g m̄ga kasamang dati.

Hindí na kailan̄gang makiramdam pa, sapagká't ang katotohana'y kusang napamalas sa kanya n̄g hubad na hubad. Hindí na rin kailan̄gang magtanóng at ang kanyang n̄arinig ay mahigít pa sa maipagtatapat n̄g sino inang úsisàin.

N̄guni't bakit kayâ naman gayon ang ipinaglagay n̄g kanyang m̄ga kasama? Siya ba kayâ ay may nagawâ nang sukat ikapintas kahì't n̄g tunay mang m̄ga malabigà?

May inapí na ba siyáng napangyayarihang manggagawà? May máisusurot ba sa kalinisan n̄g kanyang pakikibagay, ang sinoman sa m̄ga kapwà niya manggagawà?

Ang kababàang loob, ang pagkamagalangín at ang kaalamang makiugali na sa una una pa'y ipinamalas ay kinakitaan kayâ nilá n̄g gahanip mang pagbabago?

Pusà!

Ang pusà ay iyóng mápabuti lamang ang sa

rili ay waláng lingon likod n̄ pagpapahamak sa kasamahán.

Pusà iyong waláng maraᅅal na damdamin at waláng pinanununtan kundí ang *akin*.

Pusà iyong nagaakalà na kapuriháᅅ malakí ang maging kasangkapan n̄ panᅅinoón sa ikaáapí n̄ kanya ring m̄a kasingpalad.

At alin man sa nápakapanᅅit na damdaming ito ay dí katutubò sa kanyang dibdib. Itó'y waláng lamán kundí isang bagay lamang: ang pagkamaranᅅal at sa kanyang pusò ay iisáng kabaitan ang nagsisikip, ang katapatáng loob sa pakikisama.

Kung ito ang totoo at siyá namáng pinatunayan n̄ kanyang m̄a inaanyô ay áanó't maghihinalà n̄ nalalabag sa matwid ang kanyang m̄a katoto?

Isáng tunay na pagapí ang gayong inuugali sa kanya. Sa puhunan niyáng gintô ay lusak ang tinubò. Parang panᅅarap ang nangyayari, tila talinghagà, datapwa't isang tunay namang katotohanan at kasásaksi pa lamang niya sa salitaang naging lason at subyang n̄ kanyang buhay.

Tao palibhasà, si Pedro ay nakapagsaloob kahit sandalí, na yamang gayon ang hinalà n̄ kanyang m̄a kasama ang dapat ay manikís na nᅅá, totohanin ang pagpupusà at walá mang tunay na kadahilana'y ipagdilà sa lalòᅅ may kapangyarihan sa kanilang lahat

ang katamaran ni ganitó at ang pagkabatugan ni gayon.

Marami ang mápapahamak, n̄guni't mabuti pang makalilibo ang mapahalò na n̄gá ang balat sa tinalupan yamang sa ganitó siya ibinúbunsod n̄g m̄ga pangyayari. Hindi niyá kasalanan ang pagsamá. Silá, ang kanyang m̄ga kasamang mainggitin, ang makapipilit na siya'y sumamá. Sila, ang sa pagupasalà sa isáng mapagtapat-loob, ang ipagiging maban̄gis tulóy n̄g kalooban niyang maamòng talagá.

N̄guni't nang nabubuô na lamang sa isip ang ganitóng pangwasák na akalà, ay nágunitâ si Dimas, ang kanyang mahal na kaibigan, ang mabuti niyang katoto na bumago sa dati niyang m̄ga paniniwalà.

Si Dimas! Pagkadakidakilà n̄g m̄ga aral n̄g taong itó.

At parang malikmatà na noon di'y nanaul sa dating kababàang loob si Pedro. Waring na-í basa sa kanyang isip ang m̄ga aral ni Dimas at napagkuròkurò na kawaláng malay lamang sa ginágawá, ang nagudyok na dí sasala sa kanyang m̄ga kasamahán upáng maghinalà laban sa kanya nang dí nárarapat.

At noón di'y náisip n̄g binatà na hindi lamang pagpapatawad ang dapat niyang gawin kundi samantalahín pa ang pagkakataong itó upang maturuan n̄g dangal ang nagkakamalí niyang m̄ga kasama.

At ang kaparaana'y madalĭ, na sa kanyang kamay at magagawâ agadagad: magbitiw nĝ tungkol, umalís at humanap nĝ ibáng magagawân.

Bakit ang katotohanan namán ay walà siyáng matwíd na hingin sa mĝa kasamang siya ay makilala kung sino. Ang katungkulan niyá'y magtiís, magbatá, magparayâ sa mĝa dí nakabatid sa karanĝalan nĝ kanyang damdamin, at sa kadakilâan nĝ kanyang mĝa tinutunĝo.

Si Dimas din ang may sabi na ayon daw sa isang bayani nĝ kapilipinuhan, ang tagumpay ay bunĝa nĝ mĝa pagtitiís. At itó nama'y katotohanang dí mapupuwing kayâ siya'y natatalagáng magtiís, lumasap nĝ bago at bagong kapaitan, huwag lamang maturang siya na rin sa sarili ang nagpakasirâ.

Lalòng tumátarik ang bundók na kanyang sasalunĝahin, lalòng sukat ikahapò ang pagkakalayô sa katapusan nĝ kanyang mĝa panĝarap, datapwâ't kanya ring napag-aralan kay Dimas na hangga't malaki ang panĝanib ay lalòng dí dapat panĝilagan, at kung kailan masasál ang unós ay sakâ dapat tibayan ang pusò.

Walâng lunas sa gayón kundí ang umalís, magbitiw nĝ katungkulan at ipakita sa gawâ na ang puri ay mahal kay sa pilak.

—Nĝuni't io! hindi lamang natatalos nĝ aking mĝa kapatid sa katiisan na ang kanilang giná-

wá, bunġa nġ dí pagkakilala sa akin, ay ipag-tatagál pang lalò nġ mġa pananabík at inasam asam nġ aking kasi. Silá, aking mutyá ay iyong patatawarin.

At hinintay lamang humapon. Bago mag-uwian ang lahat ay nakipagkita siyá sa dapat pagsabihan nġ inaakalà at ipinahayag dito ang kanyang nais.

—Ano't nakáisip kang umalís, nġayón pa namáng nátaasan ang iyong sahod. Sayang ang maiiwan mong tungkol!

—Mangyari po'y nakákaisip akóng umuwí sa amin, dahil sa matagal na namáng dí ko ná-kikita ang aming bayan.

—Ikaw ang bahalà: sundin mo ang iyóng loob, datapwà't alalahanin mong bukas makalawá ay lalò pang mátataás ang sahod mo.

—Saká na po ako papasok ulí kung sakaling mapabalik dito.

At walá na siláng pinagusapan. Si Pedro mulá nang hapong iyon ay nawalán nġ sahod na tatlong salapí at ang tungkuling pagkaka-tiwalà.

Malakí mang bagay ang nawaláng itó sa kaniya ay ganáp namán ang kasiyahang loob, sapagká't minsan pang napagtamanán ang pasunod sa mabubuting aral nġ kanyang kaibigang Dimas.

Itó ang káunaunahang nakabatid nġ boong nangyari pagká't siyá namáng pinagsabihan

agad ni Pedro. At sakâ si Lusìa na n̄g gabing iyon ay kanyang sinulatan.

Mahabà ang kanyang sulat na ito, at walang ipinaglihim na ano man sa kinakasi.

Násabi n̄gâ tulóy sa sakit n̄g loob na di niyá daramdaming lubhâ ang nangyari kung iba ang pinagmulân n̄guni't ang ikinaluluhâ, kahi't sa lihim n̄gâ lamang, ay m̄gâ kasama pa namang ipinalalagay na m̄gâ kapatid ang siyang nagpahamak sa kanya.

“Sundang n̄g katoto at di nang katalo ang natáy sa akin”—ang kanyang nabanggit sa mahabang liham na padalá kay Lusìa.

Datapwá't paít man n̄g ditâ ang mákakatas sa bawá't talatâ n̄g liham na sinabi ay di namán kinahalatân n̄g panglulupaypay n̄g kalooban n̄g binatâ. Bagkus itó'y nangangakò pa na sa pagkakatisod na iyón ay baban̄gon siya agad, sisikaping makatagpò n̄g ibang mapagkakakitaan at ang dating adhikâ'y siya ring paparalumanin sa m̄gâ pagpupunyagi.

“Ikaw lamang Lusìa ang tan̄ging nakababatid kung anó't ang pangalan mo'y nagíng lakas na nagtutulak sa akin, siglang gumigising sa aking dugò at apóy na nagbibigay buhay sa pusò ko na kung minsa'y nadadagi sa nápaka-sinsing m̄gâ dagok n̄g kasaliwaang palad”

At itó n̄gâ namán ang katotohanan. Kinabukasan din si Pedro ay naggalâ, at palibhasa'y may kauntí na siyang pinagkabitiran sa

Maynilà, ay dí nahirapan n̄g gaano sa pagkita n̄g kápapasukang ibá.

Bisig palibhasà ang kanyang lakò ay mada-ling nábili, at ikatlong araw lamang ay kabi-lang nā siya n̄g m̄ga manggagawang nag-aahon sa malalaking bapor sa laot, n̄g lahat nang lulan. Ang upa sa kanya ay piso maghapon.

Nang m̄ga unang araw siya ay nagdanas n̄g kauunting hirap. Ibáng paggawâ ito kay sa hinaharap niyáng dati n̄guni't nabihasang ma-dali hanggang sa nang may isáng linggo na ay maipalalagay na parang datihan.

Nátuto ring madalí n̄g katawagán sa m̄ga kasangkapan nilang gamit, at lalò pa manding natutuhan agad ang m̄ga paraparaan sa pag-aahon.

Sa kinámamasid ay namana sa m̄ga katiwalà ang m̄ga kaparaanang bunga n̄g kaniláng ka-sanayan sa ginágawâ. At untiunting nawili sa bago niyang hanap-buhay.

Patí n̄g pagbaban̄on kung madaling araw at ang pagkaing halos pasaklot huwag lamang gahulín sa panahón ay kinamihasnán na rin. Isáng bagay lamang ang dí niya minana sa m̄ga bagong kasama: ang pagpapawaláng ha-lagá sa sarilí kung minsan.

Kanyáng nákitang madalas na sa isáng munting bagay at dí dapat ikagalit, ay waláng humpay na pag-alimura ang tinitíis n̄g ilán ni-yang m̄ga kasama sa paggawâ.

At hindi itó lamang: nangyayari rin namang ang gahanip na pagkakamalí ay sinasamantalá n̄ m̄ga kawani sa bapor, upáng pagwikàan ang kaniyang m̄ga kasama n̄ m̄ga salitáng mapapait at dí makain.

Siya tuloy ay minsang nápasubò sa pagtatanggol sa isáng nákita niyang inaapí. Muntí nang ang matalas niyang *gancho* ay mapatarak sa lamán n̄ katalong kawani sa bapor. Mabuti't nakapaghunos-dilì pa, at mabuti nama't lumayô ang kanyang katalo.

Kung hindi ay aywan ba niya kung anó ang mangyayari. Bakit siya ang na sa katwiran at inakalàng saan man magdating ay siya rin lamang ang magtatagumpay.

Si Pedro, mulá nang araw na iyon ay iginatang n̄ m̄ga kasama. Kanila pa manding minahal ang binatà na sa gawá at dí sa salitá lamang nagpakita n̄ katotohanang siya ay mabuting makisama.

Kayâ matapos man ang pagawâ sa isáng bapor, si Pedro ay palaging dí nakakalimutang dalhin n̄ m̄ga kasama sa kanilang bagong gagawán.

At sa kaparaanang ito ay dí nápapatigil ang kaniyang pagsahod n̄ piso araw araw. Kung minsa'y nagkakaroon pa n̄ lamay lalò't mādalian ang paghanḡò n̄ m̄ga kalakal sa bapor at nakásasahod siya n̄ malakilakí.

Mahirap n̄gâ ang magmanhik-manaog sa m̄ga.

escotilla. Lalò't babád sa yelo ang habangûin! Gayon ma'y pinagtitiisán niyá ang lahat alang-alang kay Lusia, sa kanyang irog na di man lamang násisilayan!

Kundangán ay walá siyang káya! Kung may-roón man lamang kahi't kaunti ay di na sana gaano ang kanyang titiisín sapagká't may pag-pupunán.

Kung minsan tuloy ay napapahilakbot, at kung ang kanyang katayûan ang napagwawari ay nakáiiisip humanap ng ibáng pagkabuhay na ikikita ng lalòng malakí. Kundangá'y ang pag-kamainggitin ng kanyang mnga nákasama sa pag-gawá sa lupà! *

Mabuti na sana noon at tatlong salapi ang kanyang sahod. Nakagugugol man ng ukol sa kanyang buhay, ay may náitatagòng malakí-lakí, at kundí siya pinagisipan ng masamá, marahil kung isang taón pa ang ipaghihintay ay magiging mnga pito ó walong buwan na lamang.

Kay paít ng kanyang palad at kay dalíng nasaputan ng kuyap ang natanaw niyang lan-ñgit na kaayaaya. Maanong ang marilag na larawaan ng ginhawang napasilay sa kanya, ay nagtatagaltagál man lamang. Di sana'y matutupad na madali ang kanyang pangakò kay Lusia.

Paris ngayón anó man ang gawin, gaano man ang pananabik na makarating agad sa taluk-

tok n̄g kanyang m̄ga paŅgarap, ay napipilitang sumangayon sa m̄ga nangyayari at hintin ang pagdating na talagá n̄g araw na kanyang ipagiging mapalad.

At mabuti pa kung mápalagi ang kanyang pagkakaroón n̄g gawá. Mangyayaring sa laot man at sa bagong m̄ga kasama ay mápatisod sa m̄ga balakid, na gaya nang kinátisuran sa katihan ay ikinasayang na lahat n̄g kanyang m̄ga pag-ása.

Hindí niyá sinásabing masasamá ang kanyang m̄ga kasama n̄gayon. Ang katotohana'y hindí úsa sa m̄ga kasalákasalamuhá sa bawá't sandali ang may impok na maraŅgál na kaugalian. N̄guni't sukat namang mangyari na ang isáng malit na bagay ay pagbuhatan n̄g kanya na namang ikasasawi.

Nápakamahal sa kanyang loób si Lusia at ibig na totoong ito'y makitang na sa kaligayahan na di na niyá ibig maantala pa kahit sandali sa paglakad. Nagtitiis na siya n̄g di kaugaliang m̄ga tiisin, ay huwag na naman sanang mápapasun̄gabang.

Kung magkakaganitó ay lalabás, na siyáng dapat magkapalà ang lalò pang pinupulutang masakit n̄g lihís na kapalaran.

Isáng araw ang kanilang mámumuhunán ay nagpabukod sa kanyang m̄ga katiwalà n̄g m̄ga taong lalòng pinakamaliliksi at may tagal sa kanikanilang pulutóng.

Ang m̄ga ipinabubukod na ito'y kailanḡan niya sa isáng mādaliang pagaahon n̄g lulan sa isáng malaking bapor na darating sa loob n̄g dalawang oras.

Ang bapor na ito ay dí makalalalò sa maghaponng pagtigil sa loob n̄g Maynilà. At sa maghaponng itó ay kailanḡang mahanḡò ang lahat n̄g kalakal na ukol sa daunḡan n̄g Maynilà, at makapaglulan naman n̄g tao at kalakal na ililipat sa ibáng m̄ga dako.

M̄ga tatlongpú katao ang kailanḡan na pasasahurin n̄g tugalawang piso.

Si Pedro ay isa sa m̄ga n̄apili, pagká't ang kasipagan niya ay sadyáng n̄apipisil n̄g pinakakatiwalang nakaáalam sa pulutóng na kinabibilanḡan niya.

Ang tuwâ niyá noón. Minsan man lamang sa sangbuwan na magkaroón n̄g m̄ga paggawáng madalian paris nitó, ay malaki ring karagdagan sa kanya.

Ang hinhihintay na bapor ay dumating ngá naman.

Malaki, magandá, tatlo ang pásingawang-usok at halos nagsisikip sa dami n̄g m̄ga sakay.

Sila ay nakaabáng na sa laot na lulan n̄g isang maliit na lancha at bago natapos ang m̄ga kaugaliang gawin sa isáng bapor na bagong pasok ay m̄ga iláng sandalí na ang nakaraán.

Samantalang dí pa sila nakalalapit ay pinaka-

hangāan ni Pedro ang kainaman n̄ pagkaka-
yari sa malaking bapor na ito at ang maga-
garang bikas n̄ mga kagawad na kanyang na-
tatanaw. Kanila nang nalalaman na ang bapor
na hinintay ay sa Hapón magbubuhat, n̄guni't
di nila inakalà na gayon na pala kalakí.

Para na ring isáng malaking bahay na lumu-
lutang n̄ lamang sa tubig. kay inam, kay
gandá at pagkalinislinis. Sa hulihán ay isáng ban-
dilà n̄ ninikat na araw ang n̄wawagayway na
pinaglalaruán n̄ hangin.

At nápansin pa mandin ni Pedro ang pagka-
kahalòhalò n̄ mga taong nakasakay. Sa ka-
kaibáng gayak n̄ ilan nakilala niya ang ganitó,
at sakâ sa di namán magkakaisáng kulay n̄ ka-
nilang balát.

—Akyat, akyat kayó—ang bigláng sabi n̄ ka-
tiwalà niláng kasama, n̄ ang kaniláng kiná-
lalagyang lancha, ay nakatali na sa tagiliran n̄
malaking bapor.

Ang utos na itó ay di na inulit pa, at halos
sangiglap lamang na ang magkakasama nina
Pedro ay na sa itaás na.

Lalò pa manding napamanghá si Pedro sa
kanyang mga nákikita sa itaás. Iyón n̄ pala ay
para na ring bahay at bahay n̄ isáng may salapí.

May piyano, may sadyang silid sa paghitit n̄
tabako, mayroong susulatán, may sa pagkain, at
may sa iba't ibang libangān namáng sukat ika-
aliw n̄ mga naglalakbay n̄ mahabà at matagal.

Sa tapat n̄g isa sa m̄ga silid na itó, ang binatà ay nakárinig n̄g malakas na tawanan n̄g iláng nagkakatuwà. Nápatin̄gin sa dakong loob at ang nákita niya'y apat kataong nangakatayô, may hawak na tigisang kopang punô n̄g aywan kung anóng alak at masayang nangagtatagayán.

Isá sa apat ang kanyang nakilala: si Don Hasinto, ang panginoón sa Balingkahoy.

Hindi sasalang iyon ang kanyang paguwí na náibalitá ni Lusía sa isa niyang sulat. Payát n̄g kauntí si Don Hasinto sa kanyang pagkatingin, n̄guni't ang kulay namán ay ang sa taong busóg at saganàng saganà sa lakás n̄g katawán.

At waláng nang nákita pagkatapos, pagká't iláng sandali lamang ay na sa loob na siya n̄g bodega at doo'y naghahangò n̄g malalakíng kahong ilulunsad.

Ang kaniláng pagaahon ay tumagal hanggang ikasampú n̄g gabi.

Patáng patá si Pedro n̄g magsitigil silá. Ubos kaya ang kaniláng pagkakapagahong iyon, at sa daán pa'y baníg na ang hináhanap n̄g kanyang katawan.

Dumatíng sa bahay at dito'y isáng tunay na pamawíng pagod ang dinatnán: isang sulat ni Lusía.


Sa liham na itó ay násabi n̄g dalaga, na huwag lamang manghihinawà si Pedro sa hinabaráp na pakikipunyagi, siya, si Lusía ay magkakapusòng ipagbabatá, pagká't waláng ka-

tiisang di natapos at walang di napasuko ang katiyagaan.

“Umaasa ako sa pagsapit ng araw naman natin. Hindi sa lahat ng sandali’y dilim na lamang ang ating matatanaw”—ang kanyang sabi.

At si Pedro’y lalong nakaramdam ng sigla at tila nagibayo ang lakas ng katawang pinupuhunan sa pakikitungali.





IX

—Totoó ngâ palá namáng ang Hapón ay isang bayang kahanġahanġa—ang sabi ni Don Hasinto sa mġa kasalóng kaibigan na ng̃ gabi ng̃ araw na kanyang idinatíng, ay nag-alay sa kanya ng̃ isáng maringal na hapunan.

—Kahanġahanġa sa anó?—ang sagot na* patanóng ng̃ isa sa mġa kasalo.

—Sa lahat na, mġa kaibigan: sa ugali ng̃ kanyang mġa namamayan, sa ayos ng̃ mġa liwasan, sa kasaganaan sa mġa bulaklak at sa mġa halaman, at higit sa lahat nang ito ang karilagán ng̃ mġa *geisa*.

—Dí ang karilagán ng̃ mġa *geisa* ang ipinagtagal mo tulóy roón, anó?

—Hindí namán—ang may kaunting ng̃iti pa na pakli ni Don Hasinto. Inyong nálalamang ako ay napa sa Hapón upang magaral ng̃ sukat kong pakinabangang mġa paraán sa paglulupà.

—Oo ngâ—ang agap ng̃ isa—datapwá't hindi mġa paris mo ang makapagtitiís ng̃ uhaw gayong násasalalay pa namán sa tubig.

—Huwag mo ba sanang pagbudhian ang kabaitan ko.

—Inakú, at ang ibig yatà nito'y paglakuan kami ¡Bukas!

—Ang totoó mġa kaibigan, ay dí namán akó nagpakabaitbaít na nġá, nġuni't hindi naman nagmasagwá gaya nang ibig isaloob nitó—ang nakatawang sagot ni Don Hasinto na ang itinurò ay ang kapagsasalitá pa lamang.

—Ipalagáy na nating lumagay ka sa katamtaman. Dahil ba sa ganito'y inaakalà mong walá kang katungkulang magbalitá sa amin nġ iyong mġa nálasap doón?

—Siyá nġá namán Hasinto—ang pakiayon nġ isá ang—lalòng mabuting máipasasalubong mo sa amin, ay ang pagsasalaysay nġ lahat na mġa napag-aralan mo roon.

—Kung sa nápag-aralan ay walá. Paniwalàan ninyong sa may iláng buwang ikinatirá ko roon, ay walá akóng natutuhan kundi dadalawang bagay: na sa Hapón lalòng nababatid ang halaga nġ lupà at pagsasaka, at sa Hapón namán nápakatamis ang paglasáp nġ alíw.

—Iyáng hulí ang isalaysay mo sa amin, ayaw na kamí nġ iba pa pagká't makasisirà sa pagkatunaw nġ ating kinain—ang sabad nġ isang tila tinátablan na nġ alak.

—Siya nġa namán—ang sagutang panabay nġ dalawá sa mġa kasalo.

—Tumututol akó sa inyong hingi, pagká't

labag sa matwid, hindi tempak at walang punò't dulo. Nasabi ko na—ang talumpati ng isang mapulang mapula na sa kаланgahan.

Nagkatawanan tuloy sila ng may kaunting kasarapan, dahil sa ganitong narinig. Makaraan ang tawanan ay isa ang napatindig at ang sabi.

—Tila sa ating pagsasalosalo ay may mga katwa na ang lagay, at hinihingi ko sa ating panauhin na ayusin ang nangyayari.

—Tanututulan ko sa ngalan ng aking mga kasama ang narinig kong parunggít. Ang nagsalitá ang may masamang lagay at hindi ako ni ang sino man—ang pakli ng mapulang mapula na sa alak.

—Siyá na kayo—ang awat ni Don Hasinto. Ngayon ay dinggin ninyo ang aking mga ibalita.

Ang lahat nama'y tumahimik samantalang si Don Hasinto ay nagpapaningas ng isang tabako. Pagkatapos ay pinalabas ang mga naglilingkod, ipinalapat ang pintô ng silid na kinalalagyan nilá, at saká pa lamang sinimulan ang kanyang salaysay.

Mapagbigay loob palibhasa at bakit ang katothana'y wala namán siyang maítatanggi sa mga kaharap na kaibigan, ay ang magagandang *geisa* ang kanyang naibalita.

Anong pagkariringal ng kanilang mga tahanan! Ipagkakamali sa mga bahay-hari. Sa ayos

nṅ labas at loob, sa inam at kamahalan nṅ halagá nṅ mṅa palamuti ay sadyáng dī mapag-papalalàan nṅ gayón gayón lamang.

At ang kanilang' mṅa damít. Lantay na sut-lâng maninipís, naguguhitan nṅ lalòng maririkit na kulay at kinalalarawanan nang lalòng mṅa piling bulaklak. At anong saráp nilang makipagkapwà. Hindí magagaslaw na gaya nṅ iba niláng kauri, bagkus nagsisipagaral nṅ mṅa kilos na lalòng mahal at dakilà upang kalugdan nṅ dumadalaw sa kanila.

Kung titingnan lamang ay sasabihing sila'y mṅa mahal na tao, hindí mṅa babaing nagpa-paupá.

Ang kanya nṅang narinig at napagkita man naman nṅ na sa Hapón pa ay nagpapatotoó sa mṅa nápagbasa sa iba't ibáng aklat na ang mṅa babaíng itó áy nagiging sanhí kung minsan nṅ malaking paggalang at pagbibigay pitagan nṅ lahat.

Hindí iisá ang mṅa alamát nṅ bayang naglarawan sa kanila, na naging bayani nṅ isáng dakilàng pangyayari. May mṅa alamat din namang nagsasabi nṅ katapatang umibig nṅ maraming mṅa *geisa*. At ang katapatang loob na ito, na tila alañan sa mṅa babaing paris nilá ay nagíng sanhí nṅ mṅa pagpapatiwakal kundí man nṅ kusàng pagsubò sa panṅanib. Kayâ ang buhay nila kung minsa'y nagiging sálaminan nṅ buhay nṅ marami at madalás mabanggit na

parang ulirán sa kaalamang magbatá at sa paghahandog n̄g sarili kung ito ang siyang kailanġan.

Samantalang nápapalaot si D. Hasinto sa pag-sasalaysay, ang m̄ga katanġiang ito n̄g *geisa*, ay untí unting napapawì, at ang napahalili'y isa na lamang magandang babai, na may hiwàng pawid na matá, kilay na malagô, balat na manipis at katawang tila nilalik sa kalinisan at dingal n̄g ayos.

—Ganyan n̄gâ ang nábasa kong dí miminsan tungkol sa kaugalian at palapalakad sa m̄ga *yosiwara*—ang naipaklí n̄g isa sa m̄ga magkakaharap n̄g marinig na ang binabanggit na ni Don Hasinto ay ang kanyang m̄ga nálasap na kaligayahan sa Hapón.

At si Don Hasinto nama'y nagpatuloy n̄g boong kasiglahan sa kanyang pagbabalitâ.

Náfinig na sa kanya ang maririkít na *ki-mono*, ang m̄ga tabing n̄g silid, ang m̄ga palamuti n̄g hihigán, ang kalinisan n̄g m̄ga uupán, ang m̄ga bayobong kinálalarawanan n̄g maririkít na dagatdagatan sa Hapón, ang m̄ga tasang maninipis na sisidlan n̄g tsá, ang lahat nang m̄ga bagay na lalòng ipinagíging kawiliwili n̄g *yosiwara*.

N̄guni't ang lalò niyáng ikinalulugód ay ang kaalamáng makipagkapwà n̄g m̄ga *geisa*. Parang sila'y labás sa lalòng bantog na m̄ga paralaran, na sa anomang gawí'y kinakakakitaan n̄g

mga katagiang lalóng nagbibigay dingal sa kanilá.

Sa piling ng isáng *geisa*, na maitutulad sa isang maselang na sampaga, ang mga sandalíng nakalilipas ay dí mātututunang kahinayangan ng kahit sino. Mangyari sa piling nilá ay nalalapas ang tunuy na aliw at nalalagók ang masarap na tubig ng kabuhayahan.

At sa kasarapan ng mga sandalíng náidudulot nilá sa sino mang palaríng maging panauhin ay masasabing waláng ano man ang halagáng kaniláng sinisingil.

Ang salaysáy ni Don Hasinto ay lalóng uminam marahil ó lalóng nápatatamà sa mithíng marinig ng mga kaibigang kasalo, pagká't ang bala na ay makapagsabing.

—iGanoón palá!

—Kay saráp ng pa sa Hapón.

—Oo ngâ—ang pakli ng isa pa—kahit isáng linggo lamang.

—Huwag sana kayong magulo—ang payo ng isáng kaharap sa usapan—ngayon pa namang mainam ang isinasalaysay ni Hasinto ay saká ninyo hindi pakinggang mabuti.

—Siya ngâ naman, pakinggan natin siyá—ang sabi nang ilán.

Sa sandalíng pagkakasagutan ay napahalili ang mataós na pakikinig kay Don Hasinto na noón nama'y magtatapos na lamang sa ibinabalitá.

Kayá nang máisalaysay sa mga kaibigan ang

ilán pang mġa katangġian nġ *geisa*, na marahil siya lamang nakababatid nġ dí karaniwang dunong na gayumahin ang sino mang mapadalaw sa kanila, ay ipinahayag sa mġa kaibigan iyon ang kanyang mġa napag-aralan sa Hapón.

Ang bayang itó ay katakataká rin namán sa kanyang mġa palakad sa pamamahalà at sa kalakasang ipinakikita na nagiging paghanġa tuloy nġ marami. Nġuni't hindi kayá dinalaw ay upáng suriin sa kanyang ayos, kundî upang matularan sa mġa bagong náisipang gawin sa Balingkahoy.

Ang sinadyá niyang itó sa Hapon ay siyang pinagsumakitan nġ mġa unang araw. May isáng lingo rin yatà na nagtatandâ nġ lahat na nauukol sa mġa pananim sa Hapón. Ang dí niya napaglinaw na mabuti ay ang pagaalagà at pagsamantalá sa mġa dahon nġ isáng malagòng damó, na ginágawáng sombrero pagkátapos.

Ganito man ay sapát na, at labis pa marahil sa talagáng kailanġan ang mġa náitandâ niyáng pansín at mġa natamo namang paliwanag, upang máisagawâ ang mġa tinátangkâ sa malawak niyang lupaín sa Balingkahoy.

Hindi kinahihinayanġan ang nagugol pagká't may mġa kapakinabanġan namáng kapalít.

—Dí kasi—ang birò nġ isáng naroon. Ako man ba ikaw ay dí makapagsasabi ring hindi kailanġan ang gaano mang nagugol.

—Akó nama'y dí lubos na sangayon sa inyo—ang

pakli n̄g isá. Kung ang nagugol sa m̄ga *geisa* ay di n̄gá kahinahinayang, n̄guni't kung ang nagugol sa ibang bagay ay oo.

—Lasíng na yatà itó!

—Aking paliliwanagan, sinabi kong kahinahinayang ang magugugol n̄g hindi dahil sa m̄ga *geisa*, pagká't sa aking akalà ang Hapón ay dapat dayuhin upang magaliw, hindi upáng magaraí n̄g anoman.

—Kay laki kung gayón n̄g iyong pagkaka-mali.

—Hindi naman—ang pagitná ni Don Hasinto sa nagkakatalo niyang m̄ga kaibigan—ang kató tohanan n̄gá naman sa m̄ga gaya ko ó sa m̄ga gaya natin, na waláng káunannahang kailan̄gan sa buhay kundí mag-aliw at lumasap n̄g ligaya, ang Hapón ay dapat lamang dayuhin dahil sa kanyang m̄ga *geisa*.

—At ang pagsuri sa m̄ga kaugalian nilá, sa hilig n̄g m̄ga taong bayan, sa kadakilán n̄g Mikado at n̄g m̄ga samuray?

—Hús, m̄ga kamusmusán lamang iyan na nába-bagay sa m̄ga taong dahil sa hindi nakálalaspap n̄g paris n̄g tinatamasa nating aliw n̄gayón ay nag-aakalà na lalóng kapakípakinabang ang kanilang pag-aaksayá n̄g panahón sa ganyang m̄ga bagay—ang sagot ni Don Hasinto.

At sa kaibigáng matapos ang pagsasalosalong iyon, sa isáng masayang tagayán, ay nagsalin n̄g bumubuláng *champán* sa m̄ga sadyáng *kopa-*

—Tayo'y uminom uli—ang anyaya sa mga kasama.

—Siyá ngá, uminom uli tayo—ang sabi ng kanyang kinákanan na tumindig pa mandín—alang-alang sa maligayang pagdating sa ating mga dalampasigan ng bantog at kilalang si Hasinto, ang mabikas na bayani ng bagong panahón na unuwí ritong taglay ang pagwawagi sa mga *geisa*.

Ang dagundong ng kanilang tawana'y sandaling nagsikip sa loob ng silid.

Ika 12 ganáp ng gabí ng sila'y magkahiwa-hiwaláy.

Si Don Hasinto ng gabing iyon, ay nákatulog na mabuti. Pagod na pagod siyá at patá, kayá pagsayad sa hihigán ay naghilik.

Umaawit pa ng isáng masayang tugtugin ng mágising kinabukasan.

Kayá gayón ay sapagká't dinatnan niyang ayós na ayós ang kanyang mga pagkabuhay, na waláng muntí mang gusót. At sa mga sulat pang kanyang inabutan na padala sa kanyang buhat sa kung saan saang dakó ay tumatanggap ng mabubuting balitá sa mga kaibigan niyang nangápapalayó.

Isá sa mga sulat na itó ang kay Igê, ang kanyang katiwalá sa Balingkahoy.

Ang sulat ay di pa natatagalang ginawá at marahil inahulog na talagá sa koreo upang mapataon sa kanyang pagdating.

Kanya tuloy nabatid na pinakakaliksihan pala ni Goryong Dupil ang pagpapalinis sa mga kapookang iyón na kanyang tinamnan nã niyóg pagkatapos, at ang mga niyóg na ito nama'y sumibol na mabuti.

Ginágaling siyáng talagá. Ang mga singiling naiwan ay naisampang lahat nã kanyang katiwalá at ang kanya namáng mga kabaguhang iniisip gawin sa Balingkahoy ay sáplítang matutupad, pagká't halos handághandá na ang mga kailanġan.

Kulang lamang na siya'y pa sa Balingkahoy upáng pangasiwaan kahit ang mga unang gagawin. Kung ito'y ipaubaya lamáng sa ibáng kamay ay mangyayaring hindi mápatumpak at kung magkaganito'y sayang lamang nang kanyang mga pagpapagod.

Nagsadyá pa naman sa Hapón!

Bukod sa rito, ang pagpasabukid uli ay isa niyang katungkulan.

Doón ay may iniwan siyáng isáng bulaklak na mabangó. Ang bulaklak na ito'y kailanġan na niyáng pitasin upang mapaglaruan man lamang kahit sandali ó mapaglibanġan sa pagkasuyá.

At siya'y suyáng suyá. Wiká ngá'y kung atis nang atis, ay nakabahapis. At siya'y di na halos maigaya pang tumitig kung sa atis din lamang.

Bago nalis ay halos náisumpá na kákanya-

hing pilit si Lusía. At ang tangkáng itó, na-kapagpasasà man sa bayang pinanggalingán, ay dí nalimutan kahít sandalí, bagkus pinapagugat na lalò nġ kasabikán at pinalagó nġ pagasang walá sa dí pagtatamó nġ minimithí.

Bumunġa nang dí sasala ang kanyang mġa kaparaanang ginamit kay Goryong Dupil, at magíging kabanġawán namang nápakalakí, kung ganitóng may mápipitas na ay saká maghahalu-kipkip kamay.

Ang ganitó ay dí lamang kabanġawán kundí pagpapawaláng halagá sa sarili. Bakit asang asa pa nġa si Don Hasinto na kung nġayón, at dahil sa may utang na loob na sa kanya si Goryong Dupil, ay tunay na walá nang dapat alalahaning ano man.

Kung baga sa alipin, si tandáng Goryo ay nabibilibiran na nġ matibay na tanikalá sa paa't mġa kamáy.

Ang malaking pagaalang-alang, dahil sa mġa biyayà nġ tatlongpúng piso na kanyang ipina-sasahod, ay siyá nang makapipigil kay tandáng Goryo, sakaling may ibig mang' gawin sa huli.

Ang nakikinabang ay dapat pakinabangán, at sangayon dito ay waláng lakas na makapipigil sa kanya upáng si Lusía ay samantalahín.

Magnġalit na kung magnġangalit ang mġa taga pamansag nġ kalinisan nġ mġa ugali, mapoót na kung mapopoót ang lahat nġ mġa naná-lig na kayamúan ang magpakabusog sa pag-

kaing nakahandâ na, at lumuhà na nḡ kahì't gaano ang mḡa paris ni Pedro ay isá lamang kasamá at sapilitang siláw sa panginoon!

At si Lusía ay kabáng bukás na pagkaka-salanan nḡ kahì't isang banal. Hindì sapagká't siya'y talagáng nagbibilí nḡ katawán, hindi. Kanyang náipalalagay na ganito sapagká't ang binibini, at dahil sa dí kaalaman, sa kawaláng malay at sa pagkadukhá, ay talagang madalíng silawin marahil.

Walâ pa nḡa siyang nasusubukang anoman, nḡuni't yaringyari sa kanyang loob na itó ang totoó, na dí sasálang sa titigán pa lamang ay sindak na ang kanyang kakalabanin.

Kung noóng bago umalis ay dí ipinagpatuloy ang bantâ ay dahil kay Dupil. Nḡuni't nḡa-yóng ito'y mawili sa linamnam nḡ tatlompung pisong ipinasasahod niya, ay hari na siyang dí sasala nḡ ano mang máibigan.

At upáng masubok ang ganitó ay agad siyang papasa Balingkahoy.

Magpapailang araw lamang muna sa Maynilà upang mapagbigyang loob si Lucila at sakâ paparunan ang Balingkahoy.

Sa pagdayong ito roon at dí pa nakuha si Lusía ay huwag na siyang tawaging si Hasinto.

Oo nḡa, huwag na!

At noón di'y ibáng bagay namán ang kinalibangáng isipin.

Pinagbulaybulay kung anó ang gagawin mag-

hapon. Matapos ang iláng sandalíng pagkukurò ay dalidaling nag-agahan bago nagpasingkaw.

Siyá palá ay maraming gagawin at marahil kapusín pa ng panahón upang makapagbigay loob sa dí kakaunting nag-aanyaya sa kanya.

Ang Maynilà ay waláng ipinagbago sa may iláng buwan niyang pagkakaalis. Gaya rin ng dati at manapa'y kamulímuhi ang dí na mapostapos na pag-aayos ng mga lansangan. Paris din naman ng dí na matatapos marahil napag-tutol sa mga tiwaling palakad ng nagsisipamunò.

At ang lahat ay iyon din, patuloy ang naglalakihang sahod ng mga kawaní at ang kápatunay sa pagkawaláng káya dí umano ng bayan. Kapuripuring pamamalagí sa isáng kalagayang kaigaigaya. Nang sumunod na mga araw at matapos ang kailanngang pagdalaw sa mga kaibigan niya na ang iba'y dí nangásulatan nang siya'y na sa Hapon, ay natutong magukol ng kanyang mga sandalí sa lalóng kapakipakinabang na mga gawain.

Pagkaumaga'y nag-utos ng dapat gawin sa kanyang pinakakatiwalà, sa tanghalí ay sa mabubuting restaurant napatutungò at sa hapon ay sa mga liwasan namán.

Ang gabi ay siyang itinatalagá sa kanyang mga nimamahal na bulaklak. Ngayon ay kay Lucila, bukas ay kay Mameng at sa makatlo'y kay Consuelo namán.

Sa ganitó hinábahagi ang kanyang panahón at sa maminsan minsang pagbibigay loób sa m̄ga katotong mawilihín sa apat na hari.

Nakaisáng lingo sa ginaniganito at sana'y papa sa Balingkahoy na kundí nápataon sa isáng sayawang alay n̄g m̄ga Perez sa marami nilang kakilala.

Isá sa m̄ga unang pinaanyayahan n̄g mag-anak ay si Don Hasinto.

At nang mápadalaw ito sa kanilang bahay iláng araw muna bago gawin ang sayawan, ay nasabi pang ang kasayahang iyon ay talagáng alay nila sa binatà dahil sa pagdating na maligaya.

Si Don Hasinto ay napasalamat dahil sa di mahahalagaláng utang na loób na iyón.

—Huwag kayong pasalamat, at katungkulan namin ang mag-alay n̄g hindi isáng sayawan lamang sa binatàng lalóng tanyag sa boong Maynilà.

—Bakâ namán kung anó na iyan—ang kanyang pakli. Ang pakiramdam ko ba'y natutunaw akó.

—Hindi, waláng birò—ang sagot n̄g asawa ni Perez.

At walâ n̄gá namáng birò sa kanyang sinabi. Paano'y hindi miminsang sa pagkakásarilinán nilang mag-asawa ay nápag-usapan ang di kaunting dangal na tatamuhin kung sakali't si Don Hasinto ang mákaisáng palad n̄g sino man sa kaniláng m̄ga anak na babai.

Karanġalang malakí ang ganitó at maano nġa na ang dinaládalangin niláng mag-asawa ay magkátotoo balang araw.

Huwag na dahil sa karanġalan, kundí dahil sa salapí ni Don Hasinto, ito'y talagáng *manugang* na dí matatanggihan nġ sino mang maseiang biyananín.

Ang ganitóng mġa panukalàng lihim nġ mag-asawang Perez ay dí nababatid nġ binatà, bagama't kanyang tinatakhan kung minsan ang nápakatamis na kaloobang patanaw sa kanya nġ mag-anak.

Ang mġa dalagang anak ni Perez ay magagandá rin naman. At nápakariríngal pa kung gumayak, kayá nagiging tunġo tuloy nġ maraming paghangà.

Maáalam makipagkapwà, maáalam tumugtog nġ piyano, marurunong umawit nġ mahihirap mang bahagi nġ isáng Ópera, ano pa't sila'y lakí at gising sa mġa kaugaliang pang mahal na tao.

Sadyá siláng hinubog sa pagiging bulaklak nġ pamamahay, at upang magningning sa mġa kasayahan.

Datapwát aywan kung ano't ang sino man sa mġa dalagang ito ay dí makahikayat sa pag-sinta ni Don Hasinto. At ang kadahilanan kung kanyang pagkurúkurúin ay ang dí kainamang hugis nġ kanilang pangangatawán na sa sino mang babai, ayon kay Don Hasinto.

ay siyáng unang dapat maging maganda at kaakitakit.

Kayâ ba si Lusia, ang minsang tinawag na kanyang *sinigang bukid*, ay nákahumalingan ay ano. Dahil lamang sa hubog na kaayaaya ng katawan, sa kainaman ng mga tabas ng bisig at binti at walâ na.

Samantalang ang mga anak ni Perez ay walâ nang kagandahang ito, na kay Don Hasito ay katimbang na ng kalahatlahatan mang gandá.

Ang gabi ng sayawan ay dumating din. Maraming mga tao ang nakapunô sa bahay na malaki ng mga Perez.

Isang bantog na orkesta ang nagparinig ng pili at maririkit na tugtugin.

Si Don Hasinto ay di nagkulang sa sayawan. Kanyang nákita na ng gabing iyon ay higit sa dati ang karingalan ng gayak at pagkamagiliwing ipinakita ng mga dalaga ng may bahay.

At udyok ng kalugura'y nakáupong matagal tagal din naman sa piling ng isa sa kanila, ng pinakabunsô.

Isinalaysay sa binibini ang kaaya-ayang paglalayag sa isang dagat na tahimik. na walang natatanaw kundi ang kalangitang bughaw na parang bubog sa kalinisan, at ang tubig sa dagat na bahagyâ nang kumilos.

Ang mga paglalayag na ganitó ay pumápawî ng kalungkutan sa pusò at ipinagiging makatà

tuloy n̄g kahit' dī mahiligín sa pagtulá. At hindi itó lamang: lalò pa manding kaligaligaya at nagdudulot sa damdamin n̄g isáng nápakatamis na sandali, ang panood sa isáng paglubog n̄g araw, kung na sa paglalayag. Lubhá pa't tahimik ang panahón, ay walá nang pánooring maganda na maihalintulad sa ganitó.

Ang binibining kausap ay wilíngwilí naman at dī nápapansing silá na ang pinagsasang-usapan, kahit' pabulong n̄gá lamang, n̄g ibáng m̄ga panaohin.

Hindi nákailá sa mag-asawang Perez ang nangyayari, n̄guni't nangagtayn̄gang pakíng sa bulungbulun̄gan at nangagmatáng bulag sa pinapansin n̄g madlá.

¿At saká sino naman ang makasasansalà kay Don Hasinto na pagpahayagan n̄g pagibig ang kanilang anák? Silá'y kapwà malayà at waláng tali. Ang kay César ay kay César at ang sa Diyos ay sa Diyos.

Pagkainggít na lamang sa mabuting kapalaran n̄g kaniláng anák na bunsó, ang ikinakikita n̄g iba n̄g kapan̄gitan, sa pag-uusap niláng iyon ni Don Hasinto.

At sa paniniwaláng ganitó namahay ang ka-looban n̄g mag-asawa.

Ikatat na tilaukan na sa magdamag nang ang sayawang iyon ay matapos.





X.

Dalawáng araw pagkatapos si Don Hasinto, ay nagpapaalam kay Lucila upáng pumatunģo sa Balingkahoy

—Ikáw ang bahalà—ang sagót sa kanya nang pinagpapaalaman—nģuni't huwag mo lamang li-limuting ditó ay may maiiwan kang nanánabik sa iyong pagbalik agad.

—Huwag kang mag-alala at dí akó matatagalán.

—Totoó bang kailanģan mong umalis? Hindí mo ba máiutos na lamang kahì't kanģino ang ibig mong gawín doón?

—Hindí mangyayari, aking giliw. Kailanģang akó ang kumatawán upáng mápaayos ang mģa gagawín sa lahat nang aking inaakalà—at isáng halik na matagal, parang sanglâ nģ isáng pag-ibig na pinakamamahal sa loob, ang náihabilin ni Don Hasinto sa mģa pisnģi nģ magandang si Lucila.

Kinábukasan din si Don Hasinto ay lumakad. Sa pagpasok nģ Balingkahoy ay maraming

mga kasamá ang sumalubong. Kaniláng nábalitáan kay Igê ang pagdating ng binatà, at nangagunahán ng pagsalubong sa may magandang kalooban niláng panginoón.

Silá man namán ay nakápansin din sa ná-pansin ni Pedro sa bapor, na kaunting pangyayayat ni Don Hasinto. Ngunit kung kanilá namang tingnan ay tila lalóng may malakás na katawán itó, at lihim na náipagpasalamat sa Diyos na sakdal kaawaan, ang pagpapalà sa mabaít na anak ng kilaláng si kapitang Sintó.

Hanggang sa pintô ng malaking bakuran na kinátitirikan ng bahay ni Don Hasinto, ay hatid siya ng mga kasamáng sumalubong.

At para namáng paggantí ng binatà sa gayong magandang kaloobang patanaw sa kanya, ay nagutos kay Igê na bumilí ng maraming alak at pasasang bigyan ang mga tao.

Sinunod namán ni Igê ang nais ng nagutos at sangiglap lamang ay narinig na sa maaliwalas na silong ng bahay ang bigay na bigáy na paghahalakhakan ng mga nagkakatwáng kasamá.

Mayâ mayâ ay may mga hálimbawaán pa na karaniwang mangyari sa mga paginumán.

—Maubos ngâ ang ilalim ay huwag ang ibabaw.

—Walâ na akong itatagal kasama.

—Malakás lang pala ang iyóng loob ay mahinâ naman ang iyong tuhod.

—At ibig mo ba akóng subukin? Dala rini—at sabáy sa m̄ga salitáng ganitó ang paglalapit sa labi n̄g lumbóng punô n̄g matapang na tubâ.

Hindî na iisá sa m̄ga naglalanġuhan ang nag-pápalalô. At nagkapataasan pa n̄g panaginip. May nagsasabing nang kabatâan niya ay naká-patay n̄g isang aswang, may nákalaban dí umano n̄g tikbalang, may nákapanubok n̄g kapre, at mayroón pang humukay n̄g patáy sa hating ga-bing malalim.....

—Anó, humukay n̄g patay at sa hating gabí?

—Oo, may nakagawâ na ba sa inyo nang paris niyan?

—Alin, iyan lang palá. Akó noóng araw ang ipagtanóng mo. Iyang pagkagat sa kahoy na maalitaptap, ang pagsahod n̄g mutyâ sa pusô n̄g saging, ay bagay na lalòng mahirap gawin kay sa paghukay n̄g patay.

—Siya n̄gâ namán—ang ayon n̄g ibá.

—Ay, hindî po. Lálòng mahirap ang humu-kay n̄g bangkay lubhá pa't hating gabi.

At ang pinakadulo n̄g ganitóng m̄ga pagta-talo ay tagayáng waláng patid n̄g tubâ.

Mabuti't may isáng nakapagpaalala na ang dapat niláng gawin ay maghiwáhiwaláy pagká't kailanġan ni Don Hasinto ang makapagpahingá at sila'y dí sasalang nakakabulahaw na naman.

—Oo n̄gâ palá—ang sagutan nang lahat at makasandali'y nagpapaalam na sila sa binatang may bukás na palad, na nakatayô sa itaás n̄g

hagdanan at malugod na tinutugon ang gayóng magalang na pagpapaalam.

Iisa lamang ang naiwan, at ito'y si Goryong Dupil.

Nang makita ni Don Hasinto na siya palá, ay agad pinatulóy.

Magiliw na pinaupô at inalok pa mandin ng tabako.

—Anó mang Goryo ang buhay natin?

—Mabuti po naman ang sagot ng tinanóng.

—Salamat kung gayon, at ang pagpapalinis ninyo paano naman?

—Iyón ngâ po ang aking sásabihin kayâ ako nagpaiwan.

—Ahá, ganoon pala—at si Don Hasinto'y humilig na tumalagá sa pakikinig ng mga ibabalitâ ng kausap.

Itó namá'y nagsulit na ng kalahatlahatan niyang nagawâ samantalang si Don Hasinto ay na sa Hapón.

Tapós na tapós na ang mga ipinagtagubilin sa kanya na dapat ipalinis. Hanggang sa may paanan ng mga bundok na sa kasilangana'y siyang hangahan ng mga lupaín sa Balingkahoy ni Don Hasinto, ay nakatapos na siya at ang mga taong kinatulong.

Pati mga kahoy na inakalâ siyang makasirâ sa mga bagong halamang itatanim ay pinagtatabás. Kulang na lamang na ang lupa

ay bungkalin kung palay ang ibig ipunglá at sakâ paghatî-hatiin sa m̃ga pitak.

—Hindí na kailanġang bungkalin mang Goryo. Ang m̃ga halaman kong ipatatanim ay dí na nanġanġailanġan nġ maraming pagod. Ang bulak sa halimbawà na ibig ko'y maipunlá natin nġ libo-libo.

—Ang bulak po?—ang patakáng tanóng nġ kausap. At áanhin ninyo ang napakaraming bulak?

—Sakâ ninyo malalaman mang Goryo. Isa pang ibig kong ipatanim ay ang kamoteng kahoy. Bukod sa iba't iba pang m̃ga hálamanin na nagkalat lamang dito sa atin.

—Kung ang m̃ga halaman po lamang na iyan ay madalí nating mapalalagô.

—Kayâ?

—Mangyari po'y sadyâ nang iinam ang m̃ga lupàng amińg nalinis. Kung tutulutan lamang ninyo akong makapagpunlá roon nġ ano mang ibigin ko.

—Palay marahil ang inyong itataním anó?

—Mangyari po'y siya kong káya at nalalakasáng gawín.

—Kung gayo'y kumuha na kayó nang para sa apat na kabang binhi. Inyong tamnan kung inyong ibig. Inyo na nanamg natatalós kung ano ang aking m̃ga palakad dito bagay sa ganyan.

Si tándâng Goryo ay nagpasalamat nang maraming marami sa kagandahang loob pang itó

nṅ binatà na patanaw sa kanya. At kundi lamang lubháng nápapahiyâ ay hahalik sana sa mṅa kamay noón.

Hindí na siyá makákikita ulí nṅ paris ni Don Hasinto. Magalangin sa matatandáng gaya niya, marunong magtanóngtanóng at makapagmama-lakíman kung ibig dahil sa tinatamasang pilak, ay nalulugod makipantay sa mṅa maliliit na paris niya.

Kung iba si Don Hasinto ay dí siya kakausapin sa gayong anyó na tila isáng kaibigan at hindí kasamá na maáaring utusutusan kung ibig.

Ang binatàng itó ay para na ring hulog nṅ langit sa kanilang mṅa taga Bilingkahoy. Kailanma'y dí nila nasubukan, bagkus maluwág kunnan nṅ salapí.

Makailang ang mṅa kagandahang loob niya ay nagíng pangaliw nṅ maraming taga Balingkahoy na inaabot nṅ sakunâ sa buhay.

Totoó nṅâ na anó man ang kunin kay Don Hasinto ay nápapalagay na utang, nṅuni't itó ay kaluwagan na rin sapagká't naáaring ipagtakip sa mṅa kagipitan. Totoó nṅâ na siyá kung minsa'y nanggagagá sa mṅa karatig na may lupain, nṅuni't máipatatawad na ang ganitó sa binatàng makisig na anák nṅ isáng mabuting kápitan.

Isá sa mṅa kakisigan ni Don Hasinto ay ang pagpapaluwag sa kanya na sumaka nang apat na kabang binhí.

May susundin nãa siyáng kaugalian sa paghahati nã maáani.

At ang kaugaliang itó ay ang pinaiiral na katló nã binatàng panginoón.

Kayá si tandàng Goryo nang mapauwí sa bahay ay waláng pagkasyahán sa tuwá at kagalakan nã loob. Ang asawang giliw at ang pinakamumutyang anák ay binalitàan kapwá nã mãa nangyayari, at halos inumaga sa kápapa-mukalà nã kanyang mãa gagawin sa hináharap.

Samantalang ganitó, si Don Hasinto naman ay tuwáng tuwá rin, pagká't napatunayang si Dupil ay kumagat nãa palá sa kanyang pain. At hindí kumagat lamang kundí kanya pang nasilò nang buóng buò ayon sa mãa nápapakiramdaman.

At, noón dí'y binuò sa sarili ang adhikáng higpitan ang buhol nã gayong pagkakasilò upáng huwag nang makakawalá si Dupil.

Ang lagay nitó ngayón ay húli na't hindí makawawalá. Kinabukasan nãa nama'y nakakabayo si Don Hasintong tinunão ang mãa poók na ipinagbiling linisin.

Siya man ay nápagulat sa nakita. Ang pagkakapaglinis na gayon, iupa man nã maraming pilak, ay dí magagawá sa loob nã mãa iláng buwan.

Iyo'y hindí sasalang kinatawang mabuti, at bagaman may nalalabi pang kauntí na dí nalilinis sa paanan na nãa nã kabundukan, ay dí

maikakailáng si Dupil ay taong masipag at mapagkakatiwalàan.

Magkakadahilan tuloy siya ngayon upang ibuhol na ang silò, at bago sagpanģin, tulad sa nagugutom na buwaya, ang talagang pinaghasaan niyang matagaltagal na nģ nģipin: si Lusisa.

Noon din nģá'y tinunģo nģ binatà ang bahay ni tandáng Goryo.

Tinawagan ito at kinausap. Pinagsabihang dahil daw sa kanyang nákita, at bilang pagganti naman sa sikap na pinuhunan nang matandá; ay dinaragdagan pa nģ sampung piso isáng buwan ang dating sahod na tatlongpung piso.

Bago umalis na pagkatapos.

Ang tuwá ni mang Goryo! Laki ba namán nģ kanyang kapalaran. Apat na pú na ngayón ang sahod at may sasakahin pang apat na kabáng binhí!

Daig pa niyá ang pantog na hinihipan sa paglaki at nakaisip tuloy pasalamat sa Diyós. Tinunģong nagmamadalí ang simbahan, at doó'y nagiwán nģ sa isáng pamisa, patungkol sa ikabubuhay na payapà, matagal at waláng ligalig nģ nápakabuting taong si Don Hasinto.

Ang ginawáng itó ni Dupil ay dí man nábalitàn nģ binatà, pagká't samantalang idinadalanģin siya nģ parì, ay tahimik namang nakaupò sa haráp nģ masarap na agahan, at waláng

pinagkukurò n̄g boóng kataimtimán sa loob kundî ang m̄ga paraáng sukat ikapagtamó kay Lusía.

Bakit ang isá manding ipinananabik ay ang nakitang paggandang lalò n̄g dalaga. Sasandalí n̄gâ niya itóng namalas sa pinagbuhatang bahay ni Dupil, n̄guni't ang sandaling ito'y nasamantalá upáng minsan pang pagsawàan sa titig ang m̄ga kayamananang tinagò n̄g dalaga. Kanya pa namang inabot ito na kaáahon lamang sa paliligò at nababakas sa manipís na tapí ang magandang hubog n̄g katawan!

Sayang na m̄ga kayamanan iyón n̄g pagkaba-bai kundî mapapakanya! Siyá n̄gâ, sa pinagbuhatang Hapón, ay nakalásap n̄g maraming aliw, n̄guni't m̄ga aliw na dí ikinalanta kahì't sandalí n̄g kailanma'y sariwàng pagnanais na kanyahín si Lusía.

Kahì't isáng gabi lamang, kahì't sasandalí, at siyá na. Kayâ naman ganitó ang kanyang sabi, ay sapagká't nababatíd na kung sakasakali ay dí na paghihirapan ang pagubos sa masaráp na tubig na lamán n̄g saro.

Ang pinakamahalagá ngayón ay ang pagdaraos n̄g kanyang akalà.

Ito'y nápaliban n̄g katakottakot dahil lamang kay Dupil, at n̄gayóng ito'y may dapat nang tanawín sa kanya ay walâ nang kamatumatwid na mápaurong ulí ang binábantá.

¿Paano ang kanyang gagawín? Lahat nang kaparaana'y mabuti. Ang paggahasà, ang pa-

mimilit, ang pagdarayà, ang pagsalapi. Lahat nang itó'y paraang makatwiran, lalò't matatamo ang inaadhiká. Na sa pagpili lamang ng gamitin ang nakahihirap. At noon di'y mataós na pinagmunimuni kung alin sa mga kaparaanang ito ang ikalalaglag na madali ni Lusía sa kanyang mga kamay.

Sandalí ring napatigagal si Don Hasinto, nguni't mapamayámayá ay nakanġiti na at nagtingdig tulóy sa pagkain kabít hindi pa natatapos.

—Akin ka na Lusía. Pag naman di pa nangyari ngayón ang aking tangká ay talagáng akó ay hindi na akó.

At masayang nanaog na tinunġo ang tinátahan ng kura.

Ang kura sa Balingkahoy ay isáng mabait na paring may iláng uban na sa ulo. Siyá ay may mga dalawangpung taón nang nangangalagá sa kaluluwa ng mga taga bayang sinabi, kayá sa kanya'y waláng nálilingid halos na ano mang pangyayari sa Balingkahoy.

Sa bayang ito ay walá nang iba pa, na nakatatandá ng kalahatlahatang pangyayari na may kaunting halagá kung hindi siyá. At hindi lamang ito: kanya rin namang nababatid kung si kabisang gayon ay mabuting binyagan ó kung si tininteng gayon ay di kabutihang kawal ni Hesús.

Kung sa bagay sa Balingkahoy ay walá na

panakáw. Sinabi sa akin n̄g kura na si Lusía ay mag-aasawa na. Lalòng mabuti. Kung n̄gayón ay mag-asawa na siya.

At noon di'y náisip ang paguwí sa Maynilà, sa magandang Maynilà na batbat n̄g sayá, n̄g maraming aliw at kaligayahan.

Sa Balingkahoy ay walá na siyang gagawin. Ang pagpapapunglá n̄g m̄ga halamang ibig niyang masamantalá ay máipagkakatiwalà na sa m̄ga uupahang tao. At saká na siyá dada-law ulí roon kung sakali't kailan̄gan. Sa samantala ay magpapalagí na muna sa Maynilà. N̄guni't nagaalinlan̄gang ituloy ang ganitong akalà, dahil din kay Lusía. Anóng katawán n̄g palá ang kanyá! Parang sinadyá sa kainaman n̄g pagkakabalangkas, tila may kusang nagpagód na pagbagay-bagayin ang kabuuan n̄g kanyang tikas.

Tila pa nádadama ni Don Hasinto ang katawáng itó na kahinahinayang kundí masasamantalá ulí.

Ang masaráp na pagkain ay di nakasusuyà kung míminsan lamang, bagkus talagáng inu-ulit tikman at noon di'y nagbagong akalà. Saká na siyá uuwí sa Maynilà. Mahabà pa namán ang m̄ga araw at saká sa Balingkahoy ay talagáng marami pa siyang m̄ga gagawin.

Haharapin ang pagpapapunglá n̄g bulak na sisi-nulirin, ang mage, ang abaka, ang kape, kakaw at iba't iba pang halaman. Kanya lamang sinabi na ito'y máipagkakatiwalà na sa m̄ga uupa-

hang tao, n̄guni't ang katotohana'y talagang siyá ang dapat mangasiwà n̄g lahat upang mapawastô sa m̄ga napagkita sa Hapón ang lahat nang m̄ga gagawin. Kung walâ siyá ay malapit pang mapadiwarà ang kanyang m̄ga ibig mangyari, at ang minarapat ay maglumabí pang m̄ga iláng linggô sa Balingkahoy.

Bakit ang isá pa'y kanya na n̄gàng sinabi na ang masaráp na pagkain ay hindi mimsang tinitikman kung di makalawa, makaapat hangang sa mapagpasasaan.

At sa ikasusunod n̄g ganitóng adhikâ itinaguyod ang kanyang m̄ga pagsusumikap.

Nang sumunod na araw ay nakipagusap siyang matagal kay matandang Goryo: ibinalità ritong tila hindi na kailangan ang manggagamot na sinundô ni Igé, pagká't siya naman ay magaling galing na.

Ang dinaramdam lamang ay ang pagkaabala pa n̄g asawa't anak ng kanyang katiwalà, na dahil sa kanya'y nangapilitang lumipat nang bahay.

—Si Don Hasinto naman—ang naisagot tuloy ni tandáng Goryo—ano ba't iyón ang inyong inaalala.

—Hindi niyo máiaalis na ang gayo'y kilalaning kong malaking utang na loob.

—Sa kami pa n̄gâ pong mag-anak ang may dapat pagbayaran sa inyo. Ito ba namang laki n̄g aming utang na loob.....

Ang sagot na ito'y kunwang di pinahsin ni

Don Hasinto, at ang idinaíng sa kausap ay ang dí na raw naman pagdating ni Igê.

—Ay anó po kung walâ man siya? Nárito naman kami.

—Nğuni't kayo'y naabala dahilan sa akin. Kahiyâhiyang totoo sa inyong mag-anak.

—Hindí po Don Hasinto. Katungkulan naming kayó ay tingnan.

At walâ mang pumipilit ay náipangakò tuloy ni tandâng Goryo na malakas mang náki-kita si Don Hasinto at tila walâ nang sakit ay doroon na muna ang kanyang may bahay hanggang si Igê ay walâ.

Ito namang talaga ang ibig nğ binatâ. Kung kasunò sa bahay si Lusia ay dí na siya kaka-pusín nğ paraan.

At dí nğâ namán nagkamali sa kanyang akalâ. Kinabukasan lamang ay napansing ang pagkakátao'y kanyang masasamantalâ, pagká't walâ si Dupil. Ang ginawâ'y pinakiutangán nğ loob ang iná nğ dalaga upáng magdala nğ isáng sulat sa kura.

Ang waláng malay na si tandang Mena ay maliksing sumunod at nang mapagisá na ang dalaga ay ginawâ ni Don Hasinto ang kanyang ibig. Nang pagkakátaóng itó'y kanya ring na biglá ang binibini, pagká't hindí namamalayang siya pala'y nagiisa sa bahay at ang kasama lamang ay si Don Hasinto. Gayon ma'y kina-

ilanġan nito ang paggahasà bago natamo ang kanyang pita.

Nġuni't naisumpá namán nġ dalaga na mulá sa sandaling iyon ay dí na siya mulíng paki-kinabanġan nġ isáng duwag, nġ isáng upasalà at tampalasang paris nġ lalaking iyon.

Ikinapaluhá nġ boong kasaklapan ang pag-aakalang kayá siya marahil pinaglalaruan nġ gayon, ay sapagká't nababatid nġ ganid na si Don Hasinto na siya ay mahinà at nagiisá.

Ang mabuti ay humandá na siya sa mġa sukat pang mangyari. Ang pagutang nang buhay kung dahil sa kapurihang ipinagtatanggol, ay mangyayaring parusahan nġ tao, datapwá't makalulugod namán marahil sa matá nġ Diyos.

Oo nġá, hindi kasalanan ang gumamit nġ lakas na sarili kung nahahamak ó kaya'y nata-tampalasan.

Hindi sa tuwina'y magiging libanġan siya nġ isang waláng kaluluwa na paris ni Don Hasinto. Dapat mákilala nito na ang hamak na tao ay nakatatalos namang hindi katwirang siya'y apihin. At tumalagá sa pagtatanggol.

Isáng maliit na sundang, matalas at mahayap ang dulo, na ginagamit sa bahay, ang kanyang itinagò.

—Bahalà na ang sundang na itó—ang nasabi. At hindi pa mán ay parang náikikita na ang pagkatupád nġ kanyang ligantí.

Nguni't si Don Hasinto ay sadyang ipinagtatangol marahil ng kanyang anghel na katutubò. Nang hapon ding iyon ay dumating si Igê, na nagpapasalamat nang walang katapusan dahil sa maligayang pagkakatawid ng kanyang panginoon sa karamdamang dinanas.

Ang pagkakadating na ito'y nakapigil kay Lusia sa kanyang inaakala. Paano'y siya na rin, ang pagkakatang pagkakita kay Igê, ay nagyayâ sa inang sila ay umuwi na.

Ipinaalala rito na marami naman silang naiwan sa bahay na sarili na dapat harapin.

Maraming gawa karamiha'y maddalian, ang napapabunton tuloy.

Ang kanyang ina nama'y sangayong sila'y umuwi na, kayâ hinintay lamang si tandang Goryo na siyang dapat magpasiya sa kanilang naisipan. Dumating ito at nayag din. Kayâ nang gabing iyon ay sa Dapdap na sila natulog.

Magdamag na si Lusia ay hindi napalagay.

Parang inaihaw sa pagkakahigâ at di man halos napapikit sa boong magdamag.

Pinagkukuròkurò ang kanyang napagsapit. Napakarawal ang kanyang palad. At ang tititiis niya ay sakdal kapaitan at di malagók.

Kung ito man ay pagsubok sa kataimtiman ng kanyang pusò ó sa karunungan niyang magbatâ ay kanyang tinututulan pagkâ't siya'y walang ipagtitiis na talagâ.

Marupók ang kanyang pusò, waláng lakás at katiisang makakalasang ang kanyang dibdib sa mnga bagay na itinatalagá nã tao.

Ang nangyayari sa kanya ay di maáaring loobin nã Diyos pagká't ito'y batis nã dunong at kaawàan, at hindi sa mnga mahinàng paris niya magpapakita nã kabagsikán. Ang tala-gáng may kagagawán at dapat pagbuntuhan nã sisi ay si Don Hasinto.

Hindi inisip na ang gayóng pagsamantalá sa waláng mailaban kung hindi ang pagluhá, ay kasalanang sumisigaw sa langit. Nagkunwá pang maawain at may paglingap sa kanilang mag-anak gayong ang pusò pala ay bulók at walág dangál.

At ang inapí pa naman ay isáng waláng yaman kung hindi ang pagkababae. Sa pagkawalá nito, siya, si Lusía, ay parang naputihan nã buhay.

—At hindi lamang nababatid ni Don Hasinto ang náisaloob nã tulóy nã dalaga—na ang isáng sumpáng bunga nã pagngingitngit ay katimbang nã lalóng kabigatbigatan parusa. Sa pagsumpá na nã lamang, sa pagngangalit at tangkáng makaganti siya nagkakasiya, nguni't oh! ang dilim ay di siyáng gayak na parati nang langit. Ang dilim at liwanag ay tala-gang nagbahalinhinan.

—Ngayón ay araw niya—ang náibulong na

halos hindí kinukusa—nġuni't bukas ay araw ko na namán.

At sa kináísisip kung paano kayá ang mabuting gawín. ay naalala na namán si Pedro, ang kanyang irog na nasa malayò at waláng malay sa nangyayari.

Kung itó kayá'y kanyang sulatan? Ganitó nġa sana ang lalòng mabuti, pagká't sa isáng iniibig ang magkailá ay kataksilan, datapwá't nábabagay kayá namang ang pagkakahapay nġ kapurihan niya ay ipagbunyagan?

Kung sa bagay si Pedro ay kanyang kasintahan, nagmamahal sa kanya at umíbig nang tapat. Marahil ang lalòng wastò ay pagpapahiwatigan man lamang nang napagsapit, nġuni't dahil din nġa sa pagmamahal sa kanya ni Pedro ay dí ibig na itó'y magdanas nġ isáng sukal nang loob na napakapaít. Kung ibáng bagay man lamang sana ang ibabalità.

Itóng tungkol pa namán sa kanyang pagkalanta. Maári ba kayáng dí pagbulaanan si Pedro kung ang kápatunġuhan nġ kanyang loob ay ang pagsulat?

At saká ang katotohana'y kanya nang náguníguní halos na ikamamatay ni Pedro ang paglagók nġ isáng samá nġ loob na paris nġ kanyang ipalalangáp.

Ibá na ang magsiwalat. Nġuni't kung sa kanya ay dí na makababalità nġ anó man ang kinákasi. Mahanġa pa'y kanya nġáng tinangká at

minarapat na ang pag-iibigan nilá'y putulin. Itóng talagá ang nababagay, dahil sa hindi niya mapaglalaman ang pagkakailâ n̄g lahat palibhasá'y tapat ang kanyang paggiliw sa binatâ, at kung magsasabi namán n̄g totoo'y magli-likhá lamang n̄g kasawiang palad n̄g isáng buhay.

Ang lalaking sa pagpapatibay n̄g kanyang pag-irog, ay nakapagsabing siyá'y lamunin n̄g lupa kung matulusan din lamang na taksil, ay hindi paimbabaw kung umirog. At ang m̄ga taimtim kung gumiliw ay mataós namáng magdamdam.

Mahal sa kanyang loob si Pedro, at di makakayang ibulusok sa kasaliwáng palad. Kundi niya pagpupunilitang maputol ang pagsisintahan nila ay siya na rin ang mapapalagay na luminlang sa lalaki pa namán na kayâ sininta n̄g labis ay sapagká't may mahal na damdamin at may pusòng makináng. Hindi paglimot kay Pedro ang kanyang ipinagiisip na gumawâ nang gayon. Hanggang sa dako pa roón n̄g libiñan, kung makapagdaramdam ang kanyang pusò, ay waláng iibigín kung hindi si Pedro. Datapwá't kailanğang magpakunwarí na ito'y nililimot.

Sapagká't mulá sa sandaliñg siya ay hindi na ang dating Lusía, na taong bukid man ay may yamang dakilâ na maipagmamalaki ay tila di na karapatdapat sa pagmamahal n̄g isáng Pedro, na doon sa malayòng Maynilà ay na-

kikipagpunyagi sa lahat, matuklasan lamang ang pagkakapalad nilang dalawa.

Ang ganitong kapaitang nilalagok niya sa buhay, bunga ng katampalasanan ni Don Hasinto ay hindi nitó nalalaman. Salamat na kung sa pagkakaalis nilang mag-anak sa bahay ng binata, siya ay maalala pa uli nitó.

Hindi naman kayá nágunitá ang ganitong masaklap na katotohanan ay sapagká't ibig makitaan ng paglingap si Don Hasinto. Ito'y sadyang di mapapatanim sa kanyang pusò, dik-dikin man yatà ang kanyang butó't lamán. Si Pedro ang nasumpaan ng kanyang pagtatapat at sa pag-ibig na ito tumatalagang mamatáy.

Iyong nga lamang, hindi na naman niya mapapayagang ipatuloy pa ng kanyang kasi ang mga ninanaís. Mamatay na sa dalamhati kung ito ang kailangan. Malibing na kahit buhay sa ilalim ng maraming pagluha. Ngunit huwag lamang isurot na parati ng kanyang buhi na di siya natutong tumumbas sa dakilang pag-ibig ni Pedro.

Hindi nga sa kaibigang sarili at pagkukusang loob ang ipinaging sawing palad niya. Pasubók, panakaw, patagó, pataksil ang kaparaanang ginamit ni Don Hasinto.

Tila rin nangharang sa isang walang sandata, tila rin nagmatapang sa bangkay ng isang kaaway.

At kung ito ang nágugunitá ng binibini, ay

nahihiling tuloy na maanong bumuka na ang lupà at nang matapos ang m̄ga katampalasanan. Ngayón ba't malakás at masalapi, ay maáari nang manggahasà?

Ngayón ba't kinaáalang-alanḡanan, ay magpapakasagwâ?

Ngayón ba't malii't lamang at madaling sakmalín ang nasumpunḡang másisilá, ay ginamit na nḡa ang asal ganid?

Násaan ang katwiran kung gayón?

At pawàng luhà na lamang, luhàng mapapait at masaklap ang namalisbis sa kanyang m̄ga matá.

Inumaga tuloy na kandong nḡ di maulatang m̄ga dalamhati.



XII.

Kung iláng sulat na ni Pedro ang di siná-sagot ni Lusía. Sa loob n̄g kulang na dalawang buwan ay di lilima ang kanyang natanggap.

Ang matibay na pagkasi sa kanyang irog ay di n̄gâ nagbabawa at talagá namáng hindi magbabawa kailan man datapwâ't kung kanyang akalain ay mabuti pa ang gayóng magpawala wala, yamang di rin lamang makakaya ang magkailá sa kanyang irog.

Kay laki n̄g kasalanang ginawá ni Don Hasinto. Nagwalat n̄g isang kaligayahan at tumampalasan sa isáng matwid na adhiká.

At sa kináiiisip n̄g ganitóng mapait na katothanan, ay náidadalangin tuloy ni Lusía ang ikapapahamak n̄g panginoón sa Balingkahoy. Hindi niya kagawian ang magnais n̄g masamá sa kapwâ tao. Kanyang nababatil na isa sa mga utos n̄g Diyos ang umibig sa kapwâ, gaya nang pagibig sa sarili, n̄guni't sa mga paris ni Don Hasinto ay di nábabagay ilapat marahil ang

aral na ito. Hindî, sapagkâ't ang dî natutong gumalang sa isáng mahinà at dî makalalaban ay hindî tao.

Kung minsan tuloy at sa dî na mapigilang udyok n̄g simbuyó n̄g kagalitan ay nakakaisip magtapat kay Pedro. Kanyang sásabihin dito ang lahat, ituturò ang may sala at kagagawân n̄g kanyang pagkasawi upáng singilín pagkatapos ang inutang na puri.

Kung minsa'y máisipang magtapat sa kanyang amá hindî na upang ito'y gumawâ n̄g kanyang katungkulang gawin, kundî nang lumayó na lamang sa mapagkunwaring si Don Hasinto na nagaasal mabait ay gayong salarín palá.

Lahat na'y inisip, lahat na'y inakalàng gawin.

Pati nang nápauntol na sariling paghihiganti ay dî miminsang ninais na ituloy.

N̄guni't napakalakí palibhasà ang kasalanang nagawâ sa kanya n̄g binatà kayâ dî matagpuan ang parusa na lalòng nábabagay. N̄gipin sa n̄gipin?

Kay Don Hasinto, na naglibíng sa lalòng m̄ga ginintuáng pangarap niláng magkasi, ang pagpaparusa ay dapat pakaisipin. Ang lalòng ipinagiibayo n̄g kapootan ni Lusía sa tumampalasan sa kanya ay ang nilalamán n̄g m̄ga sulat ni Pedro.

Ito'y palagì nang may hinanakit, palaging nagpapahayag n̄g kanyang m̄ga dalamhati at

pag-aalinlanġan dahil sa di man mabalino si Lusia nġ pagsagót.

«Anó ang nangyayari sa iyo, at ako'y hindi mo na sinagót?—ang sabi sa isáng liham. May dalawáng buwan na yata ang nakalilipas sa ganitóng pananahimik mo. Para kang natubigang biglá sa ating pagsisintahan.

Matay ko mang isipin ay walá ka namáng sukat maisurot na isa kong pagkukulang. Ang dating pangakò ko sa iyo na pagsintang hindi magmamaliw ay naglalagablab hangga ngayón sa aking dibdib. Ang kanyang apóy ay di maaring matugnaw kailan man, pagká't namamahay sa isáng pusóng tapát at di marunong magsawà sa gawáng pag-ibig.

Hindi ko namán akalāing ikaw ay lumilipot na.

At ang pag-asa kong ito'y pinatitibay nġ di miminsang nasubok ko na iyóng katapatang loob. Kung ngayón ma'y nahihibò ako nġ pag-aalinlanġan ay sapagká't namihasa ako sa iyóng mġa pagpapakita sa akin nġ malinis at magandang kalooban.

Ikaw marahil ay marami lamang ginágawâ ó kayâ'y nagkakaramdam namán kayâ di makasagót sa akin. Kung itó ang sanhi ay ipatawad mo sa akin ang pagaalalang baká ikaw ay nakalilipot na sa ating pagiibigan.

Hindi ko nġa palá ginugunitang kung anó ang aking pagtatapat ay siya mo rin namáng pagtatapat sa akin!»

Ang malulumayanay na salitang ganitó sa nagkasunodsunod, nang mnga sulat ni Pedro, ay siyang pumapatáy na untinntí kay Lusía. Kung binábasa ang mnga sulat na sinabi, ay náramdamang sumúsulak ang kanyang dugó sa kagalitan kay Don Hasinto, na ng mnga araw na iyón ay nabalitaan niyang nalís sa Balingkahoy at napatungó na namán sa Maynilà.

—Pagkasamásamang tao ng Don Hasintong iyon. Maanóng siya'y pisanan na—ang nábulong tulóy.

Ngunít parang itinutugon sa ganitó niyang pagngingitngit ang kápupuri namán ng kanyang amát ina sa mnga kagandahang loob at pagkabukás na palad ng binatà.

Sa kanila'y walà nang mabuti kung hindi si Don Hasinto.

Itó na lamang ang marunong kumalapá sa kanilang kahirapan. Sa boong Balingkahoy at lalò pa sa ibáng mnga kasamá ay si tandang Goryo ang kanyang ipinakakatangí.

Ang kanyang pagpapataním ay dito na ngá ipinagkatiwaláng lubat bago umalis, at may bilin pa kay Igé na anó man ang ibig ni tandang Goryo ay sundin kapagkaraka.

Kayâ ang matandâ ay lumakí tulóy sa tingin ng ibáng mnga kasamá at napatanghal sa mnga kanayon.

Nápagkawikaan tulóy, na salitá lamang ni tandang Goryo ang dí matanggihan ni Don Ha-

sinto. Sa kagaanan n̄g kanyang pagkita n̄g kuwal-ta ay napahilig tuloy sa pagsasapalarán n̄g ma-lakíflaking halaga kung m̄ga araw na may sabong.

Datidati siya ay nananahod lamang, n̄guni't hindi natagala'y nakihalubilo na sa malalakas lunarô at sa kanyang bahay ay dí nawawa-lán n̄g iláng tinali. Pati ang bahay niláng mag-anak ay náipabago. Napalakhan at nakabilí pa n̄g sariling kalabaw, na siyáng ginágamit sa kanyang m̄ga pitak na sinásaka.

Ang lahat nang ito'y nákilita n̄g kanyang m̄ga kanayon at kaniláng náikapagsasabing ma-buti n̄gâng talagá si Don Hasinto.

Bakit si tandâng Goryo naman, saan man mapatun̄go at sinoman ang mákausap ay waláng pinagdadalhan agad sa salitaan kundí ang ma-gandang kalooban n̄g binatà. Sa kanyang pala-gáy, itó ay isáng tao na hindi pangkaraniwan. Sa kabutiha'y daig ang kanyang amá, at ang kanya mang iná.

Kayá ang madalás tulóy mangyari ay saká pa nila nápag-uusapang magasawa ang m̄ga biyayang natatangap sa binatà kung si Lusía ay ginigiyagis n̄g m̄ga sukal n̄g loob dahil sa kanyang kinahinatnan.

Ang lalòng ikinatatakot n̄g dalaga at palagìng itinatahíp n̄g nasisindak niyang díbdib, ay ang nápapakiramdaman sa kanyang katawán.

Datidati siya ay masiglá, mahinhing kumilos at dí nakararanas n̄g m̄ga binigátbigat n̄g ka-

tawáng nararamdamán niya nḡayón. Nápapan-sing may nangyayari sa kanya pagká't ang dating mḡa pagkàin at kakaning dī man ibig tikman, nḡayón ay siyáng nápipita.

At saká kaikailán ma'y hindi nagmaan-tukin, bagkus gabi lamang ang ipinagpapahingá.

Nḡayón ay natuto siyáng magtulóg kung tang-hali at kung minsan pa'y nápapaduwal kabít walá namang kinákainng sukat bagáng maka-samá. Pati nḡ paghilab nḡ kanyang katawán ay pinagtatakhán din. Walá namáng kinákain na nápapaibá sa dati ay kung anót arawaraw ay nápakiramdamang siya ay lumulusóg.

Ang kanya na ring iná ay nakapansin sa pagtabáng iyon nḡmít pagkatapos mapatunayang hindi namán namamanás ang kanyang dalaga, ay náipagpasalamat pa nḡa nḡ taós sa pusò ang gayong hulog na biyayà nḡ langit.

At sa kagalaká'y naibalitá pa mandin kay tandáng Goryo, ang nangyayari.

Talagáng tayo'y pinapalad—ang náisagot na lamang nito. Ang ibá ay nangangailanḡan pa nḡ mḡa gamót upáng tumabá, nḡmít si Luisa, sa kaning bukid lamang ay lumulusog na mabuti.

—Siya nḡa, anó?—ang nápakli ni aling Mena— at noon di'y ibáng bagay ang kaniláng napag-usapan.

Náhibinggil sa mḡa binhí na padala sa kanya ni Don Hasinto. Ang mḡa binhing itó ay may kung ilang daang libong niyog ra may tubò.

nang mangdangkal. Pagkatapos ay may isusunod pa siyáng mġa abaka. Nang mġa sumunod na araw nġa naman ay halos walá nang panahóng ipagpahingġa si tandáng Goryo, kayá ang nangyayari kay Lusia ay dí na niya mapansin man lamang.

Ang nakahalatá sa tunay na nangyayari rito ay isáng pinsang katapatang loob.

Nang unang ito'y mag-usisá, ay ipitagkailá ang mġa kadahilanang ikinaayaw nang sumagót kay Pedro, nġuni't nġ matagala'y nagsabi na, lubhá pa nang mapatunayang hindi karaniwan ang nangyayari sa kanyang katawán.

—Paano akó nġayón—ang pahagulgol balos na salitá ni Lusia. pagkatapos masabi ang lahat.

—Ano ang ating magagawá sa iyan ang iti nalaga sa iyo nġ palad.

—Oo nġa, nġuni't hindi ko inibig.

—Ipalagáy mo nang gayon, nġuni't iya'y dí mo na maámpat.

—Hindí na?—at si Lusia ay hinimatay halos sa sukal nang kalooban.

Lahat nang pag-aliw sa nalulumbay ay ginawâ nġ kausap. Sinabing hindi si Lusia lamang ang dalagang nagkakagayon. Sa katunaya'y mġa lalò pang tanġi ang dí nakaiwas sa mġa kasawiang paris nitó.

Ang mġa kasawiang palad ay dí nahuhulan kapagkaraka. Dumarating na lamang at nagpapalugmok sa maraming pag-asa.

—Kung gayo'y sáplitan kong lalagukin n̄gayon ang lasong itó?

—Gayon ang marapat. Paglabanan mo ang nangyayari at ang tao ay waláng dí natitiís.

—At kung mahalatâ n̄g aking amá?

Hindí nakatugón agad ang kausap ni Lusía. Kung mahalatâ na n̄gá namán n̄g kanyang amaíng si Dupil ang katayuan ni Lusía, ay paano?

Siya man naman ay nag-uuliklik din. Parang náikikita na ang mangyayari. Ang kanyang amain ay tubig na maamo sa isáng batisan kundí nagagalit, datapwá't kung mamuhí naman ay kakilakilabot sa pagpaparusa. Khabaghabag si Lusía kung magkataón!

Kaniyáng kilala ang kaugalian ni tandáng Goryo, na dí marunong magparaan n̄g isáng mabigatbigat na pagkakamali. At ang nangyayari kay Lusía ay hindí pagkakamali lamang kundí isáng kahihiyáng ikapupugay n̄g kaniyang puring mag-anak.

N̄guni't bahalà na kung dumating ang araw. Waláng dí nalalabasang sakuná, at ayon sa kanyang napagdirinig ay kamatayan lamang ang waláng lunas.

At noón di'y pinasigla ang kalooban ni Lusía sa pangangakóng siya ang bahalà at gagawá n̄g m̄ga kaparaanan kung dumating na ang panahón.

Sa samantala, ang dapat gawin ay magpaka-

ingát upáng máitagò hangga't mangyayari ang kahihiyáng iyón. Ganitó na ngâ tulóy ang kaniláng pinagkatapusáng dalawá.

Nguni't mulá namán ng sandalíng iyon, ang kapayapaan ay tumakas na kay Lusia. Paalagíng dí mápalagay at madalás na natitigilan. Ang tuwì na'y nagiging hantungan ng kanyang mga pagkukurò ay si Pedro.

Nakaragdag pa mandin sa kanyang mga dalanhati ang káhulihulihang sulat nitó. Sa sulat ay ibinabalitá kay Lusia na siya ay may sakit at may kung iláng linggo nang náraratay sa banig.

Ang kauntí niyang natitipon ay siyáng nakukutkot na untiuntí. Nguni't nagkáganitó man, sinásabi man ng manggagamot na ang sakit niya'y matatagalan bago gumalíng ay malaki ang kanyang pagasa na makabañon lamang at lumakás ay makapaghahanap siya ulí.

«Umaasa pa rin akó, kahi't ganitong nálalagay ang aking katawan—ang kanyang sabi sa waláng salang pagsikat ng araw ng ating kaligayahan. Sa iyo'y walá akóng pinípita ngayón kundi huwag mo lamang akóng papanabikín sa pagtanggap ng iyóng kasagutan. Hanggang sa pag-ulit giliw kong Lusia!»

—Giliw mong Lusia, oo ngâ minamahal kong Pedro—ang kanya na lamang násabi ng basahin ang sulat—nguni't hindi mo nalalamang may isáng tampalasang Don Hasinto na yumurak sa

ating dangal at nagpahamak sa ating mga pag-asa.

At hindi na samá lamang ng loob, kundi sigwá ng kadalambhatian ang nagpasakit sa kanyang pusò.

At sa pagkahabag kay Pedro, ang panatang dí na pagsagot sa kanyang mga sulat ay hindi napagtamanán. Sumulat. Ang nangyayari ay dí na kinailangang ipagkailá palibhasá'y hindi namán binanggit. Nagkasya na lamang sa paghimok kay Pedro na magpagaling agad at sa pangangakong kung sa paglimot ay dí siya dapat alalahanin.

At walá na. Bagama't kung isáng mapanuri ang makababasa ng liham ay mapapansing sa mga talatà nito ay may nakukubling hiwagà.

Nang mga sumunod na araw at sa kinaálala ni Lusía, sa pagiisip ng kanyang narating na kapalaran, ay napatulad sa bulaklak na nakamaghaon lamang sa pamumukadkad at ibig nang malantá.

Dahandahang nalálaing, parang dahon ng kahoy sa katagarawán na pagkatapos mamulá ay natutuyò hanggang sa malaglag sa sangá at maging yagít sa lupa.

Siya ay nangyayayat, namutlá at nangalumata sa dí pagkakatulog na madalás. Kung mga hatíng gabí ay nápapabangon at halos inuumaga sa pagkakapangalumbabang ang iniisip ay ang kanyang marawal na hináharáp.

Nakaisáng linggó lamang at nápansin na ni aling Mena ang pagkahulog ng katawán ng kanyang anak.

Nakitang nanghuhumpak ang mga pisngi at ang dating kulay na maigi ay nahahalinhan ng pamamarák.

Hindi sasalang ang kanyang mutyang dalaga ay may sakit at ang kailangan ay ipagamot. Makagugol man ng gaano ay hindi lilingunin, manauli lamang sa dati ang kasiglahan ng tangi nilang aliw na mag-asawa.

Noon di'y tinanong si Lusía kung ano ang nararamdaman. Ang binibini ay sumagot namang walá siyang napapansin, bagkus malakas pa ngá ang kanyang katawán.

—Ay bakit ka nangyayayat kung gayón?

—Aywan ko po.

—Baká ayaw ka lamang magsabi.

At nayarì sa kaloobang hintin ang kanyang asawa upang sabihin dito ang pangangailangang si Lusía ay patingnan sa isang marunong.

Nang matalós namán ni tandang Goryo ang gayóng akalà at ang mga kadahilanang naiili sa asawa pa patingnan ang kanilang anak, ay hindi tumutol. Kayá kinábukasan din, ay siya pa ang nagdaan sa bahay ng isang albularyo bago nagpatuloy sa paruruan.

Ang sinundô ay hindi naman nagtagal at dumating agad sa bahay ni tandang Goryo. Dito'y walá siyang inabot kundi ang mag-iná ni Lusía.

Sa unang masid pa lamang ay nahulàan agad na tila may kabigatan ang dinaramdam n̄g dalaga. Paano'y maputlà pa mandin at nanggan̄galumatá.

Banayad na umupô at pagkatapos maisubô ang inialay na hitsó ni aling Mena ay hinawakan sa kamay si Lusía. Pinakiramdaman ang tibok n̄g pusò nitó bago sinabing walâ raw ano man at dí sukat alalahanin ang dinaramdam n̄g dalaga.

—Ay bakit po siya nangyayayat kung gayón—ang tanóng ni aling Mena.

—Ganyan na n̄gâ po lamang ang katawan n̄g tao. Para ring dagat na umuurong at sumusulong, lumalaki at kumakati.

Bago ang dalaga ay siya namáng tinanóng n̄g iláng bagay, na dahil sa sinangayunan nitong lahat ay ikinabuô pa n̄gâng lalò n̄g kanyang m̄ga hinalà.

—Hindí ka makakain anó?

Tan̄gô na lamang ang isinagót ni Lusía.

—Palaging masamá ang sikmurà mò?

Tan̄gô ring pagsangayon ang n̄gíng katugunan n̄g binibini.

—Waláng anóman iyan. Kay dalíng masindak nitóng si aling Mena. Makikita ninyo't isáng inom lamang nitóng ibibigay kong gamót ay parang nagdahilán si Lusía.

—Mapaulí po kayá, sa dati ang kanyang katawan?

—Ating pípiling gayón ang mangyari.

At pagkatapos maitalâ sa kaputol na papel ang kanyang gamót na inaakalang makagagalíng sa dinaramdam ni Lusia ay nagtindig na't unanyóng aalis.

Hindí nayag si aling Mena sa gayon, bagkus pinakapilit na ang albularyo bago manaog ay makainom muna kahi't tubig.

Ang kagandahang loob na itó nē may bahay ay pinapurihan naman nē panauhin, kayâ nakasandalí pa rin siya bago natuluyang manaog.

Kahulihulihang ipinagbilin na buwag lamang di paraanin si tandáng Goryo, kinabukasan nē umaga, sa kanyang bahay pagká't siya ay may isáng bagay na mahalagáng sásabihin.

Ang ganitóng nais ay ipinahayag nang di narinig ni Lusia at sinamantala ang sandalíng itó ay lumabas at may kinuhang kung anó.

Nang mapasa lansanġan na siya ay karumaming pag-aalinlanġan nē paminsanang sunalakay sa kanyang isip.

¿Paano ang kanyang gagawin?

Ang sakit ni Lusia ay di nagbubuhat sa ibá pang sanhí, kundí maliwanag na sa pagdadalang tao.

Ang nápakadalás na paggalaw nē kanyang tibuktibukan, na tila inutusan sa pagtahip, ay tandáng hindi magkakabulâ. Marami na siyáng nákita. At saká kung hidwá man sakali ang ganitó ay di na magbubulaan ang lahát nang

dinaranas n̄g binibini: hindi makapagkaín, pinag-sasasaman n̄g sikmurà, nangyayayat, namumutlá, nanghihinà ang katawan.

Ang lahat nang itó ay pawàng tandâ n̄g isa lamang katotohanan: na si Lusía ay nagdadaláng tao n̄gâ.

Pag ito nama'y nagkabalâ ay hindi na siya. Sayang n̄g kanyang napagdanasan na sa pang-gagamot kung ang isáng nápakagaang na bagay na paris nito ay hindi pa makilala sa unang masid.

Kayâ n̄gâ ba sa lubusang pananalig na di iba't iyon ang batis n̄g m̄ga nangyayari kay Lusía, ay tinalagáng kausapin ang amá nitó.

Si tandâng Goryo ay hindi niya kaibigan, n̄guni't isa namáng matagal nang kakilala, at walâ man siyang tinitingaláng utang na loob sa taong itó ay hindi naman maáaring h̄pwag pagsabihan n̄g nangyayari.

May katungkulan siyá sa pagkamanggagamot na pagalingín ang sino mang may dinaramdam, n̄guni't kung gayon ang uri n̄g m̄ga pagkaka-sakit ay may banal na kapalakaráng nag-aatas na magtapat sa m̄ga dapat makaalam.

Kay aling Mena ay kanya na sanang sásabihin ang lahat, n̄guni't nagunitang ang babai ay totoong napakadaling padalá sa simbuyo n̄g kagalitan, at bakâ kung anó pa tulóy ang maisipang gawin, ay masaktan si Lusía.

Kayâ minabuting si tandâng Goryo ang kau-sapin.

Itó ay lalaki at paano man ay mapagpapa-hayagan n̄g m̄ga katwirang sukat ipagdalawáng isip kung sakâsakali.

Bahalâ na siyá sa paglalalahad n̄g katotohanan.

Ang kanya lamang inaalala ay bakâ kung anó ang gawin n̄g magasawa sa kaniláng anak.

Kaugalian nang ipalagay ang pagkasira n̄g isang dalaga na kasiraáng puri rin namán n̄g amá't iná.

Ang sabi n̄gâ ay *napugay ang korona*, at ang bagay na itó kung siyang nangyayari sa sina-pupunan n̄g isang mag-anak, ay nagbubungâ n̄g malalaking sigalot.

At kung magkataóng dahil sa pagtatapat ni-yáng gagawin ay tumakas ang kapayapaan sa mag-anak? At kung sa kaligayahan nilang nilalapas n̄gayó'y mapahalili ang kalungkutan? Dî siya ang may sala?

Kung itó ang náisip ay sandali siyang ná-papatigagal, kayâ 'matutulog na lamang ay dî pa nayayari sa loob kung anó ang gagawin sa kinabukasan, kung siya'y sadyain ni tandâng Goryo.

Hindí sasalang itó ay magsasadyâ sa kanyang bahay, bukas na bukas din. Anó kayâ ang ma-buti?

At napagpilian nang lahat halos ang m̄ga kaparaanang magagawâ, ay walâ pang mápusuan.

Ang ibig niyá ay máipagtapat sana kay Dupit ang kalagayan ni Lusía nang waláng mangyayari na anó mang sigalot. Kung pagpaparusa na lamang sa binibini, ay maáari pa. Talagáng itó ang sukat hintin, datawá't kung ang má-isipan ng amáng nawalán ng puri ay gumanti sa nagnakaw ng dangal ng kanyang anak?

Lalò na siyang natilihan sa pagwawari ng ganitó, lalò na siyang di pinatahimik ng mga pagaalinlangan.

At ang albulariyo, na sa haráp ng paghihinalô ng kanyang mga may yakít kung nagkakataón ay di man lamang kinikilabutan ng gabid; ay nápapahilakbot.

Hinating gabi tuloy sa mga pagmumunimuni, na natapos sa untiunting pagkakatulog.



XIII

Umumaga.

At nagaagahan pa lamang ang albulariyo ay napatataopô na sa tarangkahan si Dupil.

—Tulôy kayó—ang tugón nito mulá sa itaás.

Si matandâng Goryo ay nanhik namán. Sasan-dali ang kanyang ipinaghintay, pagká't tinapos na madali n̄g albulariyo ang kanyang pagaagahan, dahil n̄gâ sa panauhin.

Napagkikilalang ang albulariyo ay nakatagpô na n̄g mabuting kaparaanang gagamitin sa pag-sasabi n̄g kanyang ibig ipagtapat dahil sa tini-yak noon din ang amá ni Lusía.

—Tayo'y kapwà may panahón nang nalalakaran sa buhay—ang kanyang sabi matapos ang kumustahan—at sa aking akalâ 'ay dí na kailan̄gang pakagayakán pa ang katotohanan upang kagiliwan natin.

—Dí kasi po—ang tugón ni tandâng Goryo.

—Kung gayo'y dí na akó magpapakaligoy ang bulaklak sa inyong halamanan ay mawawaláng madali n̄g bangô.

—Ano po? ang sagot na patanong ni tandâng Goryo na tila hindi narinig ang mga sinalitâ ng kaharâp.

—Sa maliwanag na sabi, si Lusia ay buntis.

—Buntis po?—at sa kabiglaana'y napatayo si Dupil.

—Opò.

—Diyatâ?

—Inyo ring makikita.

Si tandâng Goryo ay di nakasagot agad. Matagal na di nakakibò.

—Ako'y tila nag-aalinlangan sa inyong sinâ-sabi—ang nasalitâ pagkatapos—sapagkâ't hindi gagawâ si Lusia ng aking ikamamatay.

—Maano ngâng mabulaanan ako. Nguni't sa kaunti kong napagsanayan na sa panggagamot ay maniwala kayo sa aking si Lusia ay buntis.

At nang makitang si tandang Goryo'y hindi makakibò, bagama't sa nangungunot na noó ay ipinahahalatâ ang nangyayari sa kanyang kakalooban ay pinasimulan ang pagpapayo sa nag-daramdam na amâ.

Ang isang kasawiang palad na paris noon ay di sukat ikawalâ agad ng siglâ. Hindi sa makikisig na lalaki ang malunod agad sa isang tabong tubig. Masakit ngâ at talagang mahapdi ang maturang napadiwarâ ang kapalaran ng isang anak. Nguni't ano ang gagawin, may mga tadhana ang kapalarang hindi napagsusuwailan ng kahit sino.

Ang dapat gawin ay magdalawáng loob. Kung mabubuyo agad gaya nang karaniwang mang-yari, ay sukat makagawâ n̄g hindí nararapat. Ang nangyari n̄gâ ay kahiyâhiyâ n̄guni't isino ang makapagsasabing sa lilim na ito ay dí ako sisilong?

Lahat, isa ma'y waláng natatan̄gi, ay nangangānib na magdanas n̄g paris noón. Hangga't dí nagkakapantay ang paa, ang tao ay nasasalalay sa madláng pangānib at sakunâ.

—Tunay na n̄gâ po—ang waláng anó anó'y nabuká sa bibig ni tandáng Goryo. N̄guni't, mahapdí, nápakahapdīng bathin ang inyóng ibi-aalita.

—Nalaman niyo'y akin tulóy pinagsisisihan ngayón ang pagkakapagtapat sa inyo. Oo n̄gâ, kung nakurò ko kapagdakang dí kayó makapagtitimpi ay dí na sana ako kumibò.

—Kung sa pagtitimpi ay walá kayong sukat alalahanin. Mapaít mang lagukin ang dulot na itó sa akin n̄g sawīng kapalaran ay aking ti-tiisin na yamang naririto. N̄guni't tunay na tumututol ang aking sarili.

Ang albulariyo ay nangatwiran na namán. Nabatid kapagkarakang sa hinayhinay dapat da-anín ang paghimok kay tandáng Goryo.

Parang paghilot n̄g bali, na kailan̄gan ay dahandahanin. Kung bibiglain ang gatong ay waláng kápangyayarihan. Sa sinaing man ay ito ang ipinagbabantilawan. At sa kinapapa-

n̄garal n̄gâ namân ay nakitang naáalis na untí-untí ang panḡungunot n̄g noó ni tandáng Goryong Dupil. At itó ay napapan̄gakò pa manding hindi magbubuhat n̄g kamay sa kanyang anák alang-alang sa katayuan niyáng maselang at nábungad sa maraming panḡanib.

Nanaog doon si mang Goryo na waláng pagparunan sa sukál nang loob.

Hindi niya akalàin na si Lusia ay matuto n̄g pagtataksil. Ang anák na dalaga ay dí nasubukang minsan man sa gawáng paglilihim, bagkus ang kaalamán niyang magtapat sa magulang ay siyáng unaunang ikinapupuri sa kanya n̄g lahat.

Katakatakang totoó ang nangyayari. Pina-pag-uulikulik ang kalooban niya.

¿Sino kayâ ang nagpahamak sa kapurihán ni Lusia? Sa boong Balingkahoy ay walá siyang nakikilalang naglilingkod sa kanyang anák, kung hindi si Pedro lamang, n̄guni't ito namá'y walá at na sa malayòng Maynilà, at dito naghahanap-buhay.

Buhat namán nang siya'y mapaalis, ay dí nabalitáan kahi't minsan na nagbalik бага sa Balingkahoy. Mana pa'y nagiging sanhi n̄g m̄ga bulungbulungan ang dí na n̄gâ niya pagdalaw man lamang sa bayang sarili.

Nagdaan ang kung ilang mariringal na pagdiriwang sa mahal na pintakasi sa Balingkahoy, at siya ay dí man lamang nabalining umuwi

upáng makipagsayá. Anó pa't dahil sa lahat nang itó ay balintunà namáng ipagbintang kay Pedro ang nangyari kay Lusía.

Waláng pagsala na ibáng tao, at hindi ang katipán niya, ang may kagagawan nang siná-sapit n̄g kanyang bunsò. ¿Sino n̄gâ kayá?

At nagn̄ngitn̄git na tuloy sa káiisip. Dapwá't walâ namáng matiyak na kahì't sino.

Kung máparagdag pa sa pagn̄ngitn̄git na itó ang pagkukurò namáng ang mawawaláng saysay na anak ay siyang tanḡng aliw n̄g katandaan nilang mag-asawa, ay nag-iibayo ang kanyang dinaranas na samâ n̄g loob.

Sino mang tampalasan ang dumun̄gis sa bini-bini ay dapat magdusa, pagká't hindi na ginunitáng itó ang kaisaisáng tanglaw na sa tinutun̄go na nilang dilim na mag-asawa ay makapagpapaliwanag. Kung alin pa namán ang pinakatampok n̄g kapurihang taglay niláng mag-asawa ay siyang nápalublob sa lusak.

O, kulang pang lamurayín sa kurót ang sino mang gumawâ n̄g ganitóng katampalasanan!

Sumisigaw sa lan̄git ang m̄ga kasalanang paris noon. At siya, si tandang Goyo, ay natatalagáng magusig saan man dumating.

Kanya munang uusisain si Lusía, ang kanyang *mabait* na bunsò at pagkatapos ay gagawin ang nararapat.

Sa mabuting kapalaran ay may mádudulugán siya na isang don Hasinto. Ito ay may kapang-

yarihan, may pilak at kalakasang sukat magamit sa pagkakandili sa kanya. At hindi namán sa panunumbat ay nahalungkat tuloy sa isip ang kahulihulihang ipinatanaw na kalooban sa mayamang binatà noong itó ay magkasakit. Noon ay naabala hindi lamang siya kundi pati nang kanyang magina. Kaya sa pagkakataóng itó namán ay dapat siyang umasa sa máitutulong ng binatà.

Kung sakásakali ay dito na paákay upáng pag-usigin ang waláng kalulwang humamak sa pagkababai ng kaniláng bunsô.

At itó na ngâ ang binantáng gawín. Kanyang sisiyasatin si Lusía. Hihinġin dito na ipagtapat ang boong katotohanan.

Nguni't siya kayá ay makapagpigil?

Aywan nga bâ kung anó ang mangyayari!

Hindi na nagtuloy sa talagáng paroroonan at ang ginawá'y sa bahay na agad napatungô.

Hinintay lamang mapawì ang kaniyang dinanas na pagod at si Lusía ay tinawag. Pinaluklok sa kaniyang tabí at minulán ang paguusisâ.

Sa mga unang tanóng pa lamang ay nahalatá ng dalaga kung anó ang ibig matalos ng kaniyang áma. Mulíng nabuhay sa kaniyang kalooban ang pinaglamnang poót kay don Hasinto, naramdamang sa mga ugát niya, ang dugô ay pinasulák na biglá ng pagkapóot at matapang na tumugón sa naguusisâ:

—Kung ganoon po ang sabi sa inyo ng

mangagamot na tumingin sa akin, ay di ko ipinagkakaila.

—Kung gayo'y hindi mo man lamang ipinagmamakahiyâ sa akin ang iyong ginawâ? Mabuti na ang pinagkakalakhan mo—at sa kabiglaana'y isang malakás na tampal ang náigawad sa binibini,

—Patayin man ninyo ako ay maaari—ang may halò nang iyák na salitâ ni Lusía—nguni't inyo lamang dinggin ang lahat at sakâ kayo humatol kung sino ang may sala.

—At anó pa ang ipapakli mo walang baít at masamang anak?

—Ang katotohanan pò, ang tunay na mga nangyari.

Si tandang Goryo na paalis na sana at talagang lalabás ay nápaupò uli. Napigilan siya ng anyóng nagmamakaamò ni Lusía na tila may isang mabalagang bagay na ipagtatapat. At ang binibini ngâ ay nagsimulâ na sa kanyang ibig sabihin.

—Ako'y walang kakasákasalanan sa nangyari. Ang walang pusò at ganid na si Don Hasinto ang siyang gumahasa sa akin.

—Lusía, huwag kang magpahamak. iDi yatà't si Don Hasinto?

—Opò, siya ang humamak sa aking puri at nagiging dahil ngayón ng aking mga pagluhá. Kung nababatid lamang ninyo ang mga kapaitang taglay ngayón ng aking kalooban dahil sa kanyang ginawâ ay maáwà kayó sa akin. Hindi

akó naghihinaw, mapapatáy ninyo ako kung ibig, datapwá't huwag lamang ninyong kalilimutan na hindi ko kinusà ang pagkakaganitó, kundí kagagawáng lahat ng tampalasang si Don Hasinto.

—Kung gayón palá, ang pagmamabuti niya sa atin ay pakitang tao lamang?

—Pakitang taong lahat, pagbabalat-kayô at pagbubudhi ng di naukol ang sagot ng dalagasinamantala ang pagdamay nating iláng araw sa kanya noong siyá'y magkasakit.

—At katiwalàng katiwalà pa naman akó sa kanya. ¡Waláng hiyâ! Hindi ko akalain!—ang pabuntóng hiningáng sabi ni tandáng Goryo na umalis noon din.

Si Lusía ay naiwan at ang pagkasalang na iyón sa dating sugat ay bumuhay na naman sa kanyang pusò ng mga pagdaramdam at dala-dalamhati. At ang lalò niyang ginúgunitâ ay ang kanyang amá. ¿Saán kayâ napatunģo?

Siyá'y nasisindák kung gunitain ang mangyayari. Ang kanyang amá ay walá ngáng kibô, taong mabait at mapayapâ nguni't pag na sa kawiran ay matapang at di marunong pasupil.

Kanya nang nasubok ang ganito na hindi miminsan lamang. Bakâ kayâ ang máisipa'y paghigantihan si Don Hasinto. Hindi ngâ malayo na ito ang kanyang gawín, bakit sukat namang ikalimot sa pagkatao ng sino mang may ganáp na baít ang nangyayari.

Kung magkataon. iA, nakapanģingilabot!

At dí sinásadyâ ay nápapapikit si Lusia, na tila may dí ibig tamâan nģ titig, parang may ibig iwaksíng larawan na nakadikit sa kanyang mģa balintataw.

Ang dalaga ay hindi nģá nagkakamañi. Parang isáng bulkan ang bigláng bumugá sa dibdib ni tandáng Goryo. Kinuha nito ang isáng iták na mahabà, bago nanaog. Mayámayá ay nanhik ulí at si aling Mena ang hinanap.

Bago gawin ang kanyang akalà ay minarapat munang sumangguni sa asawa. Nģuni't hindi magkantututo nģ sasabihin. Paano'y sumusulák ang kanyang dugó, at nararamdamang mainit pati nģ dalawáng patak na luhàng nakapanunģaw sa kanyang mģa matá. Nģuni't nakapagsalitá rin. Oo nģá, hindi niya akalain. Buong buong pagtatapat ang puhunan niya sa pakikisama kay Don Hasinto. Walá siyang ipinatanaw na kahit bahagyáng pagkukulang, bagkus ang lahat nģá'y pagpaparayá at pagbibigay loob.

Kung siya man ay may apat na púng piso isang buwan ay sapagká't pinakikinabangñan na mán ang kanyang paglilingkod nģ binatàng panginoón. Ang halagáng itó ay hindi bigáy, kundí bayad sa kanyang mģa kapagalan, at sapagká't itó ang totoó ay walá siyang utang na sukat lingapin.

Maanong ibáng bagay na ang ginawá ni Don

Hasinto. Hiningi halimbawa ang kanyang buha'y at maluwag na ipagkakaloob.

Walá pa namáng anak kung hindi si Lusía, at itó ay may katipán. Malaking kahihiyán ang kanyang tatamuhin kay Pedro pagkakataón.

Hindi na nakapagdawaláng loob si Don Hasinto. Maanong ginunitá man lamang na ang taong mahirap ay waláng kayamanan kundi ang kanyang puri, at kung ito pa ang mapupugay, ay walá nang kahalahalaga ang kanyang pagkatao.

Násabing baká si Lusía namán ang nagbigay-daan, nguni't madaling itinakwil ang ganitóng hinalá, pagká't hindi sukat mangyari.

—Kung si Don Hasinto sana ay hindi si Don Hasinto!—ang naisagot ngá ni aling Mena, na pinagsikpan ng dibdib.

Waláng pagsala na ang pagkapahamak ni Lusía ay di nitó kaibigán. Walá mang isip na babai ay nakababatid na ang kanyang puri, ay di dapat ipakipagsapalarán. At kung ito ang totoó, ay di na ngá maipagaalinlangan pang si Don Hasinto ang may kasalanan ng lahat.

—Marami kasing ipinangangahas, kayá di na naglingong likod—ang násabi.

At noón di'y nabuó sa kanyang isip ang paniniwalang isang tunay na pagapi sa kanyang karalitaan ang gayóng inugali ng binatà.

Kung siya ay mayamang paris ni Don Hasinto, ay di nitó máiiisip ang gayóng katampalasanan.

Ang abâ ngâ naman ay abâ at ang maliit ay talagáng kinákaínkaín.

Nguni't siya ay lalaki at sakâ matandâ na. Marami na siyang nápagkita sa buhay na itó, at mamatay man ngáyón ó bukas ay fisa rin. Kung ang buhay ay minámahal niya ay dahil lamang sa asawa't anák, na dapat tingnan at pagukulan ng lalòng katamistamisang mġa alaala at tapat na paglilingkod.

Dahil dito, ang katawán niyá ay ibinababag sa paggawâ, at sino man sa dalawang itó'y paralumang tinutunġo ng kanyang mġa pagsisikap.

Kung gayong si Lusia ay walâ nang puri, kung gayong ang mátatamo sa likod ng maraming pagtitiyagâ ay isa lamang pagkasiphayò, ay mabuti pang nauutas.

Siya ngâ, masaráp ang mamatay.

Nguni't siya namán ay pápatáy na muna.

—Iyan ang huwag mong magawâ Goryo—ang pakli ni aling Mena. Alalahanin mong ikaw ay may kautangáng lumingap sa aming mag-ina.

—Sa paglingap din ngâ sa inyo kayâ ko náisipan ang gayón.

—Nagkakamali ka. Si Don Hasinto ay taong mayaman, may lakás at may kapangyarihan. Si Don Hasinto ay hindi taong gayon lamang. Si Don Hasinto ay hindi gagawâ ng kanyang ginawâ kung hindi may malalabasan.

At ang mġa pagpapaalala ni aling Mena ay lumawig tuloy.

Sinabi sa asawang napopoot, na ang nang-yayari kay Lusía ay kasakitsakit sa loob n̄ sino mang magulang, n̄guni't alin mang bagay ay dapat pakáisiping mabuti bago gawin. Kung itutuloy ni tandáng Goryò ang kaniyang tangká ay para lamang siláng paro-paro na sumugbá sa ningás.

Ang bangá kailanman ay di nanalo sa tapayan, at ang ibig paghigantihan ni tandáng Goryo ay hindi tapayan lamang kundi batóng buháy katigás. Anó ang mararating n̄ isáng paghiganti na paris n̄ infisip n̄ kanyang asawa?

—Para ka lamang humanap n̄ bató na sa iyóng ulo mo rin ipinukpok—ang tapos ni aling Mena sa kanyang m̄ga pagpapaalala kay tandáng Goryo.

At nang mákitang ang asawa ay di umiimik, ay nagpatuloy pa mandin n̄ boóng kasiglaháng loob.

Dapat alalahanin ni tandáng Goryo iyóng di mababagong sabi ni Hesús, na kung buhay ang utang ay buhay ang kabayaran. Sa makatwid ang infisip niyang gawin ay isáng tunay na paghanap n̄ katí n̄ katawan, ang kawikàan n̄gá.

—Ay paano ang dapat kong gawin?—ang tanong ni tandáng Goryo.

—Magtiís at magbatá sa m̄ga talagá n̄ Diyos—ang sagót ni aling Mena.

Ang dahon n̄g kahoy ay dī mahuhulog sa tangkay kundī kalooban n̄g Diyos. Ang Diyos namán ay marunong sa lahat, batis n̄g katalinuhan at dī maáaring magkamali.

Samakatwid kung tinalagá niyáng si Lusía ay mapahamak, ay sapagká't ganito ang nababagay sa ikatutupad n̄g kanyang m̄ga tadhanà tungkol sa binibini.

¿Sino ang nakaáalam n̄g mangyayari sa hulí?

Ang nararapat ay tumahimik na si tandáng Goryo. Harapíng paris n̄g dati ang kanilang kabuhayan at huwag magisip n̄g anó mang iká-papadiwarà.

At saká kung ang pag-uusapa'y ang pagká-tindig n̄g puri n̄g kaniláng anák ¿ay anó? Mapapauli pa kayá kung sakaling mapatay si Don Hasinto? Hindí rin, bagkus habang-buhay ay tataglayín ang kasiraàng iyon na hindi namán mákakaílá, pagká't ang lahat ay makababatid.

Walá na n̄gáng dapat gawín kundī magparayá. Itó ang lalòng mabuti. Sa isáng dako ay sinabi pa rin n̄g amá n̄g lahat na binyagan, na sa humagis n̄g bató ay tinapay ang igantí.

Ang m̄ga tao naman ay waláng sukat na ipulà sa kaniláng anák. Sinasabi nitóng siya ay ginahasà lamang, at ang ginágahasàng kanyang nababatid ay iyong m̄ga ayaw na talagá.

Kayá nangyari ang gayon, ayaw man ang kanilang anák, ay dahil sa talagang palad, at ang kapalaran ay kakambal nang tao, gaya

rin naman n̄g m̄ga sakuná. Ang m̄ga sakuná ay hindi nalalayuan. Kung itó'y nalalayuan ay dí na sana nagkalat n̄gayon ang m̄ga apí at sahol.

—Sa makatuwid palá, ang hatol mó'y huwag na akong kumibô?—ang tanóng ni tandáng Goryo.

—Gayon n̄gá, dahil sa siyáng lalòng tumpák.

At saká sino ang kanyáng pinagaakalàang ipahamak? Isang tao na mulá sa unang sandalí ay walá nang ipinakita sa kanilá kundí pawàng kabutihan. Nagpasahod n̄g malaki, nagkaloob n̄g lupa, nagmahal sa kaniláng mag anák. Anopa't si Don Hasinto ay nagíng anghel nila halos, at ang taong pinagkakautangán n̄g marami na paris niya ay dapat mápamahal sa sino man.

Na ang katampalasanang ginawá, ay pu-mapawíng lahat sa kanyang m̄ga kabutihan? Mangyayaring siya ay nabulagan lamang at ang m̄ga nabubulagan ay dí mapapananagot sa kanilang ginawi. Oo, waláng dapat kundí mag-parayá paris n̄g kanyang sinabi na.

Ang ganitó ay ipagiging dapat pa sa matá n̄g Diyós na nangaral namang kung tinampal ka sa pisnging kaliwá ay ihandá mo ang pisnging kanan.

—Paniwalàan mo akó Goryo: waláng dakilá kundí ang magpatawad. Kung si Hesús na si Hesús na, ay nagpatawad sa m̄ga tumampalasan sa kanya, tayo pa kayá ang hindi?

Kung hindi magpatawad, ay magíging tila

pagsuwáy sa magagandang halimbawàng iniwan nŅ isa pa namáng napapatay dahil sa pagibig sa kapwà.

—Paano si Lusia kung gayon?—ang tanong ni tandàng Goryo.

Si Lusia? Si Lusia ay mátututo namáng kumalapâ. Naroon na rin lamang ay ano pa. Ang tao ay walàng dí natitfís at napakikiayunan kung íbigin.

Sa mŅa pinagsabíng itó ni aling Mana, ay untiuntíng sumasangayon at napahihinuhod si tandàng Goryo.

Kanya nŅa namáng tila ikinasisindak ang ífísip gawín.! Si Don Hasinto pa naman ang náisip paghigantihan. Ang ganító ay katimbang na rin nŅ pagnanasàng máibuwag ang isáng simbahan na walàng sasangkapin kundí nŅipin lamang.

Siya, si tandàng Goryo, ay langgam at ang langgam mahapdí mang sumigid ay dí namán nakamamatay.

Ay anó kung si Lusia ay mayroón mang katipán? Sino na si Pedro, isáng binatàng ulila, at mahirap namán, bagong nagkakailóng, gaya nŅa nŅ karaniwang sabi, na makapaninisi sa isáng Goryong Dupil?

Hindí naman nilá inibig na mag-asawa ang pagkapahamak ni Lusia kayâ walàng sukat alalahanin.

Kung бага man ay sa mŅa unang araw la-

mang magiging sanhi ang gayon ng bulungbulungan ng mga tao. Pagkatapos ay makakalimutan at ang labat ay mananauli sa dati.

Ang buhay at pamumuhay ay talagang ganito, ang palad ng tao ay parang isang gulong na paikikit: ngayoy na sa ilalim, bukas ay na sa ibabaw.

Ang dapat isipin ni tandang Goryo ay ang kanilang kabuhayang mag-anak. Sila ay bago pa lamang nakapagtatayo, salamat sa mga kagandahang loob ni Don Hasinto at kung ito ang siyang pagiisipan ay di para na ring ini-waldas ang kanilang kaginhawahang sarili.

—Ngunit napakalaki ang ginawang katampalanan ni Don Hasinto upang ating maipatawad. Pinugay niya ang ating dangal, sinalaula ang ating puri at hinamak ang ating pagkatao.

—Hus, ay ano kung nagkaganito man?—ang naitanong tuloy ni aling Mena. Hindi si Lusia lamang ang dalagang napahamak, at hindi tayo lamang ang magulang na lumasap ng ganitong kapaitan.

Sino't sino man ay may taglay na dungis. Walang nakapagsabi na ako ang malinis sa lahat, at wala rin namang makapanangahás sumumpa na ang tubig na ito ay di ko inumin.

Yamang talaga ng Diyos ang nangyari ay katungkulan nila ang magtiis. Laban sa Diyos ay walang magagawa ang kapalaluan ng tao,

at isáng tunay na kapalalúan ang tinatangkáng gawin ni tandáng Goryo.

Sino nᄁa ba ang magulang na dī nagadhikáng mapabuti ang anák. At walá isa mang dī nagdaramdam sa mᄁa kasawiáng palad na paris noon.

Ang sakít nᄁ kalingkingán ay damdam nᄁ boóng katawán, at kung nangyari namang lahat ang inibig nᄁ tao ay walá na sanang katiisan, na dakiláng kabaitan kung ipalagáy.

—At hindi mo rin dapat limuting kay Don Haisinto natin utang ang lahat, sa makatwid kawaláng utang na loob ang iyong inisip gawin ang tapos ni aling Mena.

Si tandáng Goryo ay lalò pang natigagal. Parang iginapos ang mᄁa kamay niya nᄁ gayong mᄁa pagpapaalala na kung nuynuying mabuti ay taganás nᄁ namang na sa matuwid.

Bakit ang inaalala ay ang kalakhán nᄁ ibig kalabanin, ang kasaganán nitó sa mᄁa paraáng sukat niyáng ikapahamak, at ang minabuti'y pagkurukurùn kung anó ang lalóng marapat.

Hindi rin lamang magágahól ay saká na. At saká ang pagbihiganti namán, ay talagáng waláng panahón. Paris din nᄁ paggamit nᄁ katwiran na naáaring nᄁayón, bukas ó sa makalawá.

Sa makatwid mápaliban man sakali ay dī pagwawaláng bahalà ang ibig sabihin. Bagkús lalò pang makabubuti, sapagká't máihahandá ang lahat nang kailangan.

Ang isáng mabigát na bagay na paris ng kanyáng tinatangkâ ay dí dapat gawíng pada-rosdaros. Hinay at hinay ang kailanġan. Lamíg at lamíg•ang nararapat.

Nġuni't sa samantala ay isá na ring panġanib sa buhay ni Don Hasinto ang pagkakaroon ng isáng Goryông Dupil, na paris niyá, ay nagbubudhí ng laban sa binatà.

—Sakâ na—ang násabi—at parang pagtugón sa akalàng itó na ang iták na binitiwán sa kanyáng tabí ay kinuha at mulíng isinakaluban.

Dapat na munang itó ay mápahingá, hanggá't dí dumaratíng ang dakilàng sandalí ng paghihigantí. Násusulat na talagáng ang dugô ay dí pa kailanġan.



XIV.

Ang pagdadalang tao ni Lusía ay untiunting nagnanaw. Mga kapit-bahay nila ang unang nakahalata.

At ang nang una'y mga higing at bulungbulungan, nang matagala'y naging putakputakan na. Walá nga namang lihim na di nabayag, at walang bahò na hindi sumisingaw.

Ang tiniis na kadalambahatian noon ni Lusía ay di masayod. Walang sandali na di kaulayaw ang pighati at luhà ang kinakain.

Makailang naisip na kanya nang ipagtapat kay Pedro ang nangyayari, kanyang sabihin ang lahat. Hindi mapagtitiisang matagal ang pagsarili sa dagandagang pighati at samà ng loob na nagpapasakit sa kanya. Ang paglilihim ay di niya matatagalan. Nabago ang dating akala at ang naisalooob ay huwag nang hintin na sa bibig pa ng iba matalos ni Pedro ang nangyayari.

Ang kanyang katayuan ngayon ay di na maipaglilihim, at sa Balingkahoy, si Pedro ay may

isá pang ali, may m̄ga kaibigan naman at katapatang-loob na makapagsasabi agad sa binatà.

Hindí na rin lamang máikakailá, at yamang siya naman ay waláng kakasakasalanan sa gayong inabot ay bakít dí ipagtatapat sa kanyang giliw ang tunay niyang kalagayan kung ano?

Sa pagtatapat na itó ay hindí hanḡad na siyá'y pagpatúluyang sintahin nḡ binatà. Hindí!

Labis niyang napag-aabot na ang lantang bulaklak at waláng banḡo ay dí nakaaaliw sa sino't alin man, na sa kakahuyan ang dahong tuyô ay tinitisod tisod na talagá.

Kung nabubuô man nḡayón sa kalooban niya ang pagsulat sa binatà, ay sapagká't may dangal na nagtutulak sa kanyang ilitás man lamang ang katotohanan. Ang puri sa pagkababai ay hindí na, dahil sa matagal nang niyurakan ni Don Hasinto at kinagalakán nitóng upasalain.

Ang ninanais lamang nḡayón ay huwag na bagáng magkamali pa si Pedro, na paris nang karamihan, ay nag-aakaláng siya'y napahamak sapagká't inibig.

Itó lamang ang nais at walâ na.

Malayà si Pedro na gawín ang maibigan pagkatapos. Huwag lamang másabi, na dahil sa dí niyá pagimik ay talagáng sumásangayon sa kinásapitan.

Sayang at siyá'y babai! Nagíng lalaki sana at marahil nákita nḡ malupít na binatà ang kanyang hinahanap. Waláng ulik ulik na si

Don Hasinto ay kanyang uutasín pagká't ang parusa sa m̄ga nakamatáy ay patayín namán.

At ang ginawâ sa kanya ni Don Hasinto ay tunay na pagpatáy, kayâ isáng kasalaman iyóng sumisigaw hanggang lañgít,

Paris noón: kung palaring mabuhay ang bunğa n̄g kanyang katampalamanan isino ang kikilan-ling amá?

Mabuti ba namang kapalaran ang masabing may anák ay waláng asawa?

Sa habàng buhay ay talagang di na siya mag-tatanaw-liwanag. Habàng panahón, hanggan di nápapahingá sa huling tahanan ay walá siyang aliw na maásahan kung hindi ang araw-araw ay sumaksi sa kanyang kasawiang palad.

At ang pagkakaganito'y dahilan lamang sa budhíng marunġis n̄g isáng nagbalatkayô, n̄g isáng nagpanggap na kaibigan bago'y tampa-lasan palá!

Parang panaginip n̄gá namán ang nangya-yari. Kung kailang buwan lamang, siya'y ma-luningning na talà, palabàng buwan, bituing kumikisáp, sampagang kawiliwili.

Kaikailán lamang ay paghanġa siyá n̄g labat, tunġo n̄g m̄ga paggalang, handugan n̄g maru-rubdob na alay, at saká n̄gayon ay tudlaan n̄g m̄ga pagiring, kapatid n̄g m̄ga pagkutyá at hangahan n̄g m̄ga pulàng waláng kasingpaít.

At si Don Hasinto na may kagagawan n̄g lahat ay di na nagbalik na Baling-kahoy, bag-

kús nagtutumirá sa Maynilà, upang busugín ma-
rahil ang kagutuman na hindi na nasiyahán.

Palad nḡâ namán nḡ abâ ang magtiís, at pa-
lad nḡ mḡa pinagpalà ang lumasáp na parati
nḡ maraming aliw.

Kung mágunitâ nḡ dalaga ang marawal na
panahóng tatawirín nḡ kanyáng iaanak, kung
mapagmunimuning mabuti na ang kaligayahan
niyáng inaasahan sa pagsisintahan nilá ni Pedro,
ay para lamang usok na napawì, ay nag-uulol
pa mandín ang kanyáng kapighatian.

Bakit kaunaunahang inaalala sa bawà't san-
dalí ang isasaloób ni Pedro kung mabatíd na
ang lahát.

Mangyayaring ang nâpakadakilàng pusò nitó
ay matutong magparayâ at laban sa inaakalâ
niláng mag-anak, ay ialay na patuluyan sa kanyâ
ang katuparan nḡ kaniláng mḡa pinagkausapan
noóng araw.

Nḡuni't mangyayari namáng ang kahumalingan
nḡ binatâ ay ang paghihiganti. Kung magka-
kaganitó'y lalô pa niyáng damdamin. Matitiís
pa, kahi't ang ganitó'y masakláp, na tanggihan
ang pag-ibig kay Pedro, nḡuni't hindi ang itó'y
maturang napapasubò sa isáng pang'anib.

Ang mabuti nḡa kayâ ay huwag nang sumulat,
bayàan nang lumakad ang mḡa araw at limutin
nâ lamang ang lahat nang mangyayari

Nḡuni't ang kalooban namán niyá'y nagtatalo.
Mâsabi nang siyá'y masamá huwag lamang tak-

sil at matapos ang ilan pang sandaling pagaalinlan-
nġan ay sa pagsulat napatunġo ang kanyang
kalooban.

Sinabing hindi nililimot ni malilimot kailan
man si Pedro, datapwá't siya naman ay di na
maáaring ibigin; pagká't nġayon ay hindi na siya
ang dating bulaklak na sariwà na n'ong araw ay
pag-asa nġ kasintahan. Akó nġayon, umiibig
man sa iyó, ay sinawing palad na matampala-
san sa kamay nġ ganid at nġayo'y narito akong
walang minimithi sa lahat nang oras kung di
ang kamatayan.

Huwag mo akong sisihin sa di ko pagsasabi
agad nġ tunay na nangyayari sa akin, ang ga-
yo'y larawan nġ nakasisindak na pakikibaka sa
akin din sarili. Ako ay patatawarin mo at alang-
alang sa pagkikilala natin, ay isinasamò kong
paluhód na ako'y iyong limutin, yamang ang
kinasapitan ko'y ipinagiging alangán na nġayon
sa isá pa namang paris mo na wagás kung su-
minta at mataós kung magmahal.

Marami pang sinabi si Lusía na lahat ay natu-
tungkol sa mġa pagpapaliwanag na ikasisiyáng
loob ni Pedro.

Naging wakás nġ liham ang pakikikamay na
mahigpit at ang paghilitay kay Pedro sa ka-
biláng buhay.

Doon—ang itinalâ - ay pantaypantay ang lahat,
at ang mġa sawing palad dito sa lupà ay iisá
rin sa mata nġ Dyos.

Kinábukasan din ang liham ay ipinadala agad sa Maynilà at makailang araw ay sumakamay na ni Pedro.

Ang binatà, na dí pa natatagaláng gumágalíng, at sa katunaya'y bago pa lamang naká-papasok sa ginágawàn, ay dí makapaniwalà sa kanyang nababasa sa liham na hawak.

¿Diyatà't si Lusia, ang kanyang mutyâng paraluman, ang nagbibigay lakás kung siya'y inaabot n̄g hapis sa ginágawâng pagtatamán, ay nápasadlak sa abáng kalagayan n̄g m̄ga apí?

Kayá pala siyá ay dí lumiham na matagal ay sapagká't may dinaranas na sakuná, kanya na n̄gâ bang isinásaloob na marahil malaking bagay ang ikinapipi at sukat n̄g dating ulirang magmahal na kanyang kasi.

At waláng pagkasyahan sa pagn̄ngitn̄git na muli at mulíng binabasa, ang bahagi n̄g sulat na kinátititikan n̄g ganitóng m̄ga salitá.

«Nagdurugó ang pusò ko kung mágunità na iyóng ipagdaramdam ang aking sasabihí. Datapwá't kailangán namáng ipagtapat ko upáng huwag mong masabi na akó'y nagkulang sa pinagsumpaanan nating pagsintá. Akó ay hinamak ni Don Hasinto, kanyang nilapastangán ang aking puri, at ang bunga n̄g kanyang pananampalasan ay nagnawnaw.

Sa boóng Balingkahoy ngayón ay waláng salitáan kundi hinggil sa akin. Lahat ay naniwaláng inibig ko ang aking ipinagkaganitó,

at dí fisa ang nakapag-aakalang nasalapian ako ni Don Hasinto.

Nguni't ngayon ay aking ipinagtatapat sa iyo ang boong katotohanan: ako'y kanyang ginahasà at sinamantalá ang kanyang lakás laban sa aking kahinaan. Sa aki'y natupad na minsan pa iyong kasabihang ang maliit ay kakanin ng malalaki.»

Ang bahaging itó ay parang matalim na sundang na sumusugat sa mga laman ni Pedro.

At lalò pang ipinagibayo ng kanyang kapootan ang maliliwanag na salaysay ni Lusía tungkol sa mga ginawá ni Don Hasinto.

Maliwanag na napaghuhulong ginamit nitó hindi lamang ang pagdahás kundí patí ng pagdarayà.

Ang ginawá niyang pagganti ng katampalasan sa nagpakita ng mabuting loob, ay hindi marangal. Mga ganid lamang ang nakaisip ng ganitó, at si Pedro na sadyang may maamong kaugalian ay nabubuyo na untiunti sa pagpakabangis.

Hindi sapagkát maralitá si Lusía, ay aariin nang kasangkapan.

Hindi dahil sa kahinaan nitóng katutubò sa sino mang babai ay ipalalagay na mapupulutan sa pagkasuyà.

Ang dapat sanang isinaisip ni Don Hasinto ay walang matatag na kalagayan sa buhay na itó.

Ang maliít ay siyáng nakapupuwíng na madalás, at saká ang mġa malalakí namán ay may buhay ring malalagót.

Dahil sa mġa pagkukuròng itó si Pedro ay untiuntíng nápapabuyó sa paghihigantí.

Dapat at katungkulan niyáng maningíl, pagká't kasalanan ang magpatawad sa nagkulang na may ibabayad namán.

At saká anó pa ang kanyáng halagá kung gayóng ang tanġing kayamanan sa buhay ay siyáng nápadiharà?

Ang kanyáng pag-ibig kay Luisa ay siyáng pangalawáng buhay, ang pagsintá rito ay mahál nang gayón na lamang sa kanyáng loób, na libo mang kamatayan alang-alang sa pagsintáng itó, ay hahamaking lahát.

Katunayan nang ganitó ang kanyáng mġa pagsusumakit na ginawá at ginágawá pa, mái-satampók lamang nġ kapurihán ang pagsintá kay Lusía.

Nápakalupít si Don Hasinto.

Halos mákapantáy na nġ mġa ganid na dí nakákikilala nġ awà.

Dahil sa kanyang katampalasanan ay bigláng nagkulimlim sa binatà ang masayáng langít na matagaltagal ding tumipán sa kanya nġ maraming kaligayahan.

Lumubog na lahát ang kaniyang mġa pagasa, at natabunan nġ sunodsunod na daluyong nġ masamáng palad.

Ang ikinawalâng kapararakan n̄g kanyang buhay at ang kaapihan namán ni Lusía, ay dapat pasagutan sa tao: kay Don Hasinto.

Maipatawad na sana rito ang kanyang ginawá, kung nagbigay daan ang binibini. N̄guni't hindi, at maliwanag pa n̄gâng napaghuhulò na hindi lamang labag sa kalooban nitó ang nangyari kundî ang pagtataním ay taós sa pusò at di maipagpapaumanhín.

Ganitó ang máipakakahulugán sa matatalím niyang pangungusap laban sa panginoón sa Balingkabay.

At talagang ito naman ang nararapat. N̄guni't siya, si Pedro, ay di masisiyahang loob kung salitá lamang ang iparurusa. Ang ibig ay sa gawá ipakita ang kaparusahan, upang ang mga malupit na paris ni Don Hasinto ay may pagkadaláan. At kung hindi man mangadalá ay makagunitá man lamang na ang salop kung apaw na ay dapat kalusin.

At siyá ay natatalagang kumalos!

Kung ipagwawalang bahalà ang nangyayari ay para na ring di niya pinahalagahan ang sariling pagkatao.

Sapagká't ang pag-ibig na iyon ay kinararamayan nang talagá n̄g kanyang dangal, at n̄g kanyang pagkalalaki.

Kayá ang pagupasalang ginawá ni Don Hasinto ay hindi máipagpaparayá nang di maturang siyá ay kusang napayurak.

Pinanumpáan niya ang pagibig kay Lusía at ang nanunumpá sa nḡalan nḡ pagibig ay nanunumpá rin sa nḡalan nḡ pagtatanggol at pagkakandili.

Si Lusía ay dapat niyáng kandilihín at ipagtangol. Laban sa kahi't sino at sa kahi't anong ikasasawí. Katungkulan niya ang ganito at di maáaring tunanggi. Bagkus ang pagurong ay máipalalagay na malaking kaduwagan.

Nḡuni't pagkásawing-palad nilang magsing-ibig.

Sa likód palá nḡ nápakatatamís na pagpapakitaáng loób niláng dalawá, ay pagluhá ang mátatamó. Hindí inakalang ang paglagok nḡ lasong mapaít ay kanyang dáratnin, sapagká't ang pagiibigang iyón ay di namán inasahang pagpapahamakan nḡ kahi't sino.

Ang kanyang akalà, ay masasarili na ang kaligayahan, panatag nang mapagpapasasáan ang katámisan nḡ gayóng pagirog, at sa landas na kanyang binuksan, na matamáng nilinis pagkatapos, ay walá nang balakid na kahahadlanḡan pa ang kanilang paglakad.

Nḡuni't nabigóng lahat ang kanyang pag-asa. Maliwanag na parang sikat nang araw ang katotohanan nḡ nangyayari.

At ang katotohanang ito'y hindí sa sulat lamang ni Lusía nákita. Nang mḡa sumunod na araw ay nakatanggap nḡ isa namang liham din na buhat sa Balingkahoy.

Datapuwa't hindi na kay Lusia kundî sa kanya namáng ali.

Ang matandang ali ni Pedro ay lumiliham din ngâ sa kanyang pamangkin, nguni't bihirà at sa huling sulat pang itó ay pawang pangangaral ang ginawâ.

Pagkatapos ibalitâ sa kanyang pamangkin ang m̄ga huling pangyayari sa Balingkahoy, ay tinukoy ang bagay kay Lusia.

Ang dalaga ngâ raw ay siyáng nagiging tungo ng m̄ga salitaan sa Balingkahoy. Ang lalong ipinaghihinalâ ng masamá sa kanya ay ang dí pagpapaliwanag ng anó mán. Náikikita lamang na siyá'y malungkot na palagi, parating nangangalumata at tila iyong umiíyak tuwì na. Nguni't nagpapakalihim man ay may násisilayan din ang m̄ga taga roón.

Si Don Hasinto ang nakasirâ sa kanya: itó ang sabihanan.

At hindi ngâ malayong mangyari ang ganitó, sapagká't mulâ nang ang binatâ ay magpalagi sa Balingkahoy ay nakita ng lahat ang pagkamalalapitín sa kanya ni Goryong Dupil.

Minsan pang ang mag-anák na itó ay nagtiráng kung iláng araw sa bahay ni Don Hasinto. Hindi masabi kung anó ang kaniláng ginawâ roón. Si Igê namán ay walâ ring masabi, palibhasà nang m̄ga araw na iyon ay na sa Maynilâ siya at inutusan ni Don Hasinto.

Ang sabi at balibalitâ ay nagkasakit daw yatâ

itó. Magkagayon ma'y tila hindi tumpák na siláng mag-iná ay tumirá na sa bahay nã bi-natà.

Kayâ ang pananalig nã lahát ay kusà ni Lusìa ang ipinagkagayon. Hindi sásalang siyá ay nasalapián at ang kanyá mang amát iná.

Kung hindi'y anó at si Goryòng Dupil, taong náikilala sa pagkamatigás na loób, ay dí man lamang kumikilos nãyon?

Aywán nã ba kung totoóng siyá ay kaalám, gaya nang sabihanang kayâ dí na umiimík.

Nagpapalagô pa sa hinalang itó ang maginha-wang katayuán nãyon nã mag-anak. Sa boong Dapdap ay silá ang makapal at dí gaya nang ibáng ipagtawid ma'y walá.

Ang lahát nang itó ay makahulugán, pawang mahiwagà at sukat ipagbintang na talagá.

Kundi man lubós na lubós na ang panini-walang gayon nã ang nangyari, ay siyá namáng malapit sa katotohanan. Hindi iisa't dadalawá ang dí kinukusá'y nabubuyó sa mã ka-gagawang mahalay.

Hindi namán tinitindigang si Lusìa ay ipinag-bili nã at kusà namáng sumang-ayon. Ipinababahalà sa pamangkin ang pagkukurò. Kanya lamang inilalahad ang mã bagay bagay na nababalitá sa Balingkahoy.

Kung pagkatapos nã mã kapaliwanagáng sinabi, si Pedro ay dí rin magbabagong loob, ay sundin nitó ang anomang marapatin at siya,

na isa lamang matandâ at malapit nang mala-
gután nġ buhay, ay natatalagang tumalima.

Iyón nġâ lamang, hindi niyá pinagsasawang
ipaalala na si Lusia ay hindi na ang dating
bulaklak nġ kahinhinan, na si Lusia ay iná na
nġayón, at saanman ang pagkasirâ nġ isáng
dalaga ay kapintasang malakí.

Sino mang nag-aari ay di bumibili nġ baság.
Ang buô ay marikit, kawiliwili at nakalulugód
masdán. Sakâ ipinagkakapuri pa sa madlá, sa-
mantalang ang baság na ó kupás kayá ay wa-
lâng kahalahalagá.

Ganitó rin namán ang pag-aasawa nġ tao.
Hindi dapat limutin na ang asawa ay siyáng ka-
tali habang-buhay, na siya'y hindi isáng kai-
bigan lamang kundi tinátawag na kabiyák nġ
dibdib.

Maselang na totoo ang pakikipagisáng palad.
Kailangang timbangín ang lahat, sukatin ang
ugali nġ isá't isá, siyasatin kung nagkakatu-
gunan ang mġa hilíg nġ loob. At kung ang di
kasapatán sa mġa kailangang ito'y madalás na
ikináuurong nġ mġa pag-iisáng dibdib, ang isáng
kapintasang gaya nang kay Lusia ay talagáng
dapat nang ipagbalik-loob nġ sino mang nápa-
palulong.

Isa pa sa mġa tagubilin sa pamangking pina-
kagigiliw ay matuto sanang magdalawang loób.

Ang pagkamalulong at kainitan nġ ulo ay masa-
máng pánuntunan. Kung may ibig mang gawin

sakali ay tingnán sana munang mabuti. Kanyang náipaaalala ang gayon dahil sa ugaling taglay ni Pedro. Itó ay may kaloobang mapusok at maínit sa anó mang isipin.

At ang inaalala ng kanyang áli ay baká kung sáan mapatunģo ang samâ nģ loob ni Pedro. Mabuti kung sa pagpapakatalino, at kung padalá sa kapusukang loob?

Kanyang minámahal ang pamangking buô, at dí ibig na masawí dahil lamang sa kasalanan nģ isáng paris ni Lusía.

Kayá pinakatangģing kahilingģan sa pamangkin, ay umuwí na lamang sana sa Balingkahoy.

At ang paniniwalà niyá'y kung na sa kanyang piling ang binatà ay mapanģangaralan nģ lalòng natutumpák gawin.

Si Pedro namán ay talagáng nag-aakalàng umuwí. Ibig niyang liparín kung malilipad ang bayang sarili.

Kanya lamang liliwanagin pa ang boong nangyari. Nálalamang siyá ay waláng aabutin sa Balingkahoy kung hindi ang lalòng kasawíang palad.


Doo'y naghihintay sa kanya ang sarong punô nģ mapaít na lason. Doo'y hukay na kálilibi-ningģan nģ kalahatlahatan niyang mģa pag-asa ang naghihintay nģ kanyang pagdating. Doon ay dulang nģ masaganàng dalamhatì ang pigíng na kanyang mádudulugan.

Ang lahat nang itó'y kanyang nababatid. At

ináasahan pang marahil siya'y kahabagan ng ibá. Gayón ma'y nátatalagáng umuwi sapagká't banal na tungkuling kanyang ipinalalagay ang pagtatanggol kay Lusia.

—Oo, kaawawà namán siya kundi ko ipagtatangol. At sakâ masamá namáng pamihasnín ang mga tampalasan.





XV.

Sinabi ni Dimas.

Ang pagsugpô sa kasamán ay tulong sa ikapaghahari n̄g kabutihan.

Ang kalupitán kailanma'y hindi dapat tiisín.

Masamá man ang makamatáy ay kinákaila-n̄gang madalás upáng magliwanag ang matwid.

Ang paghihiganti ay di palaging simbuyó n̄g kalooban: kung minsá'y iniaatas n̄g kata-runġan.

Dapat na magpakatao kailan man, n̄guni't katungkulan namang huwag paapí.

Ang malumanay na pakikiayon sa kaapihán ay pagpapakaalipin, at ang m̄ga alipin ay abâ, at ang m̄ga abâ ay waláng langit.

Pagpakamatayan ang matuwid at ang kagalingán sapagká't itó ang itinaturô n̄g dangal at puri.

At si Pedro naman ay nátatalagang magpakamatay sapagká't may katuwirang dapat ipagtanggol. At saká inutusan siya n̄g kanyang da-

nḡal na paghigantihan ang nagwasak nḡ kanyang pinangapanḡarap na kaligayahan.

Kung gayóng walá nang halagá si Lusía, siya man namán ay walá na rin. At sapagká't ang sanhí ay si Don Hasinto ay dapat nitóng pagbayaran ang kanyang ginawá.

Hindí maliwag ang paniningil. Hindí ang mḡa paghihiganting paris nḡ inaakalà niya ang ipinagdadalawang salitá. Yamang saan mang dako batakin ang pagkukurò, ay maliwanag na nakukuròng katungkulan niyang ipagtanggol si Lusía, ay walá na siyang gagawín kundí tupdín ang katungkulang itó.

Ang sukat mangyari sa hulí ay dí na dapat pagkaabalahan. Dí kasing ipalalagay siyang salarín at taóng masamá.

Nálalaman niyang sa ganitó sapilitang matatapos ang tinatangkang gawín. Kayá nḡa namán mḡa tao ang hahatol sa kanya.

Nḡuni't may mḡa pagkakataóng ang buhay ay kailangang isuyò at dí dapat panghihayanḡan.

Isáng nḡang umaga, mḡa ika 10, si Pedro ay lulan nḡ tren na patunḡo sa kanilá.

Ang mákina ay matuling tumátakbó, parang inuutusán, tila nagmamadalí, waring may hináhabol.

Ang mḡa bukiríng malalawak at mḡa kapatagang nákikita sa magkabilang panig nḡ daáng bakal ay parang mḡa larawan lamang sa isáng sinematógrapo, na bahagyá nang mapagwari.

Ang m̄ga kakahuyan, ang nagdidilimang gubat na pinayayanig n̄g tren sa kanyang pagtakbó ay tila namán m̄ga langóng nagsasayawan n̄g paikitikit, waláng wastô at waláng kaayusan.

Sandasandali lamang kung tumigil ang tren.

Tumitigil lamang upáng maglulan at pagkatapos ay takbó na namang mabilis, waláng patumanggâ, tila lumilipad.

Napapansin ni Pedro, na sa dinaraana'y bahagyâ n̄g nabago ang ayos n̄g m̄ga pánooring abot n̄g tanaw.

Ang dati ring m̄ga kubo, ang dati ring m̄ga kawayanan at m̄ga kabundukang nan̄gingitim sa dakong malayô.

Nakatanaw rin naman siya n̄g mangilann̄giláng kambing at tupa na nan̄ginginain sa m̄ga tabí n̄g ilog. Sa ilang dako pa ay nakakita n̄g m̄ga kalabaw na sa kanikanilang labak ay nagpapahingá.

M̄ga kain̄gin dito, m̄ga gulód sa dako roón. M̄ga taong naglalakad sa makikitid na landas n̄g kaparangan m̄ga bubóng na pawid n̄g nálapit na kabayanan.

Sa malayôlayô ay bubóng naman n̄g isang simbahan, sa dako nito'y ang tuláy, na matarik at sakâ ang hayág na lansangang namumuti sa alikabók.

Hangga't humáhapon at humáhapay ang araw, siya namán ay nápapalapít sa Balingkahoy.

Kundí maábala ang tren sa paghihintáy n̄g

mga kasalubong, ay mga ilang oras na lamang at siya'y tutungtong sa bayang sarili. Kay ligaligaya sana kung ang daratnan niya'y tuwa!

Talagang tadhanà yata niya ang di magtanaw-liwanag.

At sa malulungkot na namang mga pagkurò nápatungò ang kanyang isip.

Parang nanglulumó ang kanyang loob, tila dinádayo ng panglalata ang kanyang pusò kung tayahin ang mga mangyayari.

Anó mang paggahasà ang gawin sa sarili ay di masok sa kalooban ang pagpapapatawad kay Don Hasinto,

Sápilitang itó ay magbabayad sa kanyang kamay. Siya, si Pedro ang hahanap ng pagka-kataón. Nguni't saán kayá naroon si Don Hasinto?

Isa pang inaalala ay ang kanyang ali. Itó ay matandá na, at kaawawà naman kung mapag-iisá. Bakit walá nang tumitingin sa matandang itó kung hindi siya lamang.

Nguni't anó ang gagawin. Sa ganitó siya itinutalak ng mga pangyayari at kaduwagan namán kung uurong. At saká sa palagáy ni Pedro ay dapat pa ngang ipagsayá ng kanyang ali ang pagkakaroon ng isang pamangking maalam magtanggol ng katwiran.

Si Dimas ang kanyang minamahal at mabuting katoto, ay nagugunitá rin namán. Ang matagal-tagal ding pagkikilala nilá ay lubos niyang pina-kinabangan.

Dahil kay Dimas ay nagíng tao siyá, sa bigláang pagsasabi. Kailanma'y hindi makababayad sa nápakalaking utang sa katoto.

Si Dimas ang siyáng humubog sa kanya sa m̄ga bagong isipan at pagkukurò.

Kay Dimas niya natutuhan ang dí pagpaparaan n̄g isang pagkaapí. At masasabi pang tagláy niya ang m̄ga isipan ni Dimas at ang kamay lamang na itutupad sa tinurang m̄ga isipan ang ganang kanya.

Ang m̄ga pagkukurò ni Pedro ay bigláng nápatigil. Mangyari'y isinigaw sa tapat n̄g isáng himpilan ang pamagat n̄g isáng bayang kalapít na lamang n̄g Balingkahoy.

Malapit na palá siyá!

At saka pa lamang nápansin na sa maraming magkakasakay sa tren ay dadalawa na siláng nalalabi.

Ang tan̄gi niyang kasakay ngayón ay isáng tao na hindi naman kágulangán. Sa wari ay tila may magang namán dugò, at upáng mapawipawí ang kanyáng m̄ga taglay na kalungkutan ay kinausap ang kasakáy.

—Saán pô ang inyong tun̄go?—ang kanyang tanong.

—Sa Balingkahoy pô—ang sagót n̄g kinausap.

—Dí tayo pala'y sa isang bayan patutun̄go. Magtatagal ba kayo sa Balingkahoy?

—Aywan po ba sa aking panginoón.

—A!,—ang may pagtatakáng pakli ni Pedro.

—Akó po'y naglilingkod kay Don Hasinto—ang bansag n̄ nagsasalitâ—at náhulí lamang sa kanya dahil sa iláng m̄ga kailangang dalhin na inayos ko pa muna.

—Kung gayon po si Don Hasinto ay na sa Balingkahoy ngayón?—ang nanábik na usisâ ni Pedro.

—Opo, at kamakalawá siya nalís sa Maynilâ.

—Magtatagal po kayâ siya sa Balingkahoy.

—Ang diníg ko po ay m̄ga isáng buwan.

—Matagal palá.

—Mangyari po ang diníg ko ay may ipapupunlá siya na m̄ga halamang nagbuhat sa Hapón.

—Ang damdam ko'y mahilig na totoo ngayón si Don Hasinto sa pagsasaka.

—Marahil po'y may pinakinabang siyang malakí kayâ gayón. At sakâ ang nauulinigan ko'y sa m̄ga lupaín daw niyá sa Balingkahoy mamuhunan nang malakí.

—At talagáng nárarapat pô namán—ang salitâ ni Pedro na tila walá sa loób.

Hindí namán napansin n̄g kausap ang gantóng pagbabago n̄g kasakáy niyá, kayâ tumárong makasandali.

—Kayó pô namán yatâ'y tagá Balingkahoy.

—Akó n̄gâ po'y tagá roón, at ngayón lamang uuwí pagkatapos n̄g matagát na pagkáláyò.

At si Pedro ay napatigil na biglá. Sa dakong malayò, nakaungòs sa nagdidilím na kahuyán ay natatanáw na ang bubóng n̄g simbahan sa bayang

sarili na tila malakíng bangkáng nakataób at nakatihan n̄g tubig.

Sa sinapupunan n̄g Simbahang itó at sa isáng-dí man maringal ay marikit namang dambanà, nàlalagay ang isáng Birhen na sa pagmumukhá ay kahugis ni Lusía. Ito ay parang ipinag-lihí roon, gaya n̄gá n̄g karaniwang sabíhin.

At nagunitá tuloy ni Pedro ang m̄ga kaaya-ayang sandalí noóng siyá'y musmós pa na pagdalan̄gin n̄g boóng kataimtimang-loób sa Birheng iyón. Gaano karaming awà ang kanyáng hiningí rito.

Maraming m̄ga damdamin ang kanyang naipagkatiwalà sa Birheng itó, na inaring tanggulan at patnubay.

N̄guni't noón ang kanyang m̄ga damdamin ay hindi bun̄ga n̄g m̄ga sigalót sa kabuhayan, samantalang n̄gayón ang nangyayari sa kanyá ay likhá n̄g m̄ga sigalót na itó.

At dahil dito'y hindi na sa Birhen máihihiling n̄g lunas. Si Pedro ay sinalakay tulóy n̄g malakíng kalumbayan at parang waláng sariling loób na sumandíg sa uupán at malungkót na minalas ang sikat n̄g araw.

Sandalí pa ring tumakbó ang tren, bago untí-untíng humihinà hanggang sa bigláng tumigil.

—¡Balingkahoy!—ang sigaw n̄g isáng kawaní.

Si Pedro ay bumabá at ang kanya mang namáng kasakáy na may daláng ilang maleta at m̄ga balutan.

Nagtatakip silim na. Sa nilunsarang himpilan ay waláng nakita na isá man lamang kakilala. Naglakad na lamang nang pagpatunģo sa nayong kinatitirhan nģ kanyang ali.

Gaya rin nang nakita sa paglalakbay sa tren, ang ayos at anyó nģ mģa lansanģan sa Balingkahoy ay hindi nagbago. Iyon at iyon din. At patí nģ isáng tarangkahang may balantok pa mandin na natatapos sa isáng kurus ay naroon at nakatayó pa bagama't may malaking pinagkalumáan.

Nang mapatapat sa matandá nang libiģan nģ bayan, ay tumigil. Sandaling nagulik-ulik at nasok. Gumájabi na palibhasà ay bihirà ang taong naglalakád at dahil dito'y waláng nakápansín sa ginawá ni Pedro.

Sa isáng tabí nģ líbiģan, doón sa paanán nģ isáng matayog na aguhò, nakabaón ang kanyáng mģa magulang. Doón silá nagpapahinģaláy nģ magpasawaláng hanggán.

Si Pedro ay magalang na lumapit sa poók na itó, sandaling nagmalas at mayámayá'y nápaluhod. Mataimtím na idinalanģin sa May-Kapal ang kaluluwá nģ kanyáng mģa magulang at pabulóng na inahinģing tawad sa mģa pinagkautanģan nģ buhay, ang paghihiganting tinatangká laban kay Don Hasinto.

—Buhat diyán sa bayang payapà ay igawad ninyó sa akin ang maagap na pagpapatawad—ang kanyáng ibinulóng. Malinis ang aking budhi

at dí pinamumugaran n̄g maitím na adhiká. Sa paghihigantí kong gágawin ay inuudyukán akó n̄g lumuluhàng matwíd na inapí, dinustâ at hinamak n̄g isáng tampalasan. Sa n̄galan n̄gâ n̄g matuwid ay isinusumpâ kong magbabayad sa aking-kamay ang tampalasan—at pagkasabi nitó'y matagál na nápatun̄gó, pikít ang m̄ga matá at tila nagkukurò n̄g mataós.

Nang makaraán ang iláng sandalí ay pinukaw siyá n̄g malungkót na kahól n̄g isáng aso. Malamíg na simoy n̄g amihan ang buhat sa silangana'y nagpapagaláw sa nangagtun̄góng dahon n̄g aguhò.

Si Pedro ay nagtindig. Pinaspás ang tuhod at tumin̄gín sa langít. Sa dakong sikatán n̄g araw ay untiunting umaahon ang isáng kaaya-ayang talà, parang isáng babaing magandá na nagbaban̄gon sa kanyáng hihigáng gintó.

Panatag ang loób at tahimik ang isipan n̄g si Pedro ay lumabás. Parang naisbán ang kanyáng dibdíb sa isáng mabigát na dálahin. At payapàng ipinagpatuloy ang kanyáng lakad.

Malayôlayô pa rin ang kaniláng nayon at ang hakbáng ay dinalasdalasan n̄g kauntí.

Hindí n̄ga namán nagtagál at nanasok sa kaniláng tarangkahan. Pagkádinig sa kanyáng tawag; ang kanyáng matandáng áli ay napaluksó halos sa kagalakan.

—Pedro! — ang masayang sabulong — kailan ka pa?

—Nğayóng hapon po lamang—ang sagót nğ binatà na sabay halik sa kamay nğ áli.

Masok ka at ikaw ay magbihis. Ikaw marahil ay nagugutom at ihahandâ ko ang ating hapunan.

At ang matandâ ay napatunģo sa labás na nakararamdam nğ bagong siglá sa kanyang katawán. Pinagayos na mabuti ang kaunting ulam niya, kinuha sa pugad ang bagong mģa itlog, gumatang nğ bigás na bago at pinaningasan ang dadalawang kalan sa isáng dapugang sirá-sirá na.

Samantalàng nagkakakahog sa labás ang matandâ, si Pedro namán ay nag-aayos nğ kanyang mģa daladalahan sa loob. Isáng tinghoy ang tanging tanglaw niya sa ginágawá.

Ibinukod muna ang kanyang mģa damit, bago ang kaunting pasalubong sa kanyang ali, at kahulihuliha'y ang isáng maliít na balaraw.

Ang damit ay isinaulí sa dati, ang mģa pasalubong ay inilagay sa isang maliit na papag, nğuni't ang balaraw ay itinagò.

At bago pa isinukbit ay hinugot muna sa kaluban, tiningnáng mabuti, at sandalíng pinanood ang pagkislap nğ matalas niyáng talím.

—Labas na Pedro at taýo'y maghapunan—ang anyaya nğ matandâ nğ matagaltagalán.

Si Pedro namán ay dí pinagdálawahang tawag. At iláng sandalí pagkatapos ay magkaharap sa isáng dí kalakihang dulang ang mag-ali.

—Ako'y may dalá riyang mğa pasalubong sa inyo.

—Siya nğâ ba?—ang nagagalak na salitâ nğ kausap.

—Nariyan po at dala ko. Isáng sinelas na pangsimbá, isáng pangarawaraw at sakâ ilán pang kasangkapan.

—Anóng dami namán, dí naubos na lahat ang natipon mo.

—Hindí rin po, at nagkasakit man akóng matagál ay nakapagimpók din nang sukat kong maialay sa inyó. Pagkakain natin, ay iuulat kong lahat ang aking natipon.

At ang hapunan nilá'y natapos.

Nalulugód si Pedro, sapagkâ't dinatnán ang kanyáng ali na malakás pa rin at waláng sakit.

Ang matandâ namá'y nagagalák din dahilán sa maligayang pagsapit nğ pamangkín na waláng anománg sakunâ. At ang lalò pa niyáng ikinagagalák ay ang dí pag-iibá nğ kabaitan ni Pedro. Iyóng pagsulitan siyá nğ boóng kinita sa Maynilà, ay katunayan nang pagkamabuting anak ni Pedro, na magalanğín at marunong magbigáy sa nátuturang magulang.

Nang matapos ang lahat ay sinabi ni Pedrong ibig niyá'y manaog, nğuni't pinagbigyán ang ipinahayag na pagtanggí nğ aling minamahal, at dí na nğâ namán nagpatuloy.

Matagátagál na rin siláng nag-uusap ay hindí pa nábabanggít ang bagay na pagkatapos nang

natutungkól sa mabuting tayô n̄g kanyáng ali; ay siyáng pinakamimithing mabatíd ni Pedro. Ang bagay na itó ay hinggil kay Lusía.

Napag-usapan na nilá ang ibá't-ibáng pinagkakitaan ni Pedro sa Maynilà, patí nang pagkakaalis nitó sa unang pinapasukan, naibalitá na n̄g binatà sa kanyáng ali ang m̄ga kagandahang loób ni Dimas na kanyáng katoto, n̄guni't ang nangyayari kay Lusía ay hindi man lamang nátukoy n̄g kanyáng ali.

Kung sa bagay ay halos sa dakong itó pilit na binabatak ni Pedro ang anó mang salitáan niláng búksán. Palagìng ang panghulí niyáng tanóng ay kung waláng máibalitá sa kanyá na mahalagáng pangyayari sa Balingkahoy.

N̄guni't kunwá ay hindi náririníg n̄g kanyáng ali ang ganitóng m̄ga pagtatanóng at si Pedro ay palagìng nabibigô sa kanyáng m̄ga pagnanais.

Hanggáng sa nang dí na makapagbatá ay tiyakang tinukoy ang ibig niyáng usisain.

—Paano kayâ n̄gayón ang dapat kong gawín? ang kanyáng tanóng.

—Anó pa kungdi ang limutin mo siyá, pagká't hindi nátutong magpakalinis sa inyóng salitaan.

At noón di'y sinabi nang lahat sa kanyáng pamangkin ang ibig ipahayag.

Tinukoy na rin lamang nitó ang bagay kay Lusía na hindi na sana ibig unngkatín ay dí na napigilan ang dilá.

At sa kanyá namáng isinulat sa pamangkin,

noóng itó ay na sa Maynilà pa ay maraming naidagdág na mġa balibalitá pa rin tungkól sa nangyari.

Ang masasabing may kasalanan nġ lahát ay ang mġa magulang nġa ni Lusía, at itó man namán. Siláng tatló ay parapara nġang nabulagan sa salapí, napadalá sa tagintíng nġ pilak, at dí na pinahalagahán ang kailán má'y dí mahahalagaháng puri sa pagkatao.

Nakaririmarim na kaugalian! Parang sa buhay na itó ay walá nang dapat unahin kundi ang pilak. Kayá nġa sa pagkasuklám niyá sa mag-anak ay dí na tulóy silá nagbabatí.

At ang pag-aakaláng ganitó ay hindi kanyá lamang sarili. Ang lahát halos sa Balingkahoy ay may gayón ding pananalig, kayá kung nang dati'y tinitingalá ang mag-anak ni Dupil, nġayón ay daíg pa nilá ang basahang pamunas.

Tunay nġa at si tandáng Goryo mulá nang mapaghalatá nġ lahát ang katayúan ni Lusía, ay nalís na sa pagkakatiwalá ni Don Hasinto. At nababalitá pang galít na galít daw sa tumampalasan sa kanyáng anak. Nġuni't napakadaling gawín kailan man ang pagkukunwart, kayá sino má'y dí maniwala sa ipinananabing pagkaapi raw niyá.

At tinapos nġ matandá sa paghikayat kay Pedro na limutin na nġa si Lusía.

Sa Balingkahoy namán at sa kanyáng mġa nayon, ay maraming dalaga, mġa bulaklák na

sariwà sa tangkáy, na maáaring paglingkurán. Hindí nḡa lamang mḡa kágandahang paris nḡ kaniláng pinanuyúan sa Dapdap, nḡuni't ang gandá kung minsán ay talagáng alibughá, at marupók. Pangit man at mabuti at mapagkakatiwalàan ay dumadaíg sa magandáng hilakô.

Aanhín ang sarong gintô kung ang lamán namán ay dugó? Ang kasabiháng itó ay dí dapat limutin ni Pedro kailan man, sapagká't nagtuturò nang katotohanang hindí lahát nḡ kumikináng ay mabuting bató.

Ang mḡa pagpapaaalala nḡ kanyang ali ay natapos, at naglagak sa pusò ni Pedro nḡ isáng kalumbayang hindí ugali.

¿Alín ang kanyang paniniwalàan sa nagkakalabang mḡa balitang itó?

Kung ang sábihanan ang pakikinggan niya, si Lusía ay dí karapatdapat kahit sa kapiyanḡót na kandili. Malakí pa namán ang kanyang pananalig sa sintang dí malimutlimutan.

Nḡuni't sinasabing walá raw agos na dí may pinagmumuláng batis, at sápilitang may kadahilanan ang mḡa bulungbulungang iyon nḡ tao laban sa maganak.

At mataós na pinagkurò kung anó nḡa kayá ang mḡa kadahilanang itó.

Bago tupdin ang kanyang isinumpá sa haráp nḡ libíng nḡ mḡa magulang, ay ibig na huwag papanḡinigín ang kanyang kamáy nḡ kahit bahid na pag-aalinlanḡan.

XVI.

Sa mataós na pagkukurò ni Pedro ay si Lusía rin ang nagtagumpay.

Itó ang lumabás na malinis, may katwiran at dí nagtaksíl sa kanya. Sa Maynilà pa man ay ganitó na rin ang kanyang paniniwalà.

At ang kapaniwalàng itó'y pinatibay pang lalò nḡ pagkakasumanḡan nḡ mḡa balità.

Ang pagtiwalag ni tandâḡ Goryo kay Don Hasinto, gayong siyá ay nakikinabang nḡ malákí sa mayamang binatà ay totoóng makahulugán. Kung totoóng kinusà nḡ matandá ang pagkapahamak ni Lusía, ay dí na kákailanḡaning lumayô kay Don Hasinto. Ang kagalitan nḡâ ay maáarḡng pagpapakunwarí lamang, nḡuni't ang pagtatakwil sa pinagkakabuhayan, paris nḡ ginawâ ni tandâḡ Goryo, ay dí na máipalalagay na gayon.

Kailanma'y masakít iluwâ ang na sa bibig na. Ang kanin kayâ nailuluwâ ay kung mainit at nakapapasò.

Hindî sasalang napapasò si tandâng Goryo sa pagkaing iyon kayâ tinanggihán. Bihirà ang nag-papatiwakal n̄g walâng sanhi, at dahil dito'y may dapat siyáng liwanagin: ang tunay na kataturán n̄g gayong inanyô n̄g matandâ.

At minarapat na ito'y kausapin. Bakit siyá namán ay walâ pang nadidinig kundí ang m̄ga sabisabihan lamang, at ang mag-anak, lalò pa ang kanyang sintá, ay hindî nakakapanayam.

May pangdamdam din namán siyá na sukat ihalatâ at ang nayarì n̄gâ sa loob ay ang aka-làng magsadyâ nang hayagan sa bahay ni tandâng Goryo.

Hinintáy na gumabí at nagbihis,

Sa nayon n̄g Dapdap siya napatun̄go. Nang mápalapit sa bahay na kanyáng sadyâ ay sandalíng napahintô sa paglakad.

Tila may m̄ga pag-aalinlan̄gan pa rin na pá-minsanang nagpaulikulik sa kanyáng loób. N̄guni't alangán namáng umurong at yamang naroón na rin lamang ay dapat magtulóy.

Patatao na sana, datapwá't biglâng nagbago ang kanyáng akalà. Ang mabuti ay si Lusía muna ang kausapin.

Oo, si Lusía na muna kabì't anó ang mang-yari—at hindî ang hagdanan n̄g bahay na p-panhikan ang tinun̄go.

Dahan dahan, patiyád ang m̄ga paá na nag-lagós sa may pinakaharapán n̄g bahay, lumigid sa likurán nitó at bago tumapát sa batalán. Ang

kutóg n̄g kanyáng loób ay dí n̄gâ nagkamali. Naroon si Lusía at naglulutò.

Sa paandáp-andáp na liwanag n̄g iginagatong na kahoy, ay násinag ang iniirrog n̄g mahigít sa buhay. Sa pananabík, sa kabiglaanan at sa dagling pagkalimot sa kanyáng m̄ga kasakitang akibat, ay muntí nang maibulalás ang tawag na: Lusía.

At sa dí pagkakantututo nang gagawin, ay nakátuntong n̄g isáng sangáng tuyo sa lupa na lumagitik sa pagkabañi. Si Lusía ay nápalin̄gon tuloy.

Mayámayá ay sa apoy na pàdiládilà tumi-n̄gin, at si Pedro namán na untíunting nagkakaloob, ay lumapitlapít pa.

—Para akóng magnanakaw nitó n̄gayón ay walá namáng nanakawin—ang salitáng tila ibinubuhay pang lalò sa kanyang loob. At halos nápadikit na lamang sa salá na siyáng pinakadinding n̄g batalán.

Nagkapanahon tuloy ang binatà na pagmalas-malasing mabuti si Lusía. Itó ay payát kay sa dati, ang pamumurok na katutubo n̄g kanyang pisn̄gí ay tila namamaalam, at ang noó ay nanglinaw. N̄guni't ang m̄ga matá ay iyón din, ang binalantok na kilay ay dí nagbabago at ang bibig sa kaayaayang pagkakatikom ay para rin n̄g dati na nan̄gan̄gàkò n̄g matatamis na n̄giti.

Ang dí na máipagpakakailá ay ang kalagayan ní Lusía. Gayong nakalupagì ay náhaha-

latá rin, at si Pedro ay dinayo n̄ malakin awà, sa kahabághabág na babaing kanyang s nisintá nang labis.

—Lusia!—ang marahan niyáng tawag.

—Susmaresep—ang pagitláng salitá n̄ baba at umanyong titindig.

—Huwag kang magulat, si Pedro akó—ang iniagap na sabi n̄ binatà.

Ang dalaga ay di nakahuma. Nawalán ka n̄ ulirat at natagaltagalán din bago pinagsa ulan n̄ loob.

—Lusia—ang ulit n̄ binatà—ipatawad mo ang kapanǵahasan kong itó. Ako'y kagabi pa du mating.

Si Pedro ka n̄ ba?—ang may sindak pang tanóng n̄ binibini.

—Ako n̄ at di iba. Ibig ko'y magkausá tayó mamayá kung tahimik na ang iyóng n̄ magulang—at sa pagsasalitá nito'y lumantad sa liwanag si Pedro.

Bigláng natubigan ang binibini. Sa pagkasin dák ay kahihiyan ang humalili, at nápatung na ang luhà ay tumulò.

—Babalik akó mamayá kung iyong pahintulot. Maghihintay akó sa tapát n̄ durunǵawan. Huwag na di ka dumunǵaw mamayá—at si Pedro ay lumayó na.

Kayá gayon ay naramdamang may taong pa labás. Si Lusia namán ay nagtindíg, pinahid ang luhà sa matá at kunwá'y naghugas n̄ bibig.

Hindî na lumabás sa lansanġan si Pedro. Pagkublí na lamang sa isáng sulok nġ looban doon hinintay na mapatahimik ang mġa tao itaás.

Kanyang inaasahang si Lusia ay durunġaw. Itó ay waláng pagsala. Kahî't nahuhulàan niya ang nġ mġa sandalíng iyon ang binibini ay dî mapanatag at ayaw patahimikin nġ dibdib niyang sumisikdó. Itó nġa namán ang nangyari. Hindî dahil sa natatakot makipanayam kay Pedro. Nálalaman niyang itó ay dî gagawá nġ kawí sa katampatan, at bahid man ay walâ siya sa kaugaliang ganid ni Don Hasinto. Kung tututirín pa nġa ay halos kinasásabikán niyá ang isáng pagkakataóng paris nito upáng maipalitan ang lahat nang nangyari. Walâ siyang pagkakailá na kahî't kaliítliitang libim gaya ng naman nġ dî pagkakailá sa kanyang sulat. Ang nakapipigil lamang at ipinagaalinlangang pagbigay loob kay Pedro, ay ang malaking bahihiyán.

Walâ na siyang mukhá na sukat ipakiharáp sa binatà. Ang dapat niyang gawín, kung masusunod lamang ay huwag nang pakita kay Pedro.

At kayâ ganito'y dahilan sa nag-aalála siyang huwag paniwalaan ni Pedro sa lahat nġ kanyang sasabihin.

Nġuni't ang ganitó namá'y tila pagaalinlangan sa maranġál na pusò ni Pedro at sa kaugaliang itóng malinis. Sa isáng sabi ay tila pagkuku-

lang tiwalà sa talagá namáng katapatang loób.

Nakapaghapunan na silá, at ang kanyá namáng mġa magulang ay nangagpapahingaláy. Buksán dili ang durungawán. Parang sinisigwá ang kanyáng dibdíb at alangáng sumunód alangán namáng sumuwáy.

Kaikailán ma'y hindi siyá nagdanas nġ gayóng pakikipagbaka sa mġa pag-aalinlangán. Ngunit sa wakás ay nanaig din ang pag-ibig kay Pedro, na nálaman niyáng naghihintáy sa tapát nang durungawan. Marahil ang kanyág irog ay naiinip na, marahil ibinubuyó na siyá nġ masamâng hinalà, at si Lusía ay dí nakapagtiís.

Dahandahang lumapit sa durungawán. Sumilip muna, at nákitang si Pedro ay naroon, at ang nakalapat na durungawá'y hinawi.

—Pedro—ang kanyáng tawag.

—Salamat sa iyó at akó'y iyóng pinagbigyang loob. Mġa sandalí itô na dapat kong samantalahin apáng hingán kitá nġ mġa paliwanag pa sa nangyari. ¡Lusía, ang lahat nang pag-asa'y yumao na sa akin!

Pagiyák na lamang ang nárinig ni Pedro.

—Sabihin mo sa akín ang lahat—ang ulit nitó.

At ang binibini ay hindi namán tumanggi—Sinimulán ang pagsasaad nġ malungkot niyáng kapalaran. Sa bawá't sandalí'y isinasalit ang mġa himutok at buntong hiningá na nagpapatotoó sa kanyang hinagpis na tinataglay.

Hangga't lumalawig ang paglalahad nġ kato-

tohanan ni Lusìa, ay lalòng nalulubos ang paniniwalá ni Pedro sa pagkatampalasan ni Don Hasinto.

Halos na sa sulat ngâ Lusìa ang kanyang náririnig ngayon datapwá't may iláng bagay pa na nakakailá at siya pa namáng paláng mahalagá.

Iyón palá ay hindí lamang katampalasanang matatawag kundí tunay na kawalânghiyáan ni Don Hasinto.

—Hindí ko siyá pinagpakitaan ng kahì't anóng sanhí upang gawín sa akin ang kanyang ginawá. Itó ay aking máisusumpâ sa iyó sa ngalan ng Diyós kahì't aking ipagkasala. Kayâ ngâ ba nagpuputók na palagì ang aking dibdib. Anó mang pagkukurò ang gawín ko ay nahuhulog sa katotohanang ako ay minatá ni Don Hasinto, at ang una-una niyang ipinanġahás ay ang aking kahinàan. Anó ngâ ba namán ang magagawâ ng isáng mahinà sa isáng malakás? ¡Walá kung hindí magahís!

—At ang iyóng amá, walá nang nagawâ?—ang tila may pagtatakáng paklí ni Pedro.

—¡Ay Pedro!—ang malungkot na tugón ng dalaga—ang aking amá ay nakáisip maghiganti. Muntí nang ipahanap sa dulo nang kanyang iták ang pusòng waláng dangal ng tampalasang si Don Hasinto, nguni't napagpaalalahanan ng aking iná at napigil ang kanyang akalá. Kung makikita mo ngayon si atang ay maaawà ka.

Parang kandilang nauupos, tila tinghoy na natutuyán. nã langís. Untiunting hinihila nã hukay ang kanyang katawán. Sa aking akalà ay pinapatay siya nã samà nã loob at nã pagdaramdam sa nangyari.

—Kahabaghabag na matandâ—ang sabi ni Pedro—Nguni't ang mğa pagdaramdam ay sa gawâ sana dapat ipakita. Kung hindi ay mami-mihasa ang mğa nagsisilupig sa katwiran.

—Huwag mong ikagagalit Pedro, datapwâ't aking nadinig kay inang ang sabing kung ibig daw mabuhay ay magasal patay.

—Kasabihán ngâ ang ganyan, nguni't atin din namán iyong sawikaing: dagok sa dagok at ngipin sa ngipin.

—May katwiran ka Pedro, nguni't anó ang gagawin. Palad ko yatà ang pagkamalan nã lahat sa aking mğa niloloob, Kung ako'y lalaki...—at ang ibig sabihí'y hindi náipatuloy.

—Akin nang napag-aabot ang ibig mong sabihin. Ngayóng mákilala ko kung sino ang may kasalanan ay bahalà na.

—Kamíng mag-anak Pedro ang nagkasala, kayâ akó'y iyóng patawarin—ang náipaklí agád nã dalaga.

—Hindi kitá mapatatawad Lusia.

—iPedro!

—Sapagká't walâ kang kasalanan aking irog. At ang iyó mang mğa magulang ay gayón din. Mahihinà ngâ namán silá at ang kakalabani'y

malakás! Sa ganáng akin, kayó at akó ay papararang inapí nã isáng tampalasan.

Si Lusia ay dí nakaimík. Sa kanyáng puso man namán ay mulíng naglatang ang pagkapoót kay Don Hasinto. Kung sa bagay ang amá nã sanggól na kanyáng daládaláng may ilán nang buwan, ay dapat sanang mapamahál kahì't bahagyâ sa kanyáng loób. Nãuni't nãalan lamang ni Don Hasinto ay ipinagsisikláb na nã kanyáng dibdib. At sa katunayan nã sandaling iyón ay muntí nang mabuká sa bibíg ang pagamukí kay Pedro na si Don Hasinto ay parusahan. Pinigilan lamang nã pag-aalaala sa mnga mangyayari sa hulí. Ang binatâ ay nagpapaalam na sa kanyá.

—At kailán ka dadalaw dini sa amin?

—Sakâ na—ang malumbáy na tugón nã binatâ—ang pagpapaalam kong itó sa iyó'y sa matagátagál na mnga araw.

—¿At aalís ka bá?

—May paparunan akóng malayò, nãuni't babalitaan din kitá, at sakâ mo na málalaman ang niloloób ko hinggil sa típanan natin. Ipagpapauhá ko na nãyón pa na kitá'y dí nalilimutan: sa ganáng akin ay patuloy rin ang dating matibay kong pagsintá.

—Nãuni't akó ay hindí na karapatdapat nãyón sa iyóng paggiliw. Isá lamang akóng sawing palad... isáng apiapihan.

—Dahil ngâ riyán kayâ kitá sinisintá ng ma-
higít sa datí. Makapananalig ka.

—Gayón palá ay bakit lilisanin mo akó?

Si Pedro ay hindí na tumugón, бага ma't
noón din ang mġa kamáy nila ay nagkalapat
sa isáng pagpapaalamang malungkót. Kapwà
silá dí nangakapagsalitá. Paano'y nilulunod sila
ng malaking dalamhati.

Makasandalí pagkatapos ang nakabukás na
durungawa'y napalapat na paris ng dati at sa
madilim na lansanġa'y nag-iisang lumalakad si
Pedro.

Siya ay dahandahan, tila hindí namán nagma-
madalí. Bagkus napapatigil pa ngâng madalás
at tila may iniisip na isang malakíng bagay.

—Kung gayón palá—ang náisaloob—ay totoó
ngâ at dí na mapag-aalinlanġanang si Don Ha-
sinto lamang ang dapat sisihin. Ako namán
ang bahalâ ngayón.

Hindí ngâ nagkakamalí ang kanyang mġa hi-
nuhá sa Maynilà pa lamang. Kung ngayón ay
walá nang makahahadlang na kahit anó sa
kanyang inaakalàng paghiginganti.

Halos kinasasabikán na ang mġa sandalíng
ipagkakaharáp niláng dalawá ni Don Hasinto.

At sinalat ang sukbit na balaraw.

Palibhasà'y yari nang talagá sa loob ang
gagawín, ay maanong ipinanindig man lamang
ng kanyang balahibo ang alaalang isáng buhay
ang uutangin.

Lalòng masamá ang magpatawad. Na sa pagpapabayà ang ipinamimihasa, at ang m̄ga gawáng masamá kailan ma'y hindi dapat pausbunġín.

Makikita rin ni Don Hasinto, kung ang taong mababà'y paanong maghiganti.

Noong gahasàin si Lusìa ay nananġan sa kanyang lakás at sa kanyang salapí. Nġayón namán ay waláng kakalasagin si Pedro kung hindi ang banal na katwirang huwag ipaapí ang pagkatao.

Sinásabi nġáng ang buhay ay sa buhay lamang na inutang náibabayad. Totoó. Nġuni't ang ginawá ni Don Hasinto ay hindi lamang pagutang nġ buhay na masasabi, kung hindi pagpatay sa matwid, na lalòng nakapanġingilabot na kasalanan at karapatdapat sa isáng mabigat na parusa.

Marahil hindi ganitó ang kapaniwalaán nġ lahat, datapwá't hindi namán máipagkakailáng talaga na marami sa m̄ga kapaniwaláan nġayón ang sa kalumaa'y dapat nang mabago.

Halimbawà ang m̄ga kadahilanang nigil sa ama ni Lusìa upáng ang pagpaparusa sa tampalasan ay iurong.

Ayon sa kanyang nahiwatigan, ay nápaudlot si tándang Goryo, sapagká't inalala ang kanyang kahirapan. At saká nanġapít sa salawikaíng ang ibig mabuhay ay mag-asal patáy.

Ang lagay palá ay kailanġang limutin ang

pagkatao, ipalagay na ang isipan ay walang halagá, aring kalakal ang puri at ang dangál ay bayaang mayurak. Kung gayón palá mabuhay lamang, kahit apí at sahol ay huwag nang kumibô.

Dadami ngá ang mga Don Hasinto. Uusbong ngá ng malagô ang katampalasanan.

Datapwát si tandang Goryo namán ay di niya masisi ng gaano. Ang matandá ay walang kasalanan kung hindi man nababatid sakali na ang katungkulan ng isang nadudustá ay ang humanap ng katwiran.

At saká kung pásusuriin ay dapat niyang ipagpasalamat ang nangyari. Sa ganitó'y magkakapuri siyá ngayón na sa kanyang kamáy magbayad si Don Hasinto.

Sapagká't kay Pedro ay malaking kapurihan ang maturang siya ang umutás kay Don Hasinto. Kayá ganitó'y dahil sa paniniwalang hindi si Don Hasinto ang kanyang susugpûin kung hindi ang kasamán. Kayá panatag na panatag ang pusò ng binatà.

At sa katunayan ngá'y hindi ang paghiliganting gagawin, kung hindi ang pagkahabag kay Lusia ang halos di ikinápikit magdamag.

Kinábukasan ay lalò pa manding nagtibay sa loob ang tinatangká at ang hinaráp ay ang ilán pang pagsisiyasat na kanyang kailangan.

Sa mga pagtatanóng na ginawá ay nabatid na si Don Hasinto palá gabígabí halos ay nag-sasadyá sa kombento.

Siyá raw palá ay totoóng mabuting kaibigan n̄g kura, kayá bihirà ang gabíng isinasala n̄g pagdalaw rito.

Sa makatwíd ay may pagkakataón na siyáng masasamantalá.

Kanyáng áabanġán ang ganid sa kinagabihán n̄g araw na iyón at kung magkatagpô silá'y mangyari ang talagáng násusulat.

Waláng sukat ipanġimi ang kanyáng kamáy. Siyá'y waláng gagawín kung dí tupdín ang kanyáng katungkulan, at ang nakatutupád sa tungkól, ang palagì n̄gáng salitâ ni Dimas, ay hindi nagkakasala.

Maanong gumabí na!

At ganitó ang kanyáng dalanġin sapagká't ang m̄ga kasalanang sumisigáw sa langit ay humihinġi n̄g mádaliang parusa.

Kayá n̄gâ ba naisumpâ sa haráp n̄g libing n̄g kanyáng m̄ga magulang na mangyari ang mangyayari ay magbabayad sa kamáy niyá ang tampalasan. At ang sandaling ikatutupád n̄g ganitó ay nálalalapít na.

• ¡Kay laking kaligayahan!

Kung pakiramdama'y para siyáng naáanġát sa lupà, tila pinapagkakapakpak n̄g kasiyaháng loob.

—Ang mamatáy ay dí kailanġan kung dahil sa isáng bagay na dakilà—ang tila náririnig niyáng m̄ga salitâ ni Dimas. At ang kanyang gagawí'y hindi ba dakilà?

Nagdaan ang maghapon sa ganáp na pananabik ni Pedro na dumating na ngá 'sana ang gabí.

Kayâ nang untiunti nang lumalatag ang dilím ay gayon na lamang ang kagalakan ng kanyang pusò. Parang may kasayahang dadaluhán, at waláng maalamang gawin sa pagkatuwâ.

Kinuha tuloy ang kanyang balaraw at tiningnan. Makinis din, nangingintab at matalas na hipang buhók.

Ngáyón mababatid ni Don Hasinto ang bigát ng kanyang kasalanang ginawâ.

—Kung masamá ang magnakaw sa isáng mayaman, ay lalòng masamá na isáng mayaman ang magnakaw sa mahirap. At ang ninakaw niyá sa akin ay ang tangì ko pa namáng kayamanan sa buhay na itó.

At pagkasabi ng ganitó'y nanaog na tinungò ang pook na pag-aabangán.

Madilím na madilím ngá namán ang gabí.



XVII

Hindí siyá nainíp na gaano. Isá lamang sigarilyo ang nahihitít at nakatanaw na n̄g dumá-rating.

Si Don Hasinto na n̄ga kayá iyon? Sa kadi-limán n̄g gabi ay dí niya mapagwarì kung ang kanya na n̄gáng inaaban̄gán ang nápapalapít.

Samantala ay dí man lamang nababago ang tibók n̄g kanyang pusò. Patuloy sa mapaya-pàng paggaláw.

Halos limang dipa na lamang ang layò sa kanya n̄g taong lumálakad. Nang mápalapit pa mandin n̄g kauntí, ay nakilalang si Don Hasinto n̄gá palá.

Biglá siyáng pinagdimlan n̄g paningín, at kung dí nakapagpigil ay náitarak na sana n̄g waláng kasalísalitâ ang hawak na balaraw sa dibdib n̄g kanyang kinapopootán. N̄guni't ang katutubò niyáng dangal ay tumutol at si Don Hasinto ay kinausap.

—Don Hasinto!—ang kanyang sabi—magan-dang gabi pô.

—Magandang gabi pô naman, sino kayó?—
ang tugóng tilá nabiglá nṅ naharang sa pag-
lakad.

—Isa pong naniningil nṅ inyong mṅa utang.

—Akó, akó ang nagkakautang?— áng tanóng
na pasigáw halos nṅ binatà—akó? Ulól ka yatà!—
at pagkasabi nang ganito'y idinukot ang kamay
sa bulsa.

—Opo, kayo ay may-utang. At sa nṅalan ni
Lusia sa nayon nṅ Dapdap ay magbayad kayó
nṅayon.

—At sino ka ba?

—Si Pedro!

—Ikáw palá at nakapanṅahás kang humaráp
sa iyóng panginoon upang siya'y upasalain?
Walánghiyá, waláng tuto, pagbayaran mo ang
iyóng ginawá!—at sabáy sa mṅa salitáng itó
na itinuón kay Pedro ang kanyang rebolber.

Nṅuni't maliksing natampál ni Pedro ang na-
nṅanṅatál na kamay nṅ binatà at noón di'y iti-
narak na waláng kapakupakundangán sa dibdib
nitó ang taban niyang balaraw.

Isáng putók ang nárinig. Sumunod ditó'y isang
lagabog na tila sa tinibang pinutol na biglá,
sabáy sa isáng malumbay na: inakú!

Malubhá ang sugat ni Don Hasinto na nápa-
timbuwáng sa lupá.

Sandalíng minalas ni Pedro ang katawáng
dugúdugúan nṅ binatà, bago nápatitig sa langít
na ang sabi:



— Ang sking ginawa ay di maipatatawad ng tao. . . .

(Dahong 273).—LARAWAN NI JORGE PINEDA.

—Ang aking ginawâ ay di maipatatawad ng tao, nguni't ang Diyos na nakaalam ng lahat ay siya nang bahalâ!—at noon di'y lumayô na biglâng nawalâ sa nagnngingitngit na dilim ng gabí.

Dalawáng oras pagkatapos si Don Hasinto ay naghihingalô na. Nguni't nasabi naman sa mga sumaklolo sa kanya ng unang sandali kung sino ang sumugat.

Ang maringal niyang hihigán ay nalilibid ng mga punong bayan sa Balingkahoy, ng hukóm at nang kura. Nároon din ang albularyong gumamot kay Lusia na nag-ubos man ng kalahatlahatan niyang dunong ay waláng magawâ.

Sa malaking bahay ay siksikan ang tao. Halos pawang mga kasamá ng binatâ na dumaló roón upang alamín ang katayuan nitó.

Mayroón nang hindi pa man ay nahihinayang sa papanaw na panginoóng napakagandang loob na lubhá. Si Igé ang lalóng nagdaramdam ng taós sa pusó. Halos ipaghampasan ang katawán at yao't dito na waláng itinátanong kung di kung náhuli na si Pedro. Kanya raw lamang susurutin itó sa mukhá.

At mumurahin pa buhat sa ulo hanggang paá. Oo ngá! Kanyang lalaitin ang walánghiyáng si Pedro, ang kumitil sa buhay ng mabait na panginoón.

Ang akalâ pa namán nilá si Pedro ay di man lamang makabasag pinggan. Iyon pala'y

hindi at walá mang kibô ay nasa loob ang kulô, at panggagaling sa Maynilà ay kung anó ang náisipan.

Maanong si Pedro ay tamàan nang hanġin at nang mapisanan sana. Mawawalán na rin lamang siya nġ panginoón ay magkaramayramay na nġang lahat. Makikitulong siya sa nagsisihanap kay Pedro, at kung itó'y kanilang matagpuan ay hihingin niya, na ipagutáy lamang sa kanya ang mġa lamán nġ walánghiyá at duwag na iyón.

Siyá nġa palá. Itó ang mabuti at hindi ang maghinagpis na lamang sa bawát sandalí na parang babai. At ang inakalà ay gagawin nġa sana, datapwát noon di'y narinig ang nagkasabáysabáy na: ipatáy na! nġ mġa nasasaloob.

Daig pa ni Igê ang nasilihan. Bigláng tumindig at parang isáng ulol na tinunġo ang hihigang kinálalagyan nġ bangkay ni Don Hasinto.

Nġuni't hindi siyá pinapasok nġ mġa na sa pintô.

—Kay laking kasawian nitó—ang sabi nġ kura. Parang nawalán ang Balingkahoy nġ isáng matibay na haligi.

—Siya nġa po—ang sabi nġ hukom. Ang taong itó ay nápakabuti na walá nang máisusurot sa kanya ang sino man.

At hindi sa kabutihan lamang kayá dapat damdamín ang kanyáng pagkasawí kung di da-

hil sa kanyang mġa inaakalà na totoóng kapuri-puri. Ang kanyáng mġa panukalà, na madalás ibalità sa akin ay sumasaklów nġ totoóng malawak.

—Sayang kung gayón—ang paklí nġ punong-bayan na nakihalò sa pag-uusap nġ dalawá,

At ang pagsasalitáan nilá'y nápatunġo pagkatapos sa gagawíng libíng. Inihandóg nġ kura ang kanyáng makákaya at ang lahát nang mġa kasangkapan sa simbahan. Ang punòng-bayan namá'y nagsabi na ang máitutulong niyá ay ang pagpapahuling madalí kay Pedro, at ang hukóm ay ang pagtapos na madalí sa mġa unang paglilitis na kailanġan.

May isáng nagtanóng kung dapat magpasabi sa Maynilà, sa pinakakatiwalà ni Don Hasinto upáng máipagbigáy alám nitó ang nangyari sa mġa kaibigan nġ nasirà. Ang kura rin ang nanġakò na iyón ay kanyá nang gagawin.

Sa ibáng mġa lupunan ang nápag-uusapan ay ibá namáng mġa bagay. Ang unang nakádalo nġ marinig ang putók ay siyáng nagbabalità sa lahat nang kanyang nákita.

Umuusok pa raw yatà ang bibig nġ rebolber nang siya'y lumapit. Nakitang si Don Hasinto ay nakadapá at sapol nġ kaliwáng kamay ang malalim na sugat sa tapat nġ pusò.

Sa tulong nġ iba pang nagsidaló ay kani-lang itinihayà ang sawíng palad at pinagyamang isinandig sa isáng malapit na bató, at

sa gayong anyô hinintay ang pagdating ng mga may kapangyarihan.

Si Don Hasinto ay nakapikit, hindi makapagsalitâ. Sa liwanag nang iláng ilaw na dala ng mga hulíng nagsilapit ay nákita ng lahat ang bumubuluwak na dugô....

—iSusmaresep!—ang may pagkatakot na salitâ ng iláng babaing dóroon.

—Mayâmayâ—ang patuloy ng nagbabalitâ—ay dumating na kasama ng kura ang mga may kapangyarihan at ipinag-utos nang buhatin ang may sugat at dalhín dito.

—At kay Pedro, walâ bang nakákitang sino man?—ang tanóng ng isá sa mga kaharap,

—Ang sabi ng aywan kung sinong dumulog na kasunod ko lamang ay nakita raw niyang patunģo sa may dakong libinģan.

—Hindi ko namán masabi kung siya ngá iyón—ang paklí ng isáng naróon din.

—At ikáw palá ang nagsabi sa amin?

—Oo, akó ngá, at ang nangyari'y ganitó. Nang maulinigan kong may alingģasnģas sa lansanģan ay dalídalí akóng nanaog at sa paglakad ay may nasalubong akó na isáng taong hindi namán nagmamadalí bagamá't palingģos-linģos. Sa may libinģan nakita kong pumatunģo.

—Ay bakit hindi mo siniño?—ang tanóng ng isáng babai.

—Sisunuhin ko itóng lumalakad din namán siyang paris ko.

—Ay anó, si Pedro ngâ kayâ iyón?

—Aywán natin.

—Anó namán kayâ ang dahilán at nakaisip siyá ng gayón?

—Ikáw palá namán. Dahilán kay Lusía!

—O at bakit. Ang lagáy ba'y si Don Hasinto ang may kasalanan ng nangyari kay Lusía. Mayroón ba namáng manók na umayáw sa palay?

—Siyá ngâ namán—ang nagkapanabáy na sagót ng dalawá katao sa nagkakalipon.

—At sakâ kung talagá bang sahól si Lusía, ay anó't ibá pa ang maghihigantí. Pingkáw ba namán ang kanyáng amá? Kayá't hindi itó kumibô ay sapagká't kaibigán na nilá ang nangyari.

—Iyan ang totoó.

—Bakâ ngâ, anó?

—At ayaw pa yatà itong maniwalà sa akin.

Sasagot pa sana ang naunang nagsalitâ nguni't lahat sila'y napipi sa pagdating ng isáng pulís na ibig makipagkita sa punong bayan.

Ito namán ay lumabás at maligvanag na nárinig ang ganitóng salitaan.

—Nahuli na po ang nakasugat na si Pedro.

—Siya ngâ ba? Salamat kung gayon. Saan ninyo nákita?

—Sa loob po ng libinģan; sa paanán ng malaking aguhò.

—Hindi ba lumaban?

—Hindi po naman at kusang isinukò ang kanyang balaraw.

—Piitin ninyo at palagyan n̄g dalawang bantay ang pintô n̄g kulun̄gan. Huwag ninyong ipakakausap kahi't kangino.

Ang balitang ito'y kumalat sa loob n̄g bahay at ang kura ang káunaunahang nakápagpasalamat sa Diyos, dahil sa dí binayaan nito na ang masamáng gawâ ay huwag máparusahan.

Sa samantala ang m̄ga kasamá ay waláng násasabi, kung dí talaga raw hindi nagkakabulâ ang pamahiing: kung pataob nabuwal ang nasugatan, ang nakasugat ay hindi makalalayô.

Sa katotohana'y naroon si Pedro. Gayong dapat makatakbo ay sa loob lamang n̄g libiñgan nahuli.

—Ang akalâ yata n̄g ulól ay dí na siyá masusundán doón—ang patuyang sabi ni Igê. Kung akó lamang ang makapangyayari ay pahihirapan ko siya n̄g katakottakot—i Tampalasan sa mabuting tao!

Hanggang sa lumalim ang gabí ay iyón ang nápag-uusapan nang maraming nakipaglamay. Ang kura na tulóy ang siyang nan̄gasiwà n̄g lahat. Hindi namán alangáng magkaganitó dahil sa nang nabubuhay pa si Don Hasinto ay talagáng matalik niyang kaibigan. At sa katunaya'y patun̄go sa kombento n̄g sugatan ni Pedro.

Hindi niya ugali ang manghimasok sa dí nasasakupan, datapuwa't kung siyá ang hukóm ay waláng salang dí kamatayan ang kanyang ihahatol kay Pedro.

Ang pag-utang n̄g buhay kailan man ay isáng kagagawáng hindi pinagpapalà. Siyá, sa pagkaping kinatawán n̄g isáng nangaral n̄g pag-iibigan n̄g lahat, ay makapagpapatawad pa marahil, n̄guni't sa pagkatao, at taong dumaramdam na gaya n̄g ibá, ay hindi.

At patawarin siyá n̄g Diyos kundí man nakapaghuhunos pa sa m̄ga damdaming ganitó. At ang mabaít na kura ay nakapagpatungkol tuloy n̄g isáng mataós na dalangin sa kaluluwa n̄g kaibigang yumao.

Hari na n̄gáng itó ay mapa sa piling n̄g Dakilang Lumikhá; gaya nang nababagay sa m̄ga marapat pagpalaing tulad ni Don Hasinto.

Huwag mang sabihin sa kanya, ang kaluluwa n̄g katotong mahal ay pag-uukulan n̄g isáng misa. Walang nakalulugod sa matá n̄g Panginoón kung hindi ang dalangin lamang. Kayá isáng kamaliang malaki ang paglibak na ginagawá sa dalangin, n̄g m̄ga nagsasabing may malalayà silang isipan sa pananampalataya. Ang isipang malayà ay dí naáaring gamitin sa pananampalataya: itó ay násasalig sa ilang tuntunin na kapag siyang pinagalinlanganan ay ikinabulid n̄g kaluluwa sa apóy na walang katapusán. Siya n̄gá, sa apóy na walang hangga.

Sa abá n̄g m̄ga suwail, sa abá n̄g m̄ga bingí sa tawag n̄g pananampalataya! Ang kaharian n̄g langit ay para sa m̄ga banal lamang. At banal iyóng napasasakop sa m̄gá utos n̄g sim-

bahan: sa labás ng bakurang itó ay walâ nang kaligtasan pa. *

Mabuti na lamang at ang mahál niyang kaibigan, ay namatáy sa loób ng bakurang itó. Kapalaran din namáng malakí ang pagkakapangyaring siya, ang mahal na kura sa Balingkahoy, ay doroon hanggang sa m̄ga hulíng sandalí. Kung nagkataong walâ ay sino ang makaá-alalang dasalín kahi't ang sumasampalataya sa piling ng naghihinḡalô?

Walang pagsala na si Don Hasinto ay patatawarin ng Diyos, hindi gaya ni Pedro na parurusahan na ng m̄ga hukuman ng tao ay parurusahan pa rin sa hukuman doon sa itaás. At ang kura ay nagpatuloy sa kanyang m̄ga pagkukuròkurò.

Nang m̄ga sandaling iyón namán si Pedro ay nakaupò sa isáng tabí ng kanyang piitan.

Sa loób ngâ ng libiḡan siyá náhuli. Sapagká't ang tinunḡo matapos sugatan si Don Hasinto ay ang báunang kinálalagyan ng kanyang m̄ga magulang. Doo'y dumalanḡin siyang sandalí at mulíng isinumpá ang matapang na pagtitiís sa ano mang sasapitin.

—Ang kasiyáháng loob ko ay ganáp na ganáp ngayón. Nápatay ko ang masamá at natupad ko ang aking katungkulan—ang sabi at tuminag ng kauntí sa pagkakaupò.

Ang lalò niyang ikinatutuwâ ay ang di man lamang panginḡinḡ ng kamay noóng saksakin

si Don Hasinto. At natutuwa siya, sapagkát ang gayon ay nagpapatotoóng siya ay itinulak hindi ng simbuyó lamang ng loob kung di ng tapát na hatol ng matwid.

Kanyang nababatíd na isáng marawal na kapalaran ang sasapitin. Nguni't ang ganitó ay hindi kailangan.

Itó'y matagál na niyáng nalalaman. Tinatangká pa lamang ang natupád na paghigantí, ay pinagkuròkurò na ang labát. At sa katunayan ay hindi na ipagtataká man lamang kung kinabukasán halimbawà ay ipatalastás sa kanyá na siyá ay bibitayin.

At parang waláng dapat alalahanin na nápasandál at natulog.

Natagátagalán din sa gayóng pagkatahimik, hanggáng sa pinukaw ng isáng malakás na hangulgól nang iyák sa dakong labás ng piitan.

Sa bahagyá ng mariníg na salitán ng nangasalabás, ay náunawaang ang uniiyák ay ang kanyáng ali.

Ang matandá ay sumugod hanggáng sa piitan, pagkabalitang nakukulóng ang pamangkín. Nguni't ayaw patuluyín ng mga nagbabantáy.

Kaniláng sinabi na bawal kausapin ang bi langgô, at ang mahigpít na tadhanang itó ng punong bayan ay di maáring salansangín.

Si Pedro ay nahabág sa kanyáng matandang ali. Itó na lamang ang pinakamalapít niyáng

kamag-anak na nátitirá at nálalamang nagma-mahál sa kanyá n̄g tapát.

Nais n̄gá sanang mákausap upáng aliwin man lamang n̄guni't ayaw ang m̄ga nagtatanod at walá siyáng magawá.

Kinabukasan ang unang n̄giti n̄g araw ay sumaksí sa malaking kalungkutan n̄g marami sa Balingkahoy.

—Patáy si Don Hasinto!—ang sabihanan n̄g lahat.

At ang kamatayang itó ay ipinagpipighati n̄g di iisa katao. Ang suliraning iniisip n̄g ilan ay kung sino kayá ang magmamana n̄g malalawak na lupaín ni Don Hasinto. Biglá halos ang kanyáng pagkamatáy at di man lamáng nakapaghabilin.

N̄guni't ang karamihan ay may ibáng iniisip: ang magiging kapalaran ni Pedro.

Marami ang sa kaibigáng makatalós n̄g bagong m̄ga balitá tungkol sa nangyari ay nagsipagtanóng sa m̄ga nagbantay kay Pedro, kung anó ang nákita nilang inaanyô nito.

At n̄g mapagalamang si Pedro palá, malayòng magpakita ng kalungkutan ay nákatulog pa n̄g mahimbing ay hindi iisá ang napataka at nagsabing baká kung anó ang nangyayari sa binatá.

—Baká namán siyá'y nauulól—ang paalala n̄g ibá.

N̄guni't isinúsumpá n̄g m̄ga nagbantay na hindi ang anyô ni Pedro ang sa isáng nauulól. Itó

ay tahimik, payapang payapà at di man lamang kahalatan n̄g bahagyang pagkatakot.

Nang magiika 10 n̄g umaga ay kumalat ang balitang si Pedro ay umamin sa kanyang kasalanan. At sinarili pa ang pananagót. Kayá siya ay ipadadala raw na madali sa m̄ga may karapatang humatol.

At nang mag-iika 12 n̄g tanghali ay nabalitang may dumating na isang sadyang tren. Lulan daw nitó ang maraming m̄ga kaibigan ni Don Hasinto na makikipaglibing. At sa magkakasama'y pinagtatakhan n̄g lahat dahil sa kagandahang walang kaparis ang isang babai na putos na putós n̄g luksá.

—Sino ang babaing iyan?—ang tanungan n̄g isá't isá. N̄guni't ang lahat nama'y napaáaywan.

May ilán n̄gang m̄ga pangahás na naghinalang baká kung anó n̄g nasirà ang magandang dumating. Datapwá't sa paghinala na lamang silá nagkakasiya.

N̄g magdadapit hapon ay nábalitá pa manding ang tinurang babai ay hinimatáy n̄g makita ang bangkáy ni Don Hasinto.

—Naghimatáy. At bakit kayá?—at ilang nakapagtanong n̄g ganitó sa sarili ang nangápangití na lamang.

At ugali palibhasà, noón din halos, ay nabatid na n̄g marami ang pangalan n̄g babaing iyón kung anó.

—Lusila palá ang pangalan!

At isá sa m̄ga m̄ginoó sa Balingkahoy ang nagbulóng sa kanyáng katabí sa upó, na ang magandá raw paláng iyón ay kálunyâ ni Don Hasinto.

—Kayâ palá hinimatáy—ang sagót n̄g binulun̄gán. Magandá n̄gá namán at kaakitakit. Patí n̄g kura ay tingín nang tingín—ang dugtóng pang tila may ipinapapansín sa kanyáng kausap.

—Abá at tila n̄gá nawiwili ang kura natin. Nápakalakás n̄gá namán ang babai!

At hindi n̄gá silá nagkakamali. Ang kura ay nalulugod sa di karaniwang dilág ni Lusila. N̄guni't hindi atas n̄g kalupàan ang pagkalugód na itó, kungdi paghan̄gà sa darakilàng Lumikhâ na nakagawá n̄g gayong napakaayos na kagan-dahan. Marunong n̄gá namán ang Diyós!

At sa paggugunitâ n̄g kura sa m̄ga taling-hagàng napapangyayari lamang n̄g Diyós ay munti nang di m̄pansin na ang m̄ga sandali ay nagdaraán. Mabuti't may nagpaalala sa kanya, na tila oras nang dapat ilibíng ang bangkay.

—Siya n̄gá palá—at tumindíg sa pagkakaupó.

Hindi natagalán at ang maringal na kabaong galing Maynilà na kinalalagyan n̄g bangkay ni Don Hasinto ay dahandahang inilalakad na patun̄go sa libin̄gan.

Nagawá ang laháat nang dapat gawin sa sim-bahan. Lahát nang d̄ngal, ang laháat nang garà ay iniubos na n̄g kura.

Ang sabihanan ngâ kaikailan man daw ay dí pa nakákikita ng gayóng libíng sa Balingkahoy. At ang nakapagsabi ng ganitó'y mġa mata-tandáng úbanin na marami nang naínom na tubig.

Sa likod ng bangkay ay nagdidilim ang taong kasama. Masasabing boong Balinkahoy ang nároon.

Matangì lamang ang mag-anak ni tandáng. Goryong Dupil na pagkabalitâ sa nangyari ay nangaglapat na mahigpit ng kaniláng pintó at mġa bintanâ.

Ang lalóng ikinaiiba ng libíng na itó ay ang dalóng taga Maynilâ. Karamiha'y mġa mayayaman na sumama sa paghahatid ng bangkay hanggang sa hulíng tahanan.

Lahat nang nagsiakbay ay kinálalarawanan sa mukhá ng malaking lungkot. Nguni't higit pa mandin ang pagdaramdam ni Lusía, sapagká't para siyang nilubugán ng araw.

Tunay at ang kagandahan niya'y máipagpasukò pa rin kahi't sa mġa pusóng maramot, nguni't makataggpò pa kayâ ng bukás na palad na gaya nang nasirâ? At sa pag-aalala ng ganitó'y hindi tuloy napigilan ang luhâ.

Malakí rin namán ang kalumbayan ni Igé, at ang sanhi'y itó: walâ na siyang lilim na másisilunġan. Tapos na ang kanyang mġa layaw at ginhawa!

At ang kura, ay nalulungkot din. Kayâ ga-

nitó'y dahil sa náuligan niyá sa bahay ng patáy, na itó raw pala ay may talagá nang mġa habilin noóng nabubuhay pa. Isá niyáng kaibigan di umano ang nagtatagò ng kasulatan. At ang naliwanagan ng kura'y walá paláng itinatakdâ na anománg halagá si Don Hasinto para sa Simbahan ng Balingkahoy!

Itó ay isáng pagkalimot na hindi dapat mangyari. Ang Simbahan sa Balingkahoy ay ibig sana niyáng palakhán at pagandahín! At saká talagá namáng ang Simbahan ay siyáng dapat máuna sa lahat. Náutos na dito ipagkaloob ang kaunaunahang ani, magíng sa halaman, magíng sa hayop at saká ang bawát ikasampung bahagi ng mġa pag-aari.

Huwag magpahamak ang mġa ayaw maniwala, na aríng birò ang katotohanang itó. Ang sandaigdig ay arí ng Diyós, ayon sa Génesis, at arí niyáng lahat ang nilalamán ng lupá. Dahil dito si Kain at si Abel, si Abraham, si Isaak at si Hakkob, ay nagsipag-alay sa Panginoon. Bukod sa sinasabi ni S. Lukas, sa mġa kasulatan, na ang mġa binyagan noong araw ay nagbibili ng kaniláng mġa lupá at bahay at ang mġa pinagbibilhán sa ganitó ay iniaalay na lahat sa Simbahan.

Ang mġa katotohanang ito ay hindi mapupwing at hindi na namán mapapawì sapagká't násusulat.

Kayá si Don Hasinto ay nagkamali sa di

pag-uukol n̄g kahi't anó sa Simbahan n̄g Balingkahoy. N̄guni't anó ang gagawin, tumatandá ang panahón at nababago ang m̄ga kaugalian. At sa sukal n̄g loob n̄g kura ay nahingi tuloy sa Diyos na maawain ang pagpaparusa sa masasamá.

Samantalang ganitó ang paglalakará'y patuloy. Nátatapat na ang bangkay sa pámunuang bayan. Mulá sa kinákukulunḡán ni Pedro ay, may natanaw na isáng bahagi n̄g daan. Kayâ ang libíng ay kanyang nápanood.

Parang tinudlá n̄g isáng mahayap na busog ang kanyang pusò, sa kasakitang dinanas. Hindi niya inakalàng gayon karami ang makikilibing.

Ang kahulugán n̄g ganitóng pagdaramdám n̄g lahát ay poót sa pagkakapatáy niyá kay Don Hasinto, at ang nagdaramdám ay ang kanyáng bayang sarili, ang pinakagigiliw na bayan ni Lusía, ang boóng Balingkahoy. N̄guni't ang bayang iyón ay dī niyá masisisi. Paano'y hindi niyá kilalá kung anó at sino si Don Hasinto!

Nagunitá tulóy iyóng m̄ga tulá ni Baltazar na sinásabisabíng palagi ni Dimas:

Kaliluhá't sama ang ulo'y nagtayo
at ang kabaita'y kimi't nakayuko
santong katwira'y lugami at hapo
ang luha na lamang ang pinatutulo.

At hindi kinukusa'y luhàng mapapaít ang bu-

malong sa kanyáng m̄ga matá. Noón lamang namighatí n̄g n̄pakaigting si Pedro!

Kalahating oras pagkatapos, at sabáy sa pag-sibsib n̄g araw, ay ibinabaón sa lupà ang sa buháy na itó'y tinawag na si Hasinto Soares at Karigara.



XVIII.

Dalawáng taóng singkad ang nagdaán.

Sa pagitan n̄ mahabâhabâ rin namang panahóng itó, ay iláng mahahalagáng bagay ang nangyari sa Baling-kahoy.

Si Lusía ay nanganak n̄ isáng lalaking kaayaaya na pinangnanlan n̄ Pedro.

Ang ali ni Pedro ay binawian na n̄ buhay. Nagpapahingá na sa malungkot na libingán n̄ Balingkahoy. Hindí niya natagalán ang umabot na sakuná sa pamangking pinakamamahal.

Isáng maulap na umaga nang maglakbay sa himpapawid ang kanyang kaluluwa, upáng hanapin sa kalanġitáng mahiwagà ang sinapupunan n̄ Diyos.

Si Lusía man namán ay naulila rin. Ang kanyáng amá, pagkatapos n̄ matagal na pagkaka-sakít, ay yumao at tinunġo ang payapàng bayan n̄ mġa patáy.

Gabi namán at kulimlim ang buwan nang ang kahulihulihang tibok n̄ hiningá ni Goryong Dupil

ay mápasabay sa malungkot na kahól n̄g isáng áso. Waláng náipagbilin kay Lusía kung hindi ang pagpapakabait at sa asawang giliw ay isáng táwag lamang na malungkot ang nagíng pahimakás.

Si Lusila namán, ang magandáng kalunyâ ni Don Hasinto, pagkatapos linisin sa isáng taimtim na pangũngumpisal ang makasalanan niyáng kaluluwa, ay nakipagisángpalad sa isáng mánãngalagal na mahahapay na lamang.

At ang tatlóng talà n̄g m̄ga Perez ay patuloy pa rin sa pagdaraos n̄g m̄ga sayawan na inilalakíng lalò n̄g kanilang pangalan sa nagsisihangngàng m̄ga kakilala.

Ang m̄ga dating kasamá ni Don Hasinto ay patuloy sa kaniláng buhay tahimik, at si Igê, ang bukod-tangíng nagluksâ sa panginoon n̄g may amin na buwan halos, ay napahilig namán sa paglalasíng.

N̄guni't isáng araw, ang boóng Balingkahoy, pati na n̄g kurang nagíng masasaktin pagká't tumatandâ, ay nagulumihanan sa isáng balitang natanggap.

Binitay na si Pedro!—ang sabihanan n̄g isá't isá.

At iláng tagá Balingkahoy, karamiha'y m̄ga matatandâ, ang sa pagkaalám n̄g ganitó'y nangakapagsabing: ang masasamá ay sa masamá rin natatapos.

Si Lusía ay nakabalitâ rin n̄g nangyari. Kayâ

mulìng nabuhay sa kanyáng dibdìb ang m̄ga dating kasakitan, ang m̄ga dáting pagpipighatì. At ang pagkahabág kay Pedro ay gayón na lamang. Bakit mulá noóng gabíng madilím na magkápaliwanagán silá, ay hindi na nagkita ulì kailán man.

Iyón ang káhulihulihan niláng pag-uusap. Noón ay sinabi ni Pedrong siyá ay may pa-parunang malayò. Tinupád ang kanyáng salitá at nápakalayò ang pinarunan.

N̄guni't nangakò rin namáng magpapabalitá muna. At siya ay sadyáng hindi malilimutín sa pangakò, bagama't ang pabalitang itó ay hindi pa niyá natatanggap.

Ang tangìng nahiwatigan, n̄guni't itó ay matagál na, tungkól sa usapín ni Pedro, ay ang pag-amin nitó sa nápapalamán sa sakdál. At dí pa nagkasya sa gayón, kung dí ipinahayag pa ring pinatáy niyá si Don Hasinto n̄g kusàng loób, pagkatapos isipin, at pagkatapos timbangíng mabuti ang kabigatán n̄g gagawing pagpatáy. Kayá ang hatol ay kamatayan din namán n̄g hukóm na lumitis.

Datapwá't nábalitá nina Lusìa na ang hatol na ito'y ipinadala sa lalòng mataás na hukuman, at ang hindi na niyá nalaman pagkatapos ay kung pinagtibay ó hindi.

At n̄gayó'y kumalat na lamang ang balitang si Pedro ay binitay!

Sa makatwid, siyá, si Lusìa, ay walá nang

maásahan. Tapós na sa kanya ang kaligayahan, at sa hináharáp ay madilim na gabi ang kanyang tatahakin. Ang tangì pa namáng nagpapatibay sa kanyang m̄ga pag-asa ang siyáng yumao! Pagkalungkot-lungkot na kapalaran n̄g kanyang sinapit!

At nálabi sa masakláp na pagpipighatì sa dī maulatang m̄ga sakit n̄g loob, na pinapag-ibayo pa mandin n̄g isáng liham niyáng natanggap na kinápapalamnan n̄g ganitó:

“Pagtupad sa m̄ga bilin n̄g isang patay itóng pagsulat ko n̄gayón sa inyo. Si Pedro, ang kulangpalad ninyong sininta at pinakamamahalko namáng katoto, ay binitay n̄g araw na itó. Kapagbabaón lamang n̄gayón sa kanyang bangkay.

Hindí na kailan̄gang sabihin ko pa ang kadahilanan n̄g kanyang ikinapahamak. Kayó at saká siya ang tanging nakaáalam. Higit kay sa aking nakatapatang loob man n̄g nasawí ay waláng nalalaman kung hindí ang pagsisintahan lamang ninyong wagás at dī nagmaliw muntí man.

N̄guni't ang hatol n̄g tao ay talagáng nagkakamaling madalás, at walâ mang ginawâ si Pedro kung hindí sugpûin ang kasamán, ay ipinalagay na nagkasala at pinarusahang bitayin. Utos palibhasà ay natupad at kaninang ika 10 n̄g umaga ay umáakyat siya sa bibitayan.

Bihirà n̄gâ namán ang m̄ga paris ni Pedro.

Nakanġiti pang tumitig sa akin, bago nilagyan nġ kulubóng sa mukhá, at ang pagkakanġiti niyang iyon ay siya kong náikita nġayón saan man dako. Parang hindi bibitayán ang kinátatayúan niya kung hindi dulang nġ isáng masaganàng pigíng. Maanong kinahalatan man lamang nġ kaunting pamumutlá. Ang dating kulay sa loob nġ kapilya nġ kami'y nag-uusap ay siyá ring kulay nang lumalabás na nalilibid nġ maraming kawal na barilán. Maanong nagbago man lamang ang lakad.

At ang taong itó na hindi nagdamdám takot kahit na sa bibíg na lamang nġ kamatayan, ay siyáng nagbilin sa akin nġ natutungkól sa inyo.

Isulat mo kay Lusia—ang kanyáng sabi—na huwag daramdamín ang kamatayan ko. Mamamatáy akó sapagká't tumupád sa aking katungkulan: itó ang aking ipinagkasala.

Sabihin mo rin, na ang pag-asang magiging lugód niyá ang dí ko pagpapabayà, ay nagbigáy sa akin nġ kailangang lakás nġ loób. Hangáng sa huling sandali ay matututo akóng magpakamarapat sa aking sarili.

Isá niyáng nġiti ang tangġing gantġng-palà na mithi kong mátamo kung akó'y patáy na. Ang luhà ay dí ko mámabutihin, pagká't ang iniiyakan lamang ay yaóng namamatáy nġ wáláng nagágawá.

Nang itarak ko sa dibdib ni Don Hasinto ang aking balaraw—ang iyong sabihin—ay siya, si

Lusia, ang aking nagugunitá at sa huling sandali ko nang itó ngayón ay siya rin ang nagugunitá ko at idinádalanging magkapalad nawá ng maginhawa sa hináharap na mġa araw.

Sabihin mo rin na pakakamahalin sana ang kaniyang anák. Ako man ang pumatáy sa amá ng batang itó, ay mahal namán sa aking loob. Ngayóng walá siyang mágigisnang amá. ay sa kanyang ina mapapabuhos na lahat ang kanyang pagmamahal. At dahil dito kung kayá ko siya iniibig.

Iyo rin namáng ipahiwatig sa aking sinisinta—ang kanya pang dugtong—na ang kahulihulihan at maalab kong adhiká ay mákita isáng araw na siyá ay maligaya at walang bahid-dungis sa magandang noó. Mamámatay akóng naliligaya sapagká't sa hináharáp ay walá nang mġa Don Hasinto na mangangahás pa sa kaniyang kahinàan. At ipagpaalam mo akó hanggáng sa kabilang buhay.

Iyan po ang mġa bilin ng sawingpalad kong katoto.

Kanyang náisalaysay sa akin ang ginawá ni Don Hasinto kung anó, at ang katotohana'y dapat at katwirang gawin ang ginawá ni Pedro.

Mġa tao ngá lamang ang makapagpaparusa sa aking kaibigan!

Ang kanyang ginawá ay nápapalabas sa mġa karaniwang mangyari kayá hindi mawawatasan agad. Ang mararangal na adhikang nagbuyó

sa kanya ay nakakailá nğayon at makakailá pa hangga't hindi naáalis ang piríng sa mara-ming matá.

Nğuni't kayo at saká akó, ang tangìng nakáuunawà sa kadakilàan nğ ginawá ni Pedro, at katungkulan nating pakámahalin ang kanyang alaala, ariing yaman ang pakita niyang halimbawà, at tuntuning dî mapagpapahamakan ang kanyang mğa habilin.

Sa ganang akin ay máipahahayag nğayón, na ang nğâ pagkaaping paris nğ inyóng titiís ay nagpapatibay na lalò sa aking pag-asa.

¡Ang aking pag-asa! Isáng isá lamang at ganitó ma'y hindi pa matupád. Nğuni't may kapanahunang ding ang katwiran ay siyang maghahari.

Sa samantala'y tanggapín ninyó iginagalang na binibini, ang tapát kong pakikiramay sa inyóng mğa dalamhati, at sa maipaglilingkód ko nğayón at kailán man ay inihahandóg ang aking makakaya.

Sinasabing ang pagtitiís ay kabaitan, at idinurugtóng ko na ang pag-asa ay nagbibigáy lakás. ¿Bákit dî natin áasahan na pagkatapos nğ sigwáng itó ay sisikat namán ang araw?

Pag-utusan, pô.

DIMAS ILAW.

Nang mabasa ni Lusia ang liham na itó ay

parang binayó sa dibdib. At napahagulgol nã iyak.

Nasaklaw na biglá sa isáng tingin lamang ang kalakhan ni Pedro.

Sa ganáng kanya itó'y hindi karaniwang tao lamang. Si Pedro ay isáng taong dakilà.

—Nauubos ang mabubuti at nalalabi ang masasamá—ang kanyang naisaisip.

At dalawáng taón mang nábabaon na sa lupa si Don Hasinto, ay kanyáng násumpá uli.

Isáng araw, ang boong Balingkahoy ay naligalig sa pagdating nã isáng tao na nagkakalat nã bagong m̃ga aral: Siya'y galing Maynilà at sa babay ni Lusìa nanuluyan.

Sa kanyang idinaraos na m̃ga papulong ay marami ang nakakayag makinig. Ang pananalitâ niya'y parang apóy na tumutugnaw sa iláng m̃ga bulók na kaugalian, samantalang nagiging tanglaw namán sa isipan nã m̃ga nakikinig.

Ang sabihana'y kinatawán siya nã isáng malaking kapisanan na nag-uusig nã paghahari nã kapatiran, nã pagkakapantay pantay at nã kalayàan.

Marami ang nápapataka sa kanyang m̃ga aral.

Labat nã namá'y kanyang ibig baguhin; ang pananampalataya, ang pamamayan, ang labát na.

Sa kanyang m̃ga pañgañgaral ay hindi nagpa-pakundangān: ang masamá ay hináhagkis at ang mabuti ay itinátanghal.

Kung sa ipaghaharì ñg matwid—ang kanyang sabi—ay kailangāng puhunanin ang buhay, libo man ay masayá ninyong ipagkaloob, sapagká't ang katauha'y nañgañgailañgan pa ñg m̃ga banyani upāng pátuluyang matubós.

Dapat ninyong ibigin ñg higit sa sarili ang mabubuting tao, pagpalāin at ipagtanggol ang mahihinà at kabakahin naman, ñg walāng pagtatanim sa loob, ang m̃ga masasamá.

Ang lakás at katalinuhang ipinangaapi ay puhunang hindi ipinagtutubò, at ang lakás naman at katalinuhang ipinaáapí ay pangparami ñg m̃ga alipin.

Sa pagmamahal sa puri at paggalang sa matwid nátatausan ang buhay, samantalang sa paglabag sa ganitong tuntunin ay kamatayan lamang ang mátatamo.

Walá nang nápakabuting patnubay sa ginagawâ at infisip kung dí ang malinis na budhí.

Kapag isang api ang ipagtatanggol gaano mang puhunan ay dí dapat panghinayaġan: la-lòng masamá, pagká't kaduwagan, kung ang mapangapi'y bayaang makapagpatuloy sa malíng ginágawâ.

Ang paggawâ ñg magaling sa ibá, ay isa ring paglilingkod sa sarili.

Madalás na ang kamatayan ay hindi kamatayan.

Ang katotohana'y sa hukay nagsisimulâ ang tunay na kabuhayan.

Ang kasalukuyang pagpapalagay sa kapangyarihan nᅡ Diyos ay dapat mabago: siya nᅡa ay mapagpatawad; nᅡuni't hindi nagutos na ang maliit ay kainkainin nᅡ malakí.

Ganitó rin ang masasabi sa mᅡa pamahalâan: silá'y natatayô upáng mangalagâ sa bayan hindi upang sumipsíp sa saᅡanang dugô nitó.

Ang pagpupunò ay dapat aring isáng paglingkód, hindi masagwáng kapangyarihang makapag-utos.

Walá sa pagsiil sa nangasasakupan ang inilalakás nᅡ mᅡa pamahalâan: na sa pagpapairal nᅡ matwid at pagsunod sa bayang makapangyarihan.

Walá sa mᅡa simbahan ang kaligtasan nᅡ kaluluwa, kundi na sa paggawâ nᅡ magaling.

Isáng pananampalatayang malayâ ang kailanngan nᅡ tao, hindi ang gumágamit nᅡ piríng sa mata at tabing sa isipan.

Gintô ang pawis nᅡ mahirap kayâ singpantay rin at kahalagá nᅡ gintô nᅡ mayaman. Ang pagod at ang puhunan ay dí nagkakaiba: kaya patas na pakinabang ang dapat tamuhin.

Tibayan tuwí na ang loob sa anó mang gagawin, na sa kalakhan nᅡ pananalig ang ikinasusunod sa anó mang mithí.

Umasa ka sa iyong sarili kung ibig mong magtagumpay.

Paganitóng m̄ga aral aṅg ikinakalat n̄g taong iyon na sa m̄ga unang araw pa lamang n̄g pagdating sa Balingkahoy ay nagkaroon na n̄g maraming alagad.

Pati n̄g kura ay napilitang gumamit n̄g kanyang kalakasan sa bayan upáṅg huwag makapag-ugat ang ganitong m̄ga aral na pangpaguhó sa náitayóng unti unti n̄g m̄ga banal niyang sinundan sa pagkapari.

At ang m̄ga punòṅg bayan man ay nababakla na rin, malapit tuloy makáisip n̄g pagsusuwail ang dating mababait na taga Balingkahoy.

Ang pagtirá pa ng taong itó sa bayan ay ikápapanṅanib na n̄g katahimikan ayon sa kani-láng palagay. N̄guni't sila man namán kung minsa'y nagbibigay matwid na rin sa bagong m̄ga aral na kanyang ipinupunlá.

At ang pagpupunlá namá'y waláng maliw, hindi pinagsasawaan, araw araw ay ginágawá.

Kayá paramí n̄g paramí hangga't nagtatagaḷ ang m̄ga kabig n̄g Tagapaghasik na itó n̄g Mabuting Binhí, na n̄g malauna'y nákilalang siyá palá ang si Dimas Ilaw, masipag na taliba n̄g Kalayaan, na nagmimithíṅ tipunin sa lilim n̄g fisang Bandilá ang kalahatlahatang m̄ga apí sa Sangsinukob.

Maynilá Abril 1909.





UNIVERSITY OF MICHIGAN



3 9015 05196 3216

